Nakatakdang i-demolis ngayon ang mahigit 100 na mga bahay sa panabing kalsada ng Purok 3, 4, 5 at 6 ng Barangay Exciban sa bayan ng Labo dahil sa pagpapalaki ng kalsada na bahagi ng pagpasok at pag-opereyt ng pagmimina ng MLEDC sa Barangay Dumagmang, katabing baryo ng Exciban.

Ang nasa likod ng road widening na ito ay upang bigyang daan ang maluwag na pagpasok ng mga dambuhalang makinarya ng MLEDC na ayon sa inisyal na datos ay may lapad na 12 metro ang nasabing kalsada.

Bilang pagtiyak ng kumpanya na manatiling takot at busalan ang anumang paglaban ng mamamayang apektado ng open-pit mining at ang nasabing demolisyon, nakapwesto at may kampo ngayon ang militar sa Barangay Exciban, dalawang kampo ng pulis at militar sa Barangay Dumagmang at may nakatayo rin sa Barangay Malaya, iba pa ang nakapwesto sa Bagong Silang 1 na 2nd Police Provincial Mobile Force Company (PPMFC) na ang isang platun nga nito ay nasa Sityo Nalisbitan.

Nangangamba ngayon ang mamamayang apektado ng proyekto. Ayon sa mga residente, wala umanong problema kung kailangan nilang lumipat ng bahay ngunit dapat ay magkaroon ng makatarungang bayad sa halaga ng kanilang bahay. Kung babatayan kasi sa ilang karanasan na

mga bahay na nahagip ng road widening ay binibigyan lamang ng ₱25,000 at hindi ang tunay na halaga ng isang bahay. Pwede namang ayusin ang kalsada na walang maapektuhang kabahayan.

Dati nang ipinabatid ng ACC sa masang CamNorteño na kailan man ay hindi kumontra at/o humadlang ang NPA-Camarines Norte sa kaunlaran. Ngunit ang kaunlaran ay hindi dapat pumiperwisyo sa buhay at kabuhayan ng mamamayan. Bukod dito, muli ring nililinaw ng NPA-Camarines Norte na ang mga ganitong klaseng proyekto lalot higit pag-aari ng mga pribado at dayuhang kumpanya ay hindi magsisilbi sa mamamayan kundi para magsilbi sa dayuhan at lokal na kapital.

Nananawagan ang ACC-NPA-CN sa lahat ng masang CamNorteño lalo't higit sa mga residente ng Barangay Exciban at mga karatig barangay na magkaisa at isapubliko ang inyong pagtutol sa nakaambang demolisyon at dislokasyon nang dahil sa dayuhang kumpanya. Ngayon na ang panahon upang bigkisin ang pagkakaisa ng mamamayang direkta at indirektang apektado ng malakihan at dayuhang pagmimina. Kumilos tayo upang labanan ang mapanira at mapandambong na pagmimina.

Hinahamon rin ng ACC-NPA-CN ang mga Lingkod-Bayan na ngayon ninyo patunayan na kayo ay para sa mamamayan. Tumindig kayo sa mamamayang nagluklok sa inyo sa poder na inyong pinangakuan.

Ang “bahay” ay isa mga batayan at pangunahing pangangailangan ng isang pamilya para sa kanyang masisilungan. Ganun din, isa itong materyal na ekspresyon ng isang “tahanan” na dapat na tinitiyak ng estado na tinatamasa ng bawat pamilya at hindi ipinagkakait. Ang malakihang pagmimina ay malaki din ang pinsala sa kapaligiran, kalikasan at magdudulot ng dislokasyon sa mamamayan sa paretikular na lugar, kaya dapat na labanan at tutulan.

Kamatayan sa imperyalismong US at terorismo ng Israel! Buhay, lupa at karapatan sa mga Palestino!

Nobyembre 5, 2023

Katipunan ng mga Gurong Makabayan (Kaguma)

Mariing kinokondena ng mga kasapi ng Katipunan ng mga Gurong Makabayan (Kaguma) ang terorismong ginagawa ng Israel Defense Forces (IDF) na may basbas at tulong mula sa imperyalistang US at mga kaalyadong bansa nito laban sa mga mamamayang Palestino sa Gaza. Ang henosidyong nagsimula sa pangbobomba noong ika-7 ng Oktubre na pumatay sa halos 8,000 na Palestino at mahigit sa 3,000 na mga musmos na bata ay mga karumal-dumal na krimen laban sa sangkatauhan! Hindi terorista ang mga Palestino! Ang imperyalistang US at IDF ang tunay na mga terorista lalo na ang diyos ng gyera na si Israel Prime Minster Benjamin Netanhayu.

Ang lahat ng mga makabayan at rebolusyunaryong kaguruan, edukador, at mga manggagawa sa edukasyon ay tumitindig kasama ang mga Palestino para sa kanilang makatarungang paghihimagsik para sa karapatan sa pambansang pagpapasya. Makatarungan ang maghihimagsik laban sa mga magnanakaw ng kanilang lupain, sa mga barbarong walang respeto sa buhay ng mga bata at sibilyan, at laban sa imperyalistang US na walang pakundangan na pagsuporta at pagbibigay ng armas sa Israel.

Mahigpit kaming nakikiisa sa panawagan ng mga Palestino na kagyat na itigil ang pangbobomba sa Gaza at pagkubkob sa mga istruktura at kabahayan na nagbubunsod sa pagkasawi ng mga inosenteng sibilyan. Nakikiisa kami sa panawagan na igalang ang International Humanitarian Law. Nakikiisa kami sa panawagan ng 125 kasapi ng United Nations General Assembly na nananawagan sa tigil-putukan sa Gaza para makapasok ang mga tulong medikal at iba pang rekurso sa mga Palestino. Bagama't hindi ito "binding" para sa lahat ng mga kasapi ng UN, pinakita lamang ng resulta ng botohan kung gaano katerorista ang US at Israel at mga alyadong bansa nila na tumutol dito. Ang mga tunay na terorista ay walang pakialam sa mga buhay ng mga Palestino, walang pakiramdam sa pagkakalasog-lasog ng mga katawan ng mga batang Palestino dahil sa pangbobomba.

Malaking kahihiyan din sa mamamayan ng Pilipinas ang gubyrerno nitong bumoto ng "Abstain" sa resolusyon. Ang rehimeng Marcos-

Duterte ay nagpakita lamang na ito ay maamong tuta ng imperyalistang US at kaibigan ng mga magnanakaw ng lupa tulad ni Marcos Jr at pamilya nya.

Kami ay tumitindig, kasama ang lahat ng mga progresibong Pilipino at iba pang mamamayan ng iba't ibang bansa at mga rebolusyunaryong pwersa sa lahat ng panig ng daigdig, sa kagyat na itigil ang pag-atake sa mga sibilyan at kagyat na magbigay ng tulong sa mga apektadong Palestino. Dapat singilin sa kanilang karumal-dumal na krimen ang imperyalistang US lalo na ang IDF. Hindi "defensive at just war" ang ginagawa ng Israel. Simpleng henosidyo ito at ethnic cleansing laban sa mga walang kalaban-laban na mga Palestino. Hindi mga Palestino ang nagsimula ng giyera. Ang Isarel ang magnanakaw ng lupa at ang pinakamasahol na panginoong may lupa.

Bilang mga makabayang guro, nananawagan kami sa lahat ng aming mga kasamang guro, edukador, at manggagawa sa sektor ng edukasyon na patuloy aralin ang kasaysayan ng pagnanakaw, pangangamkam ng lupa at pang-aapi sa mga Palestino ng Israel at mga imperyalista. Ituro natin ang tamang kasaysayan ng okupasyon sa kanila at kung paano naging tulay ang mga imperyalistang UK at US sa pagsasakatuparan nito. Gamitin natin itong ehemplo upang imulat sa ating mga mag-aaral at mga kapwa guro kung bakit makatarungan ang maghimagisik at lumaban para sa ating kalayaan. Walang tao o bansa ang gusto ng karahasan. Bagkus nais nating lahat ng kapayapaan. Pero kung patuloy tayong gagawing

alipin at busabos sa sarili nating lupa at bayan, ang mamatay at pumatay para sa kalayaan ng ating mga anak at mamamayan ay isang obligasyon at karapatan.

Mga kasamang guro, gawin nating batis ng inspirasyon ang mga Palestino para isulong at ipagtagumpay ang demokratikong digmang bayan! Dahil ano mang dagok sa imperyalismo at mga alyado nito sa ano mang panig ng daigdig—mula sa simpleng boykot ng kanilang mga empresa at korporasyon hanggang makapangyarihang armadong pakikibaka para sa pambansang kalayaan—ay tagumpay para sa mga masang api ng daigdig na binusabos ng terorismo ng imperyalismo ng US!

IBAGSAK ANG IMPERYALISMO!

KAMATAYAN SA CHAUBINISMO ZIONISMO NG ISRAEL!

MABUHAY ANG MGA PALESTINONG LUMALABAN SA IMPERYALISMO!

Kundenahin ang pagkakatalaga Kay Francisco Tiu Laurel bilang hepe ng Kagawaran ng Agrikultura

Nobyembre 5, 2023

Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid-Rizal

Mariin ang pagtutol ng Pambansang Katipunan ng Magbubukid (PKM)-Rizal sa pagkakatalaga kay Francisco Tiu Laurel bilang kalihim ng Kagawaran

ng Agrikultura (Department of Agriculture-DA). Hindi lingid sa kaalaman ng lahat na isa si Tiu-Laurel sa mga namuhunan sa kandidatura ni Marcos Jr. sa halagang limampung milyong piso. Dalawampung milyong piso para kanyang kampanya at tatlumpung milyong piso para sa kanyang Partido Federal ng Pilipinas.

Malinaw na ang pagbibitiw ni Marcos Jr. at pagtatalaga kay Tiu-Laurel ay panahon ng paniningil at pagbabayad sa “utang na loob”. Matapos ang lagpas isang taon ng palpak na pamumuno ni Marcos Jr. sa kagawaran ay napilitan na rin siyang magbitiw. Bukod sa kailangan na nyang bayaran ang kanyang “utang na loob”, ay dahil na rin ito sa panawagan ng mga kritiko at maging ng kanyang mga kaalyado na napapanahon ng hawakan ito ng isang full-time na pinuno dahil sa kanyang kapalpak.

Sumambulat rin sa publiko kamakailan na sa huling anim na buwan ay ni isang pulong ng DA ay walang nadaluhan ang buladas na si Marcos Jr. Kaya naman hindi nakapagtataakang naging inutil ang departamento na solusyunan ang problema ng ating mga magsasaka, ang mataas na mga produktong agrikultural sa harap ng 6.1% implasyon (Setyembre), kahirapan ng mga magsasaka at mangingisda at ang kawalan ng kasiguraduhan sa sustenidong pagkain.

Kwestyunable rin at nakababahala ang pagkakatalagang ito kay Tiu-Laurel na isang malaking burgesyia kumprador. Natural na ang pangunahing interes nito ay magkamal ng malaking tubo at protektahan ang negosyo ng

kanyang pamilya na Frabelle Fishing Corporation. Ito ay nag-eexport ng ating yamang-dagat sa iba't-ibang bahagi ng mundo sa Asya, Europa, Gitnang Silangan, Timog Aprika at Amerika. Ang yamang-dagat na ito na dapat pinakikinabangan ng ating mangingisda at mamamayan sa murang halaga ay kanilang dinarambong upang ibenta sa mga dayuhan at kumita ng limpak-limpak. Bukod dito, sangkot rin siya sa mapanirang malawakang reklamasyon sa mga baybayin at munisipal na mga erya. Dagdag pa may record din siya sa pangangamkam ng lupa dahil sa kanyang pamumuhunan sa enerhiya at pagmimina.

“Kung tunay siyang maglilingkod sa magsasaka at hindi pabalat bunga ang pagbibitiw nya bilang pangulo ng kanilang kumpanya ay nararapat lamang na talikuran na niya ang liberalisasyon at importasyon ng mga agrikultural na produkto na nagpapahirap sa ating mga magsasaka at mamamayan. Marapat din na suportahan at bigyan ng sapat na pondo ang mga magsasaka para sa lokal na produksyon. Gayunrin ang magbigay ng ayuda sa mga magsasaka na tinamaan ng kalamidad upang makaagapay sa napakataas na presyo ng mga bilinghin”, pahayag ng Pambansang Katipunan ng Magbubukid-Rizal (PKM-Rizal).

Subalit kung ipagpapatuloy lamang ang liberalisasyon at importasyon sa halip na palakasin ang sariling industriya at agrikultura ay nararapat na ngayon pa lamang ay magbitiw na siya.

Parehong walang magandang rekord si Tiu-Laurel at si Marcos Jr. sa tunay na pagseserbisyo sa mga magsasaka at mamamayan maging sa pagkabihasa sa agrikultura. Sa maagang bahagi pa lamang ng rehimeng US-Marcos II ay kinuha na niya si Tiu-Laurel sa President's Private Sector Advisory Council na ang isang tinututukan ay ang seguridad sa pagkain na nabigo nilang soulusyunan. Kaya't bakit pa magtatalaga ng isang palpak na kalihim ng DA mula sa dating palpak na pinuno?

Malinaw na wala tayong aasahan sa bagong kalihim ng agrikultura at sa rehimeng US-Marcos II. Hangga't hindi mawawakasan ang tatlong salot na Imperyalismo, Pyudalismo at Burukrata Kapitalismo na kumukubabaw sa mala-kolonyal at mala-pyudal na katangian ng ating lipunan sa pamamagitan ng Demokratikong Rebolusyong Bayan na may Sosyalistang Perspektiba ay hindi makakamit ang tunay na solusyon sa problema ng mga magsasaka sa kahirapan at kawalang ng lupa, kasiguraduhan sa pagkain, mataas na presyo ng mga produktong agrikultural, atrasadong produksyon at mga kagamitan at marami pang ibang nagpapahirap sa mga magsasaka at mangingisda.

Arnel Halum, panibagong biktima ng EJK sa Sorsogon

Nobyembre 6, 2023

**Samuel Guerrero, Spokesperson
NPA-Sorsogon (Celso Minguez Command)**

Mariing kinukundena ng rebolusyonaryong kilusan sa Sorsogon ang ekstrahudisyal na pamamaslang kay Arnel Halum kahapon, Nobyembre 5, sa pagitan ng alas 12 hanggang ala-1 ng hapon, sa Sitio Kamandag, Barangay San Pascual, Casiguran.

Si Halum, 42 taong gulang, ay isang magsasaka na residente ng Barangay San Pascual, Casiguran at naging myembro ng NPA noong 2007-2009. Matagal na siyang wala sa armadong kilusan.

Tumutulong siya sa kanyang kapatid sa pagbubunot ng niyog nang pagbabarilin siya ng di kilalang mga indibidwal. Natagpuan na lamang siya ng kanyang kapatid na patay na nang pagbalik niya sa niyugan pagkatapos umuwi upang mananghalian.

Ayon sa pamilya ng biktima, may pumunta na mga di nakikilalang “dating myembro ng NPA” na nagtatrabaho na bilang mga hitman ng AFP sa bahay ng biktima bandang alas 10 ng umaga ng parehong araw.

Ayon sa kanyang pamilya, ilang buwan nang pinipilit ng militar si Halum na “sumurender” siya sa ilalim ng E-CLIP at sumali sa grupo ng mga “rebel returnee.” Tinanggihan niya ang mga pamimilit na ito.

Nananawagan ang rebolusyonaryong kilusan at ang pamilya ng biktima ng hustisya para kay Halum.

Ang pagpaslang kay Halum ay nagpapatunay lamang na hindi ligtas sa pasismo at ekstrahudisyal na pamamaslang kahit ang matagal nang nagpahinga na mandirigma na sibilyan na ang katayuan. Para sa AFP, dalawa lamang ang pwede pagpilian ng mga dating mandirigma—ang “sumurender” sa ilalim ng E-CLIP at magpagamit sa pasismo ng AFP at PNP o kamatayan.

Gunitain ang buhay at kamatayang pakikibaka ni Jude Fernandez! Pagyabungin ang itinanim na binhi ng paglaya ng dakilang organisador ng uring manggagawa!

Nobyembre 7, 2023

**Reynaldo Sanchez, Spokesperson
Revolutionary Council of Trade Unions-
Laguna**

Naghihimagsik ang mga rebolusyonaryong manggagawa sa Laguna matapos mabalitaan ang brutal na pamamaslang ng armadong pwersa ng pasistang rehimeng US-Marcos Jr kay Jude Fernandez—isang lider-organisador ng uring proletaryo. Kailangang panagutan ng mga pasista ang kalupitang ito!

Matatandaang noong Setyembre 29 ay sinalakay ng mga berdugong PNP-CIDG-4A ang tinutuluyan ni Fernandez sa Binangonan, Rizal. Naging saksi ang mga residente na malapit sa erya sa malagim na pagpaslang ng mga buhong na pwersa ng PNP-

CIDG-4-A sa dakilang union organizer ng kilusang paggawa. Walang kahihiyang iginigiit pa ng pasistang kapulisan na “nanlaban” si Ka Jude kahit na pinapatunayan ng mga residente na walang patumangga na pinasok sa tinutuluyan niyang bahay si Ka Jude at dalawang beses na binaril. Maging sa pagkuha ng mga labi ni Fernandez ay nagpatuloy pa rin ang panggigigipit ng estado kung saan umabot sa isang linggo bago tuluyang nabawi ang mga labi ng kanyang pamilya at mga kasama.

Malaki ang naging ambag ni Kasamang Jude Fernandez sa mayabong na kasaysayan ng kilusang paggawa sa probinsya. Isa siya sa mga unang nagpunla ng pakikibaka ng buong uring manggagawa sa Laguna. Mula sa pagiging parte ng kilusang kabataan-estudyante, umalpas siya sa loob ng pamantasan at nagpasyang mag-organisa sa hanay ng mga manggagawa. Panahon ng dekada 1970 malaki ang naging papel niya sa pagtatayo ng mga pinakaunang unyon sa ilalim ng tunay, palaban, at makabayang unyonismo sa industriya ng desikadura—ang Franklin Baker at Sunripe sa bayan ng San Pablo at Sta. Maria. Sa ganun, kabilang siya sa mga unang gumuhit ng dakilang kasaysayan ng kilusang paggawa sa probinsya na magpahanggang sa ngayon ay patuloy na tumitibay at lumalakas.

Sukdulan ang kamangmangan ng reaksyunaryong estado sa pag-aakala nilang sa pagbuwal sa isang organisador ay mahihinto ang pagdaluyong ng uring proletaryo tungo sa pambansang paglaya. Sa bawat pagpaslang sa mga lider-manggagawa,

sa bawat pandudurog sa mga unyon, at sa bawat pagyurak sa mga batayang karapatan ng mga manggagawa ay mas lalo lamang dumarami ang mga manggagawang mamumulat at mapapakilos na magsusulong ng tagumpay ng Demkoratikong Rebolusyong Bayan!

Tunay na kasing bigat ng Sierra Madre ang pagkawala ni Kasamang Jude, ngunit kasama ng iba pang mga martir ng uring manggagawa, mananatili siyang buhay sa bawat mga manggagawang ipinagtatagumpay ang kilusang welga at maging sa mga manggagawang sumasampa sa kanayunan upang pagsilbihan ang digmang bayan. Mananatili at pauunlarin ng mga rebolusyonaryong manggagawa ang mga aral na iniwan ni Kasamang Jude; mula sa pag-oorganisa at pagbubuo ng unyon, paggigiit ng mga batayang karapatan, pag-igpaw sa pakikipag-tunggali sa uring kapitalista, hanggang sa paglaya ng buong uring manggagawa.

Ang kamatayan ni Kasamang Jude at lahat ng martir ng kilusang paggawa ay magsisilbing hamon sa RCTU-Laguna at sa lahat ng mga manggagawa at mamamayang Lagunense para sa walang humpay na pagpapatuloy ng kanilang sinimulang dakilang pakikibaka. Isinusumpa ng RCTU-Laguna na lalo pang paghuhusayin ang paglubog sa mga pagawaan at komunidad ng mga manggagawa, palalawakin ang pagmumulat at pagpapasanib ng mas maraming manggagawang Lagunense sa kilusang lihim ng mga rebolusyonaryong manggagawa. Taglay ang mas mataas na determinasyon ay titiyakin na

dudulo ang mga pagpupunyagi sa gawaing masa ng rebolusyonaryong manggagawa sa mas maraming pagsapi sa dakilang Partido nito—ang Partido Komunista ng Pilipinas. Buong lakas na itataguyod ng RCTU-Laguna ang Bagong Hukbong Bayan at direktang lalahok sa armadong pakikibaka sa kanayunan.

Mamamayang Lagunense, makibaka, huwag matakot! Lagutin ang lumang tanikala ng pagkaalipin!

Hustisya para kay Kasamang Jude Fernandez at sa lahat ng martir ng rebolusyon!

Panagutin ang pasistang rehimeng US-Marcos, Jr. sa patraidor na pamamaslang sa lahat ng mga rebolusyonaryo at mamamayang naninindigan para sa pagtatanggol ng kanilang mga karapatang pantao!

Isulong ang armadong pakikibaka! Sumampa sa Bagong Hukbong Bayan!

Mabuhay ang pambansa demokratikong rebolusyong bayan!

Reject the AFP fake encounter scheme and fight for Negros Island

Nobyembre 10, 2023

**Bayani Obrero, Spokesperson
NDF-Negros Island**

The Armed Forces of the Philippines' (AFP) 3rd Infantry Division is again stepping up its fake

news factory after declaring two successive fake encounters in Cauayan and Himamaylan City, Negros Occidental. As per their usual deceptive storytelling, they declared supposed “NPA casualties,” “rebels-turned-surrenderees,” “temporary encampments,” and “recovered firearms” to cover up crimes that state forces systematically committed.

According to both the Armando Sumayang Jr Command (ASJC-NPA) and the Mt. Cansermon Command (MCC-NPA), no armed encounters took place on November 7 and 8, respectively. Once again, the fascist AFP has targeted defenseless farmers in an attempt to give credence to their claim of “weakened” or “dismantled” NPA guerrilla fronts.

In the Barangay Yaoyao, Cauayan fake encounter on November 7, Warren Cadarin was earlier abducted and then butchered by the 15th IB. He was falsely tagged as NPA casualty. He was a charcoal burner from Sitio Indangawan, Barangay Manlucahoc, Sipalay City, Negros Occidental who came across 15th IB soldiers conducting combat operations in their barangay on November 4. His family approached their barangay officials to help search for him, but Barangay Tanods only found his slippers. Therefore, he was under military custody for 72 hours before he was arbitrarily killed. The other victim has not been identified yet.

Meanwhile, in the fake encounter at Sitio Pisok, Barangay Buenavista, Himamaylan City on November 8, two farmers were illegally arrested

by 94th IB soldiers. One of them was Joel Casusa, a former chairperson of Kahugpongan sang Mangunguma sa Buenavista (KMB). He was also a victim of illegal arrest in 2019 and the trumped-up charge has already been dismissed.

As of today, there have been 19 fake encounters this 2023 on Negros Island that was used to coverup 29 cases of human rights violations. Of these, 11 are extrajudicial killing cases involving 19 victims (11 farmers and eight hors de combat). Warren Cadarin is one of the most recent victims.

Aside from this bloody trail, fake encounters also whitewashed cases of indiscriminate firing, indiscriminate shelling, frustrated killing, physical assault or injury, illegal arrest, and violation of rights of hors de combat. Reactionary state forces dare to be so brutal believing that they can get away with over-used and now unbelievable encounter narratives. Fake encounters this year were declared in Himamaylan City, Kabankalan City, Moises Padilla, Isabela, Binalbagan, EB Magalona and Cauayan, in Negros Occidental and Guihulngan City, Canlaon City and Sta. Catalina in Negros Oriental.

To summarize, fake encounters are nothing but human rights violations wrapped in a duplicitous facade. Such culture of impunity and deception must be stopped.

A surge of human rights violations is expected in Southwest Negros or the CHICKS (Cauayan-Hinobaan-Ilog-Candoni-Kabankalan-Sipalay) area after the 3rd ID declared it as a focus area. The

November 7 fake encounter is but a part of a brutal scheme that the 15th and 47th IB will indubitably perform. As their illusory deadline draws to a close this December, these mercenaries will step up its brutal and terroristic acts that will endanger the lives of Negrosanons. They desperately try to justify and gloat about a victory that they will never achieve.

Additionally, the state is ramping up its attacks against communities especially in the countryside to push further imperialist and local comprador-landlord business interests.

With this, the National Democratic Front (NDF)-Negros calls on the Negrosanons, especially the people in Southwest Negros, to be vigilant against simultaneous atrocities committed by the reactionary state forces and militantly defend their communities. The NDF-Negros also urges human rights defenders, church people, civil society groups, and concerned individuals to help expose military abuses mainly against peasants, demand justice for all victims of human rights violations and call for an end of these barbaric acts of the AFP.

The ruling class is in shambles due to internal fighting and nepotism. Thus, it is of utmost importance that the oppressed and exploited people unite to fight the common enemy, the US-Marcos regime, and to overthrow a system rotten to its core, and establish a genuinely democratic and just system to achieve lasting peace.

Wala sang enkwentro sa tunga sang NPA kag 94th IB

Nobyembre 10, 2023

Dionesio Magbuelas, Spokesperson NPA-South Central Negros (Mt. Cansermon Command)

Peke kag drama lang ang ginahambal ni 94th IB Commanding Officer Lt. Col. Van Donald Almonte nga may natabo nga engkwentro sa tunga sang nasambit nga militar kag sa Mount Cansermon Command-New People's Army (MCC-NPA) sa Sityo Pisok, Barangay Buenavista, Himamaylan City, Negros Occidental sang nagligad adlaw, Nobyembre 8, pasado alas 9:00 sang aga.

Gindakop kag pilit nga gindala sang masobra 80 ka mga katapo sang 94th IB ang duha ka sibilyan nga sila Joel Casusa, 40 kapin anyos kag Jenny Radles, 50 kapin anyos, pareho nga mga mangunguma nga naga-estar sa amo nga sityo. Ginkuha sila sa ila balay sang kaagahon kag gindala sa higad suba kag didto gin-interogar, ginpahug kag gintortyur.

Halin pasado alas 8:00 sang aga nagpinalupok sang masobra isa ka oras ang mga elemento sang 94th IB sa suba (boundary sang Sityo Pisok kag Sityo Cantupa) kag ginpagwa nga kuno naka-engkwentro sila sa mga katapo sang NPA. Indi man matuod nga nakakumpiska ang militar sang mga lagba nga armas kag mga bala, kag iban pa nga kagamitan militar.

Si Casusa anay Chairman sang lokal nga asosasyon sang mga mangunguma nga Kauswagan sang mga Mangunguma sa Barangay Buenavista (KMB) samtang aktibo man nga katapo sa amo nga asosasyon si Radles. Ikaduha ka beses na ini nga gindakop si Casusa sa pareho gihapon nga rason nga ginapasibangdan nga katapo sang NPA kag ginpasakaan sang pato-pato nga mga kaso. Tuig 2019 sang una siya nga gindakop samtang nagapaligo sa ila bubon kag ginpriso ini sang masobra anum ka bulan matapos na-dismiss ang iya kaso bangud sa kakulang sang ebidensya.

Sang una pa nga natukod ang KMB, malawig na nga nagaatubang ang tanan nga myembro sang pagpangharas, pagpamahug kag pagpangtortyur panahon nga naga-operasyon ukon nagapatigayon sang Retooled Community Support program (RCSP) ang militar sa mga nabukid nga bahin sang Barangay Buenavista.

Halin Nobyembre 5 tubtob subong, padayon gihapon nga nagapanghalit ang naga-operasyon nga tropa sang 94th IB sa mga sityo sang Paloypoy, Owakan, Cantupa, Pisok kag Bulasot, tanan sakop sang Barangay Buenavista. Indi magnubo sa 150 ka tropa ang nakapakat sa subong sa amo nga mga erya.

Lubos nga ginkundenar sang Mt. Cansermon Command-New People's Army ang pagdakop sa duha ka sibilyan kag pagpresentar sa ila nga mga katapo sang NPA. Kadungan sa paglala sang sosyo-ekonomiko nga krisis nga ginaatubang kag ginaantus sang malapad nga pumuluyong mangunguma, mas ginapalala kag nangin peligro

ang ila kabuhi sa atubang sang nagasingki kag lapnagon, sustenido kag nakapokus nga mga operasyon militar sa kabukiran.

Ang mga kalakasan, brutalidad kag wala untat nga mga pagpanglapas sa tawhanon nga kinamatarung nga ginhimo sang militar amo ang dugang nagahalit kag nagaguba sa pangabuhi sang pumuluyo. Amo man ini ang mangin tunaan sang mas mataas nga porma sang pagbatok para mapangapinan ang ila pangabuhian—ang makigbahin sa armadong paghimakas.###

Kriminal nga CAA, gisilotan sang NPA!

Nobyembre 14, 2023

Cecil Estrella, Spokesperson NPA-Northern Negros (Roselyn Pelle Command)

Malampuson nga natigayon sa isa ka yunit sang Roselyn Jean Pelle Command - New People's Army (RJPC-NPA) Prenteng Gerilya sa norte nga bahin sang Negros sa pagsilot kang Eduardo Continedo Baynosa Sr. sadtong Oktubre 20, 2023 sa sentro sa banwa , sakop sang Sityo Quarry, Barangay Poblacion, Toboso, Negros Occidental.

Si Baynosa, minyo kag 56 anyos, ang anay katapo sang NPA nga madugay na nga wala sa serbisyo kag nangin kriminal batok sa pumuluyo kag traydor sa rebolusyon. Gireklamo siya sa mga pumuluyo sa pagpanglugos, kag pagpamahug. Bilang traydor sa rebolusyon, siya ang nangin giya

sa mga operasyong kombat sa AFP kag pagpangransak sa mga panimalay, pagtudlo kag pugos nga pagpasurender, kag aktibo nga nagapangita sa mga pamilya, lakip ang mga kabataan, sa mga aktibo nga Pulang hangaway.

Sa pagpatuman sa silot kamatayon kang Baynosa, narekober sa mga operatiba sa RJPC-NPA ang iya mga ID sa CAFGU Active Auxiliary (CAA), mission order kag iban nga personal nga kagamitan.

[mission-order-Eduardo-Continedo-Baynosa-Sr]

Ang amo nga pagsilot nagapakita nga ang NPA sensiro kag seryosa nga malab-ot ang hustisya sosyal kag matuod-tuod nga nag-alagad sa mga pigos.

Kinahanglan maintiendihan sang mga kriminal kag kontra-rebolusyonaryo nga magapaningil ang pumuluyo paagi sang NPA sa inyo mga krimen nga kahimuan.

Kundenahin ang paglapastangan ng 37th IB sa mga batas ng digma

Nobyembre 15, 2023

NPA-Sultan Kudarat

Mariing kinukundena ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Sultan Kudarat ang sadyang pagpatay ng 37th IB sa nadakip ng militar na mandirigmang si Rafael Zambrano (Ka Dodong/Tres), 27 anyos, residente ng Sityo Surong, Barangay Hinalaan,

Kalamansig, Sultan Kudarat noong Oktubre. Pinailalim siya sa tortyur at pinilit na maggiya bago paslangin sa isang pekeng engkwentro. Naulila niya ang kanyang tatlong anak.

Dinakip ng mga elemento ng 37th IB si Zambrano sa isang bahay sa Sityo Bugkog, Barangay Limulan, bandang alas-7 ng umaga noong Oktubre 8. Ginapos siya at pinaputukan sa harap mismo ng mga kapitbahay. Sa araw na iyun, sinalakay ng militar ang isa pang bahay kung saan panandaliang nakahimpil ang isang yunit ng BHB. Hindi gumanti ng putok ang yunit, sa kabila ng walang pakundangang pamamaril ng militar, para iwasang madamay ang mga sibilyan. Ligtas na nakaatras ang yunit ng BHB.

Makalipas ang dalawang araw, nagpakana ng putukan o engkwentro ang 37th IB sa Sityo Kalamagan, Barangay Limulan nang bandang alas-11 ng gabi. Walang yunit ng BHB sa lugar sa panahong iyun. Kinabukasan, Oktubre 11, bandang alas-10 ng umaga ay natagpuan ang bangkay ni Zambrano na pinalabas ng militar na napatay sa isang “engkwentro.”

Hindi na bago ang mga kasinungalingan at traydor na pamamaraan ng 37th IB. Katulad ito sa kaso ng pagdakip at sadyang pagpatay kay Jan Rowee Libot noong Hulyo 27 sa Sityo Pusot, Barangay Hinalaan.

Gustong pagmukhain ng 37th IB na lehitimo ang kanilang pagpatay para pagtakpan ang karumal-dumal na krimen at paglabag sa internasyunal na makataong batas. Pinakikinabangan ng 37th IB

ang mga pagpatay sa pagkubra ng pabuya sa pinatay nitong lider o kasapi ng hukbong bayan.

Pinatutunayan ng mga kasong ito tunay na mukha ng AFP: mabangis, bayaran at pasista.” Kahit magtago pa ito sa mga palamuting proyekto sa ilalim ng Barangay Development Program (BDP), alam ng taong bayan kung gaano kabangis at pasista ang mga sundalo. Hindi nila matitinag ang paninindigan ng lahat ng rebolusyonaryong pwersa na lumalaban para sa totoong demokrasya at kalayaan, kasama ang mamamayang inaapi at pinagsasamantalahan ng kasalukuyang sistema.

Ipinapaabot ng BHB-Sultan Kudarat ang taos-pusong pakikiramay sa pamilya at mga anak ni Rafael Zambrano at sa lahat ng biktima ng paglapastangan sa karapatang-tao.

Pinakamataas na Pagpupugay kay Kasamang Josephine Mendoza: Isang Mahusay na Proletaryong Lider at Kadre ng Partido

Nobyembre 15, 2023

Public Information Office CPP Southern Tagalog Regional Committee

Noong Nobyembre 10, 2023, pumanaw si Kasamang Josephine Mendoza, kagawad ng Komite Sentral ng Partido at ikalawang pangalawang kalihim ng Komiteng Rehiyon ng Partido sa Timog Katagalugan. Nagluluksa ang

buong Partido sa rehiyon sa kanyang kamatayan. Sa edad na 59 taong gulang, hindi nagmaliw ang matibay nyang pananalig sa kadakilaan at kawastuhan ng simulain ng Partido para sa sambayanang Pilipino. Iniukol nya ang mahigit na apat na dekada ng kanyang buhay sa paglilingkod sa rebolusyon at sa api't pinagsasamantalang masa sa kanayunan at kalunsuran ng rehiyon.

[ka-sandy-josephine-mendoza-scaled]

Ang di mayayanig na debosyong ito sa adhikain ng Partido at ng rebolusyonaryong pambansang demokratikong kilusan ang nagpanday sa kanyang bakal at nag-aapoy na paninindigang bathin ang lahat ng hirap at sakripisyo at ihandog ang kanyang tanging buhay para sa paglaya ng bayan mula sa kuko ng imperyalismo, pyudalismo at burukrata-kapitalismo. Hanggang sa huling sandali ng kanyang buhay at habang nakaratay sa banig ng karamdaman, mga gawain at mga kasamang kanyang pinamumunuan ang kanyang inaalala.

Nakikiramay ang Partido sa pamilya, anak at kaanak ni Kasamang Victoria Mirayan, ang piniling pangalan sa Partido ni Ka. Josephine. Subalit, higit siyang kilala ng masa at mga kasama sa iba't ibang pangalang kanyang ginamit sa iba't ibang panahon: siya'y si Kasamang Nene sa masang magsasaka sa Mindoro Occidental; Ka Marta at Luisa sa mga katutubong Mangyan at masa sa Mindoro Oriental; Ka Minerva at Sandy sa mga kasama, masa't alyado sa demokratikong kilusan sa kalunsuran; at Ka Raki sa kanyang mga katuto sa Ikalawang Kongreso ng Partido kung

saan siya'y nahalal na regular na kagawad ng Komite Sentral.

Hindi masusukat ang labis na pagdadalamhati ng Partido at mga kasama sa pagpanaw ni Ka Sandy. Nawalan ang Partido at rebolusyon ng isang mahusay na proletaryong lider at organisador, dedikadong kadre at mapagmahal na kasama.

Inspirasyon at tinitingala si Ka Sandy ng mga naging kasama nya dahil sa mataas nyang dedikasyon sa gawain, pagiging metikulosa sa ditalye at kapursigihang tupdin ang mga iniatang na tungkulin ng Partido. Sa ilalim ng kanyang pamumuno, di mabilang ang mga bagong sibol na kadre ang kanyang sinanay. Mahusay siyang propagandista, ahitador at edukador; palagian niyang isinusulong ang pagkakaisa ng Partido at matatag na nilalabanan ang anumang mapanghating tendensya lalo sa panahong nakikipaglaban ang buong Partido para sa buhay nito mula sa mga panghahati ng mga paksyunalistang taksil. Maaruga siya sa mga kasama at palaging nagbibigay ng pansin sa kapakanan, kalusugan at pangangailangan ng mga kasama higit kaysa sa kanyang sarili. Ang di makasariling katangiang ito ang naglapit sa kanya sa mga pinamumunuan niya para siya'y mahalina, respetuhin at tularan tulad ng walang kundisyon na debosyon at pagmamahal na iniukol nya sa Partido at kilusan.

Si Ka. Sandy ay produkto ng pagsiklab ng mga pakikibaka laban sa diktadurang US-Marcos noong dekada 1980. Namulat siya sa eskwelahan at sumapi sa Kabataang Makabayan noong 1982.

Naging Kandidatong Kasapi siya ng Partido noong 1984 at makalipas ng dalawang taon ay sumumpa bilang Ganap na Kasapi ng Partido noong 1986. Sumapi siya sa Bagong Hukbong Bayan sa kanyang kabataan noong 1984 at nagpatuloy na kumilos sa sonang gerilya ng Mindoro hanggang 1994 kung saan gumampan siya ng samu't saring gawain at katungkulan bilang kagawad ng istap sa propaganda-edukasyon; manunulat at nasa editorial board ng dyaryong Alab; pinuno ng special alliance at finance ng Isla; kagawad ng komiteng larangan; at kinalaunan bilang kagawad ng Komite sa Isla ng Mindoro.

Noong 1994, itinalaga siya sa isang panrehiyong gawain sa labas ng Mindoro. Isasiyasaipinadalaparaihandaatpasimulan ang pagbubukas ng sonang gerilya sa Palawan. Tumayo siyang pangalawang kalihim ng Komite sa Isla sa Palawan na nagtagumpay ipundar ang tatlong sonang gerilya dito bago siya muling inilipat sa ibang gawain kung saan siya kinailangan.

Pinatunayan ni Ka Sandy ang natatanging kahusayan nya sa crisis management kung saan ipinadala siya ng Partido sa mga problemadong bahagi ng organisasyon upang kumpunihin at kalasin ang mga bara.

Instrumental ang naging papel nya sa muling pagpapasigla ng mga pakikibaka sa kalunsuran ng rehiyon sa yugto ng pagpapalakas ng Partido sa TK sa panahon ng IDKP. Pinamunuan nya ang pag-oorganisa ng unang mahabang martsa mula TK tungong Kamaynilaan sa panahon ng pagputok ng

pinansyal na krisis sa Asia noong 1997 at mga kasunod na malalaking protesta at kilos-masa sa kalunsuran ng TK sa panahon ng magkasunod na paghahari nina Estrada, Arroyo, B.S. Aquino at Duterte.

Sa panahon ng pakikibaka para sa pagpapabagsak kay Estrada, idinirehe nya ang pagbuhos ng masa mula TK sa mga mobilisasyong masa sa Kamaynilaan at ang pagpapalahok ng mga panggitnang pwersa at masang manggagawa't magsasaka sa mga pagkilos sa punong kabisera ng bansa na nahinog sa Edsa II. Pinakatampok dito ang Martsa ng Mahihirap para Patalsikin si Erap at mga kasunod na sakay-lakbay at protest camps bilang namumukod na mga pagkilos na malakas na nagtulak ng koordinadong mga protesta.

Mahalaga ang naging ambag nya sa pagtatambol sa punong kabiserang rehiyon ng mga paglabag sa karapatang pantao sa TK ng pasistang AFP at estado. Sa panahon ng pananalasa ng berdugong si Palparan at mararahas na pagsupil ng rehimeng Arroyo sa balangkas ng OBL I at II, matama nyang sinubaybayan ang paglulunsad ng mga protest camps sa mga choke points at iba't ibang anyo ng pagkilos ng masa sa Calabarzon upang malakas na itambol ang pasismo ng estado, pukawin at pakilusin ang libu-libong masa para labanan ang pasismo. Bawa't kaso ng paglabag ng berdugong AFP ay naisasalin nya sa isang pampulitikang laban ng masa at malikhain nyang nabibihisan upang patampukin at itambol ang mga labang ito sa sentro ng publikong opinyon at tuhugin sa

iisang sinulid ang iba't ibang isyu at laban ng masa bilang laban ng buong sambayanan.

Sa panahon ng paghahari ni BS Aquino, Jr., pinamunuan nya ang pag-oorganisa ng mga pakikibaka at kampanyang masa sa TK laban sa Oplan Bayanihan, interbensyong militar ng US sa bansa, laban ng mga detenidong pulitikal, pagkasira ng kalikasan at kabuhayan ng mamamayan bunga ng mga dambuhalang mina at mega infrastructure projects ng rehimen, pagtatayo ng naval base ng US sa Oyster Bay sa Palawan at marami pang iba.

Sa pag-akyat ni Duterte sa kapangyarihan, pinangasiwaan nya ang malalaking laban para itambol sa opinyong publiko ang karahasan ng AFP, EO70, ATL at pag-atake ng NTF- ELCAC sa mga progresibo at demokratikong kilusan at organisasyon. Matama nyang sinubaybayan ang bawat laban—maliit man o malaki—at di nawawala ang kanyang mahabang kamay para magbigay ng napapanahong instruksyon at gabay sa mga pwersang tuwirang humaharap sa mga kaaway ng mamamayan.

Habang ilang araw na nakikipaglaban para sa kanyang buhay, mga gawain pa rin at mga kasama ang kanyang iniisip. Para payapain siya, ibinulong sa kanya ng kanyang tagapag- alaga na “huwag nang alalahanin ang mga gawain at maging panatag na mailalagay sa ayos ang lahat dahil nakapagsanay na siya ng maraming hahalili at aako ng maiiwan nyang responsibilidad.”

Dakila ang buhay ni Ka Sandy at puno ng pagpapakasakit para sa masa at rebolusyon. Habang panahon maitatak ang kanyang ambag sa Partido at rebolusyon at ang partikular na bahagi nya sa pagsulong at pagpapasigla ng demokratikong kilusang masa sa rehiyong TK.

Mabuhay ang dakilang alaala ni Ka Sandy! Ibaling ang pamimighati sa rebolusyonaryong katapangan! Mabuhay ang Partido Komunista ng Pilipinas! Mabuhay ang rebolusyon at sambayanang Pilipino!

‘AFP and LGU MOA in NegOr just another PR attempt’ - NPA

Nobyembre 15, 2023

Estrella Banagbanag, Spokesperson NPA-Southeast Negros (Rachelle Mae Palang Command)

The Rachelle Mae Palang Command (RMPC-NPA), the Southeast Negros Guerrilla Front of the New People’s Army, called the memorandum of agreement (MOA) signing between Negros Oriental local government officials and the military and police to expand efforts in their counterrevolutionary drive a ‘redundant PR attempt by the National Task Force (NTF)-Elcac.’

Through its spokesperson Ka Estrella Banagbanag, the RMPC-NPA said that “if

anything, this MOA will only strengthen state terrorism of the Marcos Jr regime.”

“Since Oplan Sauron 1 and 2, the people of Negros Oriental can no longer be fooled into thinking that agreements such as these benefit them. The MOA signing only proves further how strong the military hold is on the supposedly civilian government to sustain its paranoid witch-hunt against revolutionaries that have victimized even the innocent and unarmed,” Banagbanag added.

The rebel spokesperson noted that the LGUs are ‘held in a hostage situation by the military, because with the AFP’s delusional trend, not cooperating with the military means being against them—a stupid argument exposing democracy in the country as democracy only for the elite and death for the oppressed.’

“LGUs will only reveal themselves complicit to the ongoing brutality on the island. We challenge local officials in the Provincial Peace and Order Council (PPOC) headed by Gov. Sagarbarria to assert the civilian authority of the LGUs, and to truly address the roots of the armed conflict by demanding justice for the countless crimes of the fascist state and pushing for genuine agrarian reform and national industrialization,” Banagbanag said.

“Any peace and order effort is inutile if the majority of the people in Negros Oriental remain oppressed and exploited, suffering hunger and poverty while also being subjected to the gratuitous violence of the current Marcos regime

and its murder weapons such as the AFP, PNP, and other force multipliers,” Banagbanag ended.###

Puluy-an sang mga mangunguma desperado nga ginransak sang 62nd IB

Nobyembre 16, 2023

JB Regalado, Spokesperson NPA-Central Negros (Leonardo Panaligan Command)

Mabaskog nga ginakundenar sang Leonardo Panaligan Command-New People’s Army sa Central Negros ang ilegal nga pagpangransak sang mga kabalayan sang inosenteng mangunguma kag padayon nga pag-intimidar sang mga katapo sang 62nd IB sa mga sibilyan sadtong Nobyembre 13, 2023 sa mga Barangay sang Santol kag Amuntay, Binalbagan, Negros Occidental.

Nobyembre 13, 2023-pilit nga ginsaka sang isa ka platoon nga pwersa sang 62nd IB ang puluy-an ni Maximo Cañete sang sityo Tangkuban, Barangay Amuntay kag ginpang-ukay ang ila mga kagamitan. Ginpasibangdan sila nga supporter kag tagtago sang NPA. Ginpahug sila nga pamasyon kon indi manugid sa presensya sang NPA sa ila lugar. Ginpangkuha sang pasistang militar ang ila mga personal nga kagamitan sa komunikasyon kaangay sang smartphone kag handheld radio (baofeng).

Sini man nga adlaw Nobyembre 13-pilit man nga ginsulod ang balay ni Melvin Vilando sang sityo Omot, Barangay Santol, Binalbagan, Negros Occidental. Pilit man sila nga ginapaako sang mga tropa sang 62nd IB nga nagasuporta sila sa New People's Army.

Nagtuga in sang grabe nga kakugmat kag trauma sa bilog pamilya ilabe na sa mga gagmay pa nga kabataan.

Ginakundenar man sang LPC-NPA ang pilit nga pagpagiya sang 62nd IB kay Cardo Garde nga isa ka sibilyan sa mga operasyon militar sa lugar.

Ibuyagyag kag hublasan ang pasismo sa kaumahan! Pamatukan ang militarisasyon! Palayason ang berdugong 62nd IB sa kaumahan! Maghimakas indi mahadlok!

Pulang saludo kay Ka Pascual, Pulang propagandista at manggagawang pangkultura!

Nobyembre 18, 2023

**Public Information Office
CPP Southern Tagalog Regional Committee**

“Hindi ko na maimagine ang sarili ko sa labas ng kilusan. Pero masaya nakong umabot ng 30 (years old) na buhay pa at patuloy na naglilingkod sa bayan.”

[ka-pascual-jethro-ferrer]

Pulang saludo at pinakamataas na pagpupugay ang iginagawad ng Partido Komunista ng Pilipinas at Bagong Hukbong Bayan sa Timog Katagalugan sa pagkamartir ni Jethro Isaac Ferrer, 31 taong-gulang, isang matapang at mahusay na kadre ng Partido at opisyal ng BHB sa Mindoro. Pataksil siyang pinaslang ng berdugong 76th IBPA kasama si Peter “Ka Rochie” Rivera matapos buhay na madakip noong Nobyembre 13 sa Barangay Buong Lupa, Gloria, Oriental Mindoro. Si Ka Rochie ay isa ring kadre ng Partido at opisyal ng NPA sa Mindoro na nagmula sa uring magsasaka.

[pagpupugay-jethro-isaac-ferrer]

Si Jethro Isaac ay higit na nakilala bilang Ka Baste sa hanggananag Quezon-Bicol, Ka Rio sa Palawan, Ka Migo sa Batangas, Ka Beth sa South Quezon-Bondoc Peninsula, Ka Nolan sa hanggananag Hilagang Quezon-Rizal-Laguna, Ka Bundo at Pascual sa mga larangan sa Mindoro. Buong-puso kaming nagpapaabot ng pakikiramay sa kanyang asawa, mga magulang at kapatid.

Si Ka Pascual ay tubong Binmaley, Pangasinan at nagmula sa uring mababang petiburgesya. Ipinanganak siya noong Hunyo 30, 1992, panganay siya sa anim na magkakapatid at maaasahan ng kanyang mga magulang, maging ng kanyang lolo at lola na nagpalaki sa kanya. Palibhasa maimpluwensya ang kanyang lolo, bata pa lamang siya ay nalantad na sya sa pulitika sa kanilang lugar. Maagang naikintal sa kanyang kaisipan ang pagka-makabayan kaya bata pa lamang siya ay pinangarap niya nang maging sundalo. Pero habang lumalaki ay masasaksihan

niya ang kabulukan at pagka-mersenaryo ng AFP, bibitiwan niya ang pangarap na magsundalo at maghahanap ng ibang karerang mas makakatulong sa kanilang pamilya at sa bayan.

Nag-aral siya ng kolehiyo sa University of the Philippines-Los Baños sa kursong Bachelor of Science in Development Communication. Dito siya higit na namulat sa kalagayan ng mga kabataang estudyante—ang panunupil sa kalayaan sa akademya at pamamahayag. Naging malaking katanungan sa kanya kung paano niya mapaninindigan ang kanyang kurso kung sa loob mismo ng pamantasan, na pag-aari ng gubyrerno, ay sinusupil ang karapatan ng mga estudyante. Paano niya mapagsisilbi ang kanyang natutunan bilang iskolar ng bayan sa pagpapaunlad ng bayan at lipunan? Tuluy-tuloy siyang naghanap ng kasagutan at pumaloob sa iba't ibang organisasyon ng mga estudyante, nakiisa at sumama sa mga pagkilos sa loob at labas ng kanilang pamantasan hanggang sa mga pambansang pagkilos sa Kamaynilaan.

Taong 2009 nang maorganisa siya sa Artista at Manunulat ng Sambayanan (ARMAS), isang lihim na pambansa-demokratikong organisasyon at sumusuporta sa armadong pakikibaka. Sa kasunod na taon ng 2010, nagpasya siyang buong-panahong kumilos sa kanyang sektor sa panahon ng pambansang halalalan at nagpatalaga sa lalawigan ng Rizal. Matapos ang eleksyong nagluklok sa PML na si BS Aquino III, buong-panahong gumampan si Ka Pascual bilang propagandista. Ginamit niya ang kanyang

kaalaman at kahusayan sa video editing para itambol ang kalagayan hindi lamang ng mga tulad niyang kabataang-estudyante kundi maging ng iba pang aping sektor sa lipunan, ng mga magsasaka at manggagawa. Kasabay nito, gumampan rin sya ng gawaing pag-oorganisa sa mga katulad niyang propagandista at manggagawang pangkultura sa sektor na kinabibilangan niya.

Di kalaunan ay narekluta siya bilang kasapi ng Partido at tuluy-tuloy na nag-aral ng Marxismo-Leninismo-Maoismo hanggang sa magpasyang mag-exposure sa isang yunit ng New People's Army noong Disyembre 2010 sa Mindoro. Hindi natagalan, nagpasya siyang buong-panahong kumilos sa Pulang hukbo at tinanganan ang pinakamataas na porma ng pakikibaka, ang armadong pakikibaka at tuparin ang kanyang pangarap na maging sundalo—hindi ng mapang-aping estado, kundi ng mamamayan. Pagdating sa Hukbo, likas na masipag sa gawaing teknikal at militar si Ka Pascual, kaya mabilis siyang natuto sa pang-araw-araw na buhay ng Hukbo. Gumampan sya bilang giyang pampulitika, opisyal sa lohistika at naging Vice Squad Leader nang ilang panahon.

Setyembre 2012 nang muling binuo ang Panrehiyong Istep sa Propaganda at Kultura (RIPK) ay ipinaloob dito si Ka Pascual bilang kagawad. Sa pamumuno at gabay ng Komiteng Rehiyon sa TK, pinangunahan nina Ka Pascual ang pagpapasigla sa gawaing propaganda at kultura sa rehiyon. Naging manunulat siya ng Kalatas, Dagitab at mga pamamahayag sa rehiyon.

Gumampan din siya sa gawaing reproduksyon ng mga Pulang pahayagan at iba pang lathalain, paggawa ng bidyo, pagiging war correspondent sa ilang piling taktikal na opensiba sa rehiyon atbp. Isa siya sa boses at may likha ng maraming mga bidyong inilabas ng Tanglaw Midya. Sa gawaing istap niya ibinuhos ang pinakamalaking bahagi ng kanyang buhay- rebolusyonaryo mula 2012 hanggang 2021. Ilang panahong hinawakan ni Ka Pascual ang pangangalihim sa gawaing propaganda at kultura sa rehiyon at kalaunan bilang pangalawang kalihim. Sa mga panahong ito, pana-panahon din siyang gumagampan ng gawaing masa sa saklaw ng rehiyon at nakilala ng masang magsasaka at katutubo sa hangganang Quezon-Bicol at North Quezon-Rizal.

Mula 2022 hanggang kasalukuyan ay gumampan si Ka Pascual ng gawain sa teritoryo sa isang larangang gerilya sa isla ng Mindoro, kung saan rin siya nahikayat na maging pultaym na mandirigma noong 2011. Hanggang bago siya mabuwal, gumampan siya bilang regular na kagawad ng Komite ng Partido sa Isla ng Mindoro at ubos-kayang nag-ambag para sa muling pagpapalakas at ibayong pagpapasigla ng rebolusyon sa buong isla.

Tulad ng marami, hindi naging madali para kay Ka Pascual ang pagpapanibagong-hubog sa loob ng Partido. Pinakamalaking hamon sa kanya ang paggampan bilang kalihim ng yunit pero hindi naging balakid ang mga ito para siya ay manghina at tuluyang umalis sa kilusan. Hindi niya kailanman naging krisis sa pagkilos ang kanyang

pamilya dahil sa mahusay niyang gawaing pagmumumulat sa kanila at pagpapaunawa sa kahalagahan ng rebolusyon. Pero bilang mapagmahal na anak, apo at kapatid, palagi niyang naaalala ang mga ito at nagsilbing inspirasyon niya sa buong panahon ng kanyang pagiging rebolusyonaryo.

Larawan siya ng katatagan, katapangan at magiliw na tagapaglingkod ng masa. Mabuti rin siyang kaibigan para sa ilang mga kasamang matagal niyang nakasama sa gawain. Maaasahan rin siya laluna sa panahon ng mga kagipitan tulad ng pagbubuhat sa isang kasamang sugatan kahit na siya mismo ay inaapoy din ng lagnat. Isa siyang matapang na mandirigma sa harap ng kaaway. Pang-kumander ang kanyang boses na kayang mangibabaw kahit sa panahon ng putukan.

Si Ka Pascual ay lalaking may piniling kasarian at nakibaka sa pyudal-patriyarkal na kulturang namamayani sa kanayunan, ganundin sa bahid ng burgis na kulturang dala niya mula sa kalunsuran. Sa kilusan na rin niya nakilala ang kanyang naging kabiyak at naging dagdag niyang inspirasyon sa tuluy- tuloy na pagkilos at paglilingkod.

Nilagpasan na ni Ka Pascual ang edad na 30 pero maikli pa ang mahigit isang dekada niyang paglilingkod sa rebolusyon at sa sambayanan. Pero para sa kanya at sa marami pang rebolusyonaryo, hindi usapin ang ikli at haba ng iyong paglilingkod—kundi ang kabuluhan ng bawat araw at panahong inilalaan nila para kamtin ang dakilang adhikain ng masa na mawakasan ang

pang-aapi at pagsasamantala sa kanila. Paboritong linya ni Ka Pascual ang isang linya sa tula ni Ka Joma na “courage to the last breath makes the Martyr live beyond death” (katapangan hanggang huling hininga ang bumubuhay sa isang Martir lagpas sa kamatayan). Ipinamalas ni Ka Pascual ang katapangan at katapatan sa dakilang simulain ng Partido at rebolusyon hanggang sa kanyang huling hininga, sa harap ng matinding tortyur at presyur ng kaaway na habambuhay niyang kinamuhian. At dahil dito’y habampanahong aalalahanin ng Partido, Hukbong bayan at mamamayan ng rehiyon at buong bansa ang kabayanihan at ambag ni Ka Pascual, isang dakilang anak ng bayan, Pulang propagandista at manggagawang pangkultura.#

Pagpaslang ng 203rd Brigade sa 2 NPA sa Gloria, labag sa IHL

Nobyembre 19, 2023

Madaay Gasic, Spokesperson NPA-Mindoro (Lucio De Guzman Command)

Mariing kinukundena ng Lucio de Guzman Command (LdGC)-NPA Mindoro ang ginawang pagpaslang ng 76th IBPA kila Jethro Isaac “Ka Bundo” Ferrer at Peter “Ka Rochie” Rivera, mga Pulang mandirigma na nadakip sa proseso ng pagdalaw sa Barangay Buong Lupa, Gloria, Oriental Mindoro noong Nobyembre 13. Ang dalawang mandirigma ay maikukunsiderang prisoners of war at sa gayon ay nararapat igalang ang karapatang mabuhay. Labag ito sa internasyunal na makataong batas at

Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law. Dapat na mariing kundenahin ang AFP-PNP sa panibagong krimen nito.

Taliwas sa ipinangangalandakan ng 203rd Brigade at Area Police Command-Southern Tagalog, pinaslang sina Ka Bundo at Ka Rochie nang walang kalaban-laban. Tusong nalinlang at napainan sila at dinakip sa proseso ng pagdalaw ni Ka Jasel, kayunit nilang isang Pulang mandirigma, sa kanyang mga kapamilya sa lugar. Si Ka Jasel ay nakadetine at hindi pa rin inililitaw ng 203rd Brigade hanggang ngayon.

Karumaldumal na krimen ng 203rd Brigade ang agarang pagpatay sa dalawang Pulang mandirigma sa halip na ituring at gawaran ng mga karapatan bilang mga belligerent forces sang-ayon sa internasyunal na makataong batas. Ipinagkait sa kanila ang due process, ang karapatan bilang mga nakikidigmang pwersa ng katapat na estado at ang karapatan sa buhay.

Sa kabilang banda, ang ginawang pagpatay ng 203rd Brigade kina Ka Bundo at Ka Rochie ay patunay sa hindi matinag na rebolusyonaryong diwa ng mga Pulang mandirigma sa harap ng panggigipit ng pasistang estado. Pinaslang sila ng palalong kaaway dahil bigo ang 203rd Brigade na durugin ang kanilang katatagan at katapatan sa Partido, rebolusyon at malawak na masang Pilipinong kanilang pinaglilingkuran. Hanggang sa kanilang huling hininga, nanatili silang matatapat na Pulang hukbo ng sambayanan. Nagpupugay ang rebolusyonaryong kilusan at sinasaluduhan ng

lahat ng Pulang yunit ng NPA sa Mindoro ang kanilang katapangan at kadakilaan!

Malaking karuwagan ang pataksil na pagpatay kina Ka Bundo at Ka Rochie at ang pagtotopeo ng AFP-PNP sa kanilang mga labi. Pinatutunayan lamang ng AFP-PNP at reaksyunaryong estado na wala itong pagrespeto sa karapatang tao.

Inilalantad nito ang maruming taktika ng isinusulong nitong kontra-rebolusyonaryong gerang nakaayon sa US counterinsurgency guide. Walang kredibilidad, ipokrito at sinungaling si Brig. Gen. Randolph Cabangbang na sabihing iginagalang nila ang karapatan ng NPA sa harap ng dumaraming kaso ng pamamaslang, iligal na pang-aaresto, sapilitang pagpipiit, pananakot, pandarahas, tortyur, panggagahasa at iba pang paglabag sa karapatang tao sa hanay ng NPA at masang Mindoreño. Bumubula ang bibig ni Cabangbang ng lason at kasinungalingan para linlangin ang malawak na mamamayan habang sinisiraan at nirered-tag ang mga grupong makatao at progresibo.

Nararapat panagutin ang 203rd Brigade sa kanilang mga krimen sa bayan. Hindi titigil ang rebolusyonaryong kilusan sa paglaban hanggang makamit ang hustisya para sa lahat ng mga biktima ng paglabag sa karapatang tao.

Mensahe mula sa tagapagsalita ng Pambansang Katipunan ng Magbubukid-TK na si Ka Eduardo Labrador para kay Josephine “Ka Sandy” Mendoza

Nobyembre 20, 2023

Eduardo Labrador, Spokesperson Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid- Southern Tagalog

Taas-kamao at taimtim na pagpupugay ang pinapaabot ng PKM-TK sa mahal na kasamang si Josephine “Ka Sandy” Mendoza. Hindi madaling tanggapin ang iyong pagkawala ngayong pumanaw ka na, mahal na kasama. Pero ito ang mapait na katotohanan, lahat tayo ay mamamatay, at ang iyong pagpanaw ay sing-bigat ng bundok ng Siera Madre.

Saksi ang masa sa mga teatro ng digma na napakatan mo, mga kasama sa mga sentrong bayan ng rehiyon na ginabayan mo, at ng mahal nating Partido Komunista ng Pilipinas na wala kang pag-iimbot at pagdadalawang isip na iniaalay ang nag-iisang buhay para sa rebolusyon hanggang sa pagtatagumpay nito. Kahit sa liko’t-ikid ng organisasyon ng Partido ay nanatili ka para tumugon sa anumang atas.

Nagluluksa ang buong rehiyon at kilusang magsasaka sa iyong pagpanaw mahal na kasama. Tinugaygayan at idinerehe mo ang demokratikong

kilusang masa sa punong kabisera ng rehiyon, kasama ang sektor ng kilusang magsasaka sa mga pakikibakang masa laban sa mga nakaraang papet na rehimeng US-Arroyo hanggang sa pasista at berdugong rehimeng US-Duterte. Ito'y nasa pamumuno at pamamatnugot mo, mahal na Ka Sandy.

Sa apat na dekadang karanasan mo bilang proletaryo-rebolusyonayong lider at organisador ay di ka naging maramot na ibinabahagi sa iyong pinamumunuan ang pinakatumpak na atake at matalas na linya para para iguhit ang kawastuhan ng pambansa-demokratikong linya, pangibabawan ang mga balakid at kalasin ang mga bara sa pagsusulong ng rebolusyonaryong gawain. Tila bukal na di ka matutuyuan ng ideyang-gabay na ipinupukol sa iyong pinamumunuan para papurulin ang atake ng kaaway sa pambansa demokratikong pwersa sa rehiyon. Kahit sa mga personal na problemang bumabagabag sa mga kasama ay di ka rin kinakapos at nagkakait ng mga payo at gabay kung paano haharapin at pangibabawan ang mga suliranin.

Kaya matitiyak namin sa iyo, mahal na kasama, na ang debosyon, walang maliw at matibay mong pananalig sa kadakilaan at kawastuhan ng simulain ng Partido para sa samabayanang Pilipino ay magiging moog naming sandigan at inspirasyon para buong pagsisikap at pagpupunyagi na iaalay ang sarili at buhay kung kinakailangan para sa mas mataas na yugto ng digmang bayan at sa hinaharap na tagumpay ng pambansa demokratikong rebolusyon.

Dakilain ang alala-ala ni Ka Sandy!

Mabuhay ang Partido Komunista ng Pilipinas at samabayanang lumalaban!

Kamtin ang mas mataas na yugto at ipagtagumpay ang pambansa demokratikong rebolusyon!

Mensahe ng pakikidalamhati sa naiwang asawa, magulang at kapatid ni Kasamang Jethro Isaac 'Ka Pascual' Ferrer at Peter 'Ka Rochie' Rivera

Nobyembre 20, 2023

Eduardo Labrador, Spokesperson Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid- Southern Tagalog

Taas-kamaong pakikiramay at pagpupugay sa pagkamartir nina Ka Pascual at Ka Rochie, mga mahal na kasamang pataksil na pinaslang ng mga mersenaryong 76th IBPA. Sila ay nadakip noong Nobyembre 13 sa Barangay Buong Lupa, Gloria, Oriental Mindoro. Si Ka Pascual ay nagmula sa mababang peti-burges at si Ka Rochie ay nagmula sa uring magsasaka.

Sina Ka Pascual at Ka Rochie, isang intelektwal na kabataang estudyante at isang magsasakang may malalim na pandama at pagpamilyarisa sa malawak na kanayunan at plastada ng kalupaan at kabundukan—kasama ang iba pang aping uri, ang kanilang kumbinasyon ay magluluwal ng mga

moog na base ng rebolusyon, gagapi sa mga reaksyonaryong kaaway, wawasak sa pyudalismo at magpapabagsak sa imperyalismo. Mahigpit silang katuwang ng malawak na masa ng sambayanan, partikular ang masang magsasaka, setler at pamabansang minorya ng isla ng Mindoro.

Sila ay matapang at mahuhusay na kadre at opiyal ng Bagong Hukbong Bayan. Pareho silang nasa rurok ng edad ng kasiglahan ng kalusugan at pangangatawan, dangan nga sana'y napakahaba pa ng kanilang maiambag sa pagtatayo ng mga pulang kapangyarihang pampulitika sa malawak na kanayunan ng rehiyon. Marami pa rin silang maiihasik at maiipunlang kaisipang nagtataglay ng Marxismo-Leninismo-Maoismo sa mga saklaw ng eryang kanilang kinikilusan.

Sina Ka Pascual at Ka Rochie ay larawan ng hindi magagaping katatagan, hindi nauubos na ngiti at taos-pusong paglilingkod sa masa. Mga maasahang kasama sila na sa kabila ng mga kakulangan at labi ng impluensya ng burges na kinalakihan ay buong pagsisikap at puno ng determinasyong nagpapanibagong hubog at nagwawaksi sa mga burges at pyudal na kultura. Pareho rin silang walang pag-iimbot na nag-aalay at walang kapaguran o kabusugang matuto sa masa.

Pisikal na katawan lamang ang nawala sa kanila, tiyak na ang kanilang mga positbong ala-alang iniwan sa masa, kasama, mahal sa buhay ay kailanma'y 'di mapapawi. Ang pagyakap nila sa kawastuhan ng armadong pakikibaka ay

magsisilbing ningas at apoy na tatanganan namin hanggang sa susunod na yugto ng ating digmang bayan. Sila ay mga huwaran at inspirasyon sa tuloy-tuloy na pagkilos at paglilingkod sa masa ng sambayanan para sa isang lipunang walang busabos, inaapi at pantay-pantay.

Mabuhay kayo Ka Pascual at Ka Rochie!

Ibaling ang pagdadalamhati sa ibayong katapangan!

Mabuhay ang PKP at BHB!

Mabuhay ang Sambayanang Lumalaban!

Palakasin ang Kabataang Makabayan-Armando Mendoza!

Nobyembre 20, 2023

Kabataang Makabayan (KM)-Balangay Armando Mendoza

Ang kasaysayan ng rebolusyonaryong kabataan ay mahaba, mula sa kapanahunan ng mga henerasyon ni Jose Rizal at Andres Bonifacio hanggang sa kabataang sumapi sa Bagong Hukbong Bayan, buhay na buhay ang pagpapatuloy ng rebolusyong Pilipino. Sa pagpapatuloy ng rebolusyonaryong tradisyon ng kabataan at sa tuloy-tuloy na pag-igting ng mga kontradiksyon sa buong mundo, nasisilayan ng kabataan ang karumihan at karumaldumal na epekto ng Imperyalismong US sa daigdig mula sa

Palestina hanggang sa Pilipinas. Mula sa kapanahunan ng pagkakatatag ng Kabataang Makabayan noong 1964 sa panahon ng Rehimeng US-Marcos I at hanggang sa Rehimeng US-Marcos-Duterte, hindi nagbago na ang primaryang kalaban pa rin ng sambayanang Pilipino ay ang Imperyalismo, Pyudalismo, at Burukrata-Kapitalismo. Sa panahon na walang pagkukubli ang mga reaksyunaryo sa kanilang mga kasalanan at labis-labis na pagpapahirap sa sambayanang Pilipino, nananatiling ang sagot ng Kabataang Makabayan at buong rebolusyonaryong kilusan ay ang Demokratikong Rebolusyong Bayan.

Sa ngalan ng pagpapatuloy ng rebolusyonaryong tradisyon ng kabataan na maghimagsik sa nabubulok na sistemang panlipunan, sa ngalan at mapulang pagpupugay ng mga Tomasinong Martir na sila Joshua “Ka Kiko” Regalado, Angelo “Ka Kaloy” Del Rosario, at marami pang iba mula sa hanay ng kabataan, muling itinatag ng mga rebolusyonaryong Tomasino ang Kabataang Makabayan - Armando Mendoza noong Oktubre 10, 2023. Sa kabila ng kontra-progresibo at reaksyunaryong katangian ng Unibersidad ng Santo Tomas, ang kasaysayan ng pakikibaka ng mga militante at rebolusyonaryong Tomasino ay mayaman at mahaba. Mula sa dakilang Jose Rizal, sa Filipinization Movement na sinuportahan at tinaguyod ng mga estudyante ng unibersidad, at sa pagbarikada ng mga estudyante sa mga gusali ng unibersidad nang ito’y magtaas ng matrikula noong panahon ng diktaduryang US-Marcos I. Mula sa mga kilusang ito, nawa’y magsilbi itong isang aral at inspirasyon sa mga Tomasinong nais

bumaklas at baguhin ang katangian, hindi lang ng unibersidad, kundi ng buong lipunang ginagalawan niya. Totoong malakas ang indibidwalistikong tendensiya ng kabataan lalo na't ang kanilang mga isip ay hinubog para sa ganansya ng mga naghaharing-uri, ngunit habang ang krisis ay lumalala, lumalabas ang likas na kagustuhan ng kabataan na baguhin ang mundong kanyang mamanahin.

Tunay ngang walang kinabukasan ang Kabataang Pilipino sa ilalim ng Rehimeng US-Marcos-Duterte. Ang kabataan ngayoy'y nasa sangandaan sa kasaysayan. Sa lumulubhang kronikong krisis ng malapyudal at malakolonyal na lipunan, maaaring dalawang landas ang tahakin ng kabataang Pilipino. Kung siya ba'y tatahak sa rebolusyonaryong landas upang ipagtagumpay ang Demokratikong Rebolusyong Bayan at kamtan ang interes ng lahat ng uring-api o makiisa sa mga reaksyunaryo at sapitin ang kapalaran na mabulok sa tambakan ng mga pangalang naging traydor sa hanay ng kabataan at pag-usad ng kasaysayan. Ang rebolusyonaryong landas, bagama't masalimuot at madugo, kung ito'y ginagawa nang taos-pusong paglingkod sa masa upang ipagwagi ang kanilang interes at puksain ang kanilang mga pundamental na suliraning panlipunan - ang imperyalismo, pyudalismo, at burukrata-kapitalismo - ang tatahak ng landas na ito ay 'di hamak na bibgigyan ng pinakamataas na pagpupugay katulad ng mga martir na ibinigay ang kanilang buhay para sa Rebolusyong Pilipino.

Kabataan, sumapi sa Bagong Hukbong Bayan!
Isulong ang Digmang Bayan upang lansagin ang
pasista, papet, at kurap na Rehimeng US-Marcos-
Duterte hanggang sa ganap na tagumpay!

Mabuhay ang Kabataang Makabayan! Mabuhay
ang Partido Komunista ng Pilipinas! Mabuhay ang
Bagong Hukbong Bayan! Mabuhay ang
Pambansang Demokratikong Nagkakaisang
Prente! Kabataan, tumungo sa kanayunan at
sumapi sa hukbo ng mamamayan, ang Bagong
Hukbong Bayan!

Pulang Pagpupugay sa Kadakilaan ni Ka Sandy!

Nobyembre 20, 2023

CPP-NPA South Quezon-Bondoc Peninsula- Quezon-Bicol Zone

Mensahe ng Partido Komunista ng Pilipinas -
Marxismo-Leninismo-Maoismo Apolonio Mendoza
Command-New People's Army South Quezon -
Bondoc Peninsula - Quezon-Bicol Zone

Ang mga rebolusyunaryong mamamayan sa buong
South Quezon-Bondoc Peninsula- Quezon-Bicol
Zone ay nakataas ang kamao at ang bawat Pulang
kumander at mandirigma ng Bagong Hukbong
Bayan ay nakasaludo sa pagkilala sa pagkamartir
at kadakilaan ni Kasamang Josephine Mendoza.

Higit siyang kilala sa pangalang Ka Sandy. Sa
kanyang pagpanaw noong Nobyembre 10, 2023,

tiyak na mangungulila ang rebolusyunaryong kilusan sa mga erya ng digma ng SQBP at QBZ sa isang Ka Sandy. Siya ay kagawad ng Komite Sentral ng Partido at ikalawang pangalawang kalihim ng Komiteng Rehiyon ng Partido sa Timog Katagalugan (KRTK).

Si Ka Sandy ay isang huwaran at natatanging proletaryadong komunista na kailanman ay hindi magmamaliw ang alaala sa bawat mamamayan, kasapi ng Partido at Hukbong Bayan sa mga larangan ng Timog Quezon, Bondoc Peninsula hanggang sa mga hangganan ng lalawigan ng Quezon at rehiyong Bicol.

Saksi kami sa napakahalagang ambag ni Ka Sandy sa pamumuno at pagbibigay direksyon sa lahatang-panig na pagsulong ng rebolusyunaryong adhikain ng mamamayan ng Quezon. Kahit sa pinakamadidilim na yugto ng pakikibaka sa probinsya ay kabahagi namin si Ka Sandy na nagsisilbing liwanag sa aming pagkilos.

Taong 2012 nang ipanawagan ng KRTK ang islogang “Lahat para sa Larangan ng SQBP.”

Ito ang panahon na tinambakan ng walong batalyong pinagsanib na sundalo, pulis at paramilitar ang dalawampu’t isang bayan sa SQBP. Wala itong kaparis sa nakaraan sa laki ng konsentrasyon ng armadong puwersa ng papet na rehimen noon ni BS Aquino II sa maituturing na napakaliit at napakakitid na lawak ng erya ng digma ng Bagong Hukbong Bayan.

Sa panawagang ito, bilang nangangasiwa sa pampulitikang laban ng mamamayan sa rehiyon, binigyan ng malinaw na direksyon ni Ka Sandy ang mahigpit na tungkulin ng pambansa-demokratikong kilusan sa rehiyong Timog Katagalugan. Nagmartsa at kumilos mula sa iba't-ibang pook at kalsada ang bawat progresibong samahan at mga kapanalig nito maging sa Kamaynilaan, iba pang panig hanggang labas ng bansa.

Ang panawagang Iligtas ang Bondoc Peninsula ay naging isang kilusang masa, hanggang matipon ang higanteng lakas sa iisang direksyon patungong lalawigan ng Quezon para ipagtanggol at iligtas ang pakikibaka ng mamamayan dito sa maaring pagkalusaw dahil sa matinding atosidad at pasismo ng rehimeng US-BS Aquino II noon. Sa mga kasunod na taon, idedeklara ng Apolonio Mendoza Command at buong rebolusyunaryong kilusan sa lalawigan, na, bigo ang Oplan Bayanihan!

Isa lamang iyan sa mga dahilan kung bakit habambuhay nang nakaukit sa alaala ng mamamayan ng lalawigan ang pinakamamahal na Ka Sandy. Naipon at napuno na ng kanyang mahahalagang aral ang kaban ng kaalaman ng pambansa demokratikong kilusan sa pagsusulong ng rebolusyunaryong adhikain ng mamamayan. Ito ang hindi mapaparam na diklap sa ating puso at isipan.#

NDF-EV: Gunitain ang unang anibersaryo ng teroristang pambobomba sa Imelda

Nobyembre 21, 2023

NDF-Eastern Visayas

Nobyembre 10, 2023 | Nananawagan ang National Democratic Front-Eastern Visayas sa lahat ng mga rebolusyonaryong pwersa sa rehiyon na lalong pagtibayin ang panatang isulong ang digmang bayan sa darating na Nobyembre 23, bilang paggunita sa unang anibersaryo ng teroristang pambobomba sa Barangay Imelda, Las Navas, Northern Samar.

Sa araw na ito, ating kundenahin ang walang-awang pag-atake ng Joint Task Force Storm ng 8th ID at ang brutal na pagpaslang kina Ka Helenita Pardalis (Ka Elay), Ka Gil Giray (Ka Biboy), Ka “Mamoy” Sablan, “Ka Mela,” “Ka Mike” at “Ka Joshua”, mga minamahal nating kasama at mga tunay na anak ng bayan, isang taon na ang nakaraan.

Sa buwang-liwayway ng Nobyembre 23, lahat ng yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa rehiyon ay dapat maglunsad ng tahimik na 21-gun salute bilang pagsaludo sa Imelda 6, gayundin sa Dolores 22, Catbalogan 10 at Bobon 7, sa lahat ng biktima ng teroristang pamboboma ng 8th ID, at sa lahat ng martir ng rebolusyong Pilipino.

Nararapat ring mag-alay ang lahat ng rebolusyonaryong pwersa ng mga mensahe ng

parangal at pag-alala, sa pamamagitan ng maliliit at simpleng mga programa na maaari ring may kultural na pagtatanghal. Maaari itong magsilbing mga panimulang aktibidad kaugnay ng ating pagdiriwang sa ika-55 na anibersaryo ng Partido sa darating na Disyembre 26.

Kasalukuyang binubuo ng NDF-EV ang isang koleksyon ng mga mensahe ng parangal, tula at mga obrang sining bilang alay sa Imelda 6. Hinihikayat ang lahat na magsumite ng mga kontribusyon para dito.

Ating ding kundenahin ang pasistang terorismo ng 8th ID at ng AFP, mga galamay ng rehimeng Marcos II, na papet ng imperyalismong US. Kundenahin natin at ipatigil ang kanilang patakaran ng walang patumanggang pambobomba sa kanayunan, sa mga gubat, bukid, ilog at iba pang lugar ng hanapbuhay ng mga magsasaka. Alinsunod ito sa doktrinang “kontra-insurhensiya” na tumatarget sa mga sibilyan at binabansagang “terorista” ang lahat ng lumalaban.

Ilang bomba man ang ihulog ng pasistang estado, hindang-hindi nito mabubura sa alaala ng Partido, hukbo at masa ang minamahal nating mga kasama. Lalo lang tumitibay ang kapasyahan ng mga naiwan na ipagpatuloy ang makatarungang pakikibaka para sa pambansang kalayaan at demokrasya.

Sa buong Eastern Visayas, lalong tumitindi ang paghihikahos ng mamamayan. Hindi na nila matiis ang pagpapahirap, pagmamalupit at pagtatraylor ang naghaharing reaksyunaryong rehimen.

Umiigting ang kanilang galit at kapasyahang tanganan ang baril bilang pangunahing armas ng paglaban, upang singilin ang mga uhaw sa dugong pasista, papagbayarin ang mga traydor at palayain ang bayan mula sa mga mananakop at gahaman.

Sa araw ng Nobyembre 23, ating pagtibayin ang determinasyong biguin ang digmang panunupil ng rehimeng US-Marcos at isulong ang digmang bayan. Ito ang pinakamataas na porma ng pagbibigay-pugay sa ating mga martir at ng lubos na pagsisilbi sa mamamayan.

Mabuhay ang magigiting na martir ng Imelda!
Mabuhay ang mga martir ng Silangang Kabisayaan at ng rebolusyong Pilipino! Kamtin ang hustisya para sa mga biktima ng pasismo ng estado!

Isulong ang digmang bayan upang gapiin ang kontra-rebolusyonaryong gyera ng rehimeng US-Marcos! Papag-alabin ang apoy ng armadong pakikibaka para sa pambansang kalayaan at demokrasya!

(Waray Translation)

NDF-EV: Handumon an syahan nga anibersaryo han terorista nga panmomba ha Imelda

Nobyembre 21, 2023

NDF-Eastern Visayas

Nobyembre 10, 2023 | Nananawagan an National Democratic Front-Eastern Visayas ha ngatanan nga mga rebolusyunaryo nga pwersa ha rehiyon nga dugang nga padig-unon an sumpa nga igpasulong an gerra han katawhan sa tiarabot nga Nobyembre 23, komo paghandum ha syahan nga anibersaryo han terorista nga panmomba ha Barangay Imelda, Las Navas, Northern Samar.

Hini nga adlaw, aton kundenaron an waray kaluoy nga pag-atake han Joint Task Force Storm han 8th ID ngan brutal nga pagpatay kanda Ka Helenita Pardalis (Ka Elay), Ka Gil Giray (Ka Biboy), Ka “Mamoy” Sablan, “Ka Mela,” “Ka Mike” at “Ka Joshua”, mga higugmaon naton nga kasama ngan mga tinuod nga anak han katawhan, usa katuig na an naglabay.

Ha pagpunias han adlaw ha Nobyembre 23, ngatanan nga yunit han Bagong Hukbong Bayan (BHB) ha rehiyon kinahanglan maglansar hin mamingaw nga 21-gun salute komo pagsaludar ha Imelda 6, sugadman ha Dolores 22, Catbalogan 10 ngan Bobon 7, ha ngatanan nga biktima han terorista nga panmomba han 8th ID, ngan ha tanan nga martir han rebolusyon Pilipino.

Angay liwat maghalad an tanan nga rebolusyunaryo nga pwersa hin mga mensahe han pagparangal ngan paghandum, pinaagi han gudti ngan simple nga mga programa nga poyde liwat may kultural na pasundayag. Poyde ini magserbe komo mga patikang nga aktibidad kasumpay han aton pagselebrar han ika-55 nga anibersaryo han Partido ha maabot nga Disyembre 26.

Ha yana, ginbubug-os han NDF-EV an usa nga koleksyon han mga mensahe han pagpasidungog, luwa ngan mga obra nga halad sa Imelda 6. Gin-aaghat an ngatanan nga magsubmitter hin mga kontribusyon para hini.

Aton liwat kundenaron an pasista nga terorismo han 8th ID ngan han AFP, mga alipures han rehimen Marcos II, nga niyutiyo han imperyalismo nga US. Kundenaron naton ngan paundangon an ira palisiya han waray wantas nga panmomba ha kabaryuhan, ha mga guba, uma, salog ngan iba pa nga lugar han panginabuhian han mga parag-uma. Subay ini ha doktrina nga “kontra-insurhensiya” nga natarget ha mga sibilyan ngan ginbabansagan nga “terorista” an tanan nga naato.

Pira nga bomba man an ighulog han pasista nga estado, diri gud hini mapapara ha hinumduman han Partido, hukbo ngan masa an hinigugma naton nga mga kasama. Diri mapapara ha kasaysayan an iginhalad nira nga mabayanihon nga kinabuhi para ha rebolusyon. Dugang nga napapadig-on an determinasyon han mga nabilin nga igpadayon an makatadungan nga pakig-away para ha nasyunal nga katalwasan ngan demokrasya.

Ha bug-os nga Sinirangan Bisayas, natikagrabe an paghimakuri han katawhan. Diri na hira nailob ha pagpapakuri, pandarahug ngan pagtraydor han naghahadi nga reaksyunaryo nga rehimen. Naglalarab an ira kangalas ngan determinasyon nga katinan an pusil komo prinsipal nga armas han pag-ato, agud sukton an mga uhaw ha dugo nga pasista, papagbaydon an mga traydor ngan

talwason an nasud tikang ha mga mananakop ngan hakog.

Ha adlaw han Nobyembre 23, aton padig-unon an aton determinasyon nga pakyason an gerra han panmuypoy han rehimen US-Marcos ngan igpasulong an gerra han katawhan. Amo ini an pinakahitaas nga porma han pagpasidungog ha aton mga martir ngan han hul-os nga pagserbe ha katawhan.

Mabuhay an mga mabayanihon nga martir han Imelda! Mabuhay an mga martir han Sinirangan Bisayas ngan han rebolusyon Pilipino! Kab-uton an hustisya para ha mga biktima han pasismo han estado!

Ipasulong an gerra han katawhan agud pakyason an kontra-rebolusyunaryo nga gerra han rehimen US-Marcos! Palarabon an kalayo han armado nga pakig-away para ha nasyunal nga katalwasan ngan demokrasya!

Pinakamataas na Pulang saludo kay Ka Gil Giray

Nobyembre 21, 2023

CPP Eastern Visayas Regional Committee

Nobyembre 2, 2023 | Ipinapaabot ng Komiteng Rehiyon ng Partido sa Silangang Kabisayaan ang pinakamataas na Pulang saludo kay Kasamang Gil Giray, na kilala ng mga kasama at masa bilang si Ka Biboy, kilalang Pulang kumander, kadre ng

Partido at magiting na tagapagsilbi ng mamamayan.

Halos isang taon na ang nakaraan nang brutal siyang paslangin, kasama ang limang iba pang Pulang mandirigma, ng pasistang rehimeng-US Marcos sa teroristang pambobomba ng 8th Infantry Division sa Barangay Imelda, Las Navas, Northern Samar.

Lubos kaming nakikiramay sa kanyang asawa, mga anak, mga kamag-anak at kaibigan sa kanyang pagkamatay. Nahuli man ang parangal na ito, hindi nito binabawasan ang aming pagtingala, ng buong Pulang hukbo at ng malawak na masa, kay Ka Biboy.

Nakilala rin si Ka Biboy sa mga pangalang Ka Orlan, Ka Godo at Ka Sido. Ipinanganak siya noong Setyembre 1, 1960 sa Barangay Palmera, Lao-ang, Northern Samar. Nagsimula siyang mamulat at kumilos habang nag-aaral sa San Roque National High School. Noong 1979 sa ilalim ng lagim ng pasistang diktadurang Marcos, sumampa si Ka Biboy sa yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) na pinamunuan noon ni Rodante "Ka Walug" Urtal (Sa kanya ipapangalan ang kumand sa operasyon ng BHB sa Northern Samar). Kumilos ang nasabing yunit sa Lao-ang, na bahagi ng central-north na erya ng Samar. Mula noon hanggang siya ay mamartir, hindi umalis si Ka Biboy sa buong-panahong pagsilbi sa rebolusyon.

Noong 1980, inilipat si Ka Biboy sa pang-liaison na yunit na direktang nakapailalim sa Komiteng

Rehiyon. Pagka 1981, hinuli siya ng pasistang rehimen sa Catbalogan City at dinala sa Matuguinao, Western Samar kung saan siya ikinulong. Kahit na hindi pa matagal sa kilusan, imbis na magtraydor at makipagtulungan sa kaaway nangibabaw ang kanyang diwang rebolusyonaryo—tumakas siya sa kulungan sa pamamagitan ng pagsisinungaling na maliligo siya. Nakaregrup siya sa mga kasamang kumikilos sa Matuguinao at kalaunan ay nakabalik sa dati niyang yunit noong 1982. Pagka 1983, naging sekretaryo siya ng kanyang kinabibilangang liaison unit.

Noong 1984, idineploy si Ka Biboy patungo sa Front Guerrilla Unit ng BHB sa Northern Samar kung saan naging bahagi siya ng yunit kumand ng kumpanya. Kalaunan, idineploy siya sa Regional Guerrilla Unit (RGU) kung saan siya magtatagal sa serbisyo. Nang maitayo ang unang batalyon ng RGU, naging pinuno siya ng weapons platoon hanggang sa maging upisyal ng isang kumpanya nito. Pagka 1992, sa tanglaw ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto (IDKP), nilusaw ang nasabing batalyon. Gaya ng ibang kadre ng rehiyon, itinaguyod ni Ka Biboy ang IDKP at walang pag-atubiling lumahok sa gawaing masa kasama ang ibang Pulang mandirigma na nanatili sa RGU. Tumulong ang yunit na ito sa pagrekober sa erya ng Silvino Lobos, Northern Samar, at sa Calbiga-Pinabacdao sa Western Samar noong 1993-1995.

Noong 2005, pinamunuan ni Ka Biboy ang matagumpay na reyd ng BHB sa Barangay Cagpili,

Oras, Eastern Samar. Mula 2007 hanggang 2013, nagsilbi siyang kumander ng Subregional Operations Command ng BHB-Leyte (Mt. Amandewin Command). Malaki ang naging papel niya sa gawaing rekoberi ng baseng masa sa prubinsya ng Southern Leyte, na noo'y nagtamo ng pinsala dahil sa mga kumalat na maling kaisipan sa loob ng kilusan na naiwasto rin.

Noong 2016 naging kumander si Ka Biboy ng Rodante Urtal Command ng BHB-Northern Samar sa ilalim ng pamprubinsyang komite ng Partido. Dahil sa kanyang malalim at malawak na kaalaman sa larangang militar sa rehiyon, noong 2020 ay itinalaga siyang kumander ng Panrehiyong Kumand sa Operasyon ng BHB-Eastern Visayas (Efren Martires Command), tungkuling kanyang hahawakan hanggang sa kanyang pagkamartir.

Malinaw na modelong kadre militar si Ka Biboy. Walang makakapantay sa talim ng kanyang pag-alala sa mga pangyayari, sa mga pangalan at lugar, sa mga petsa ng operasyon, o sa bilang at kilos ng mga kolum ng kaaway. Sa harap ng makakapal na pakat, nahasa siyang kalmadong basahin ang sitwasyon. Ito ay dahil lagi siyang nakikipagkonsultahan sa mga responsableng kasama, kabilang ang masang magsasaka na alam niyang siyang may superyor na kaalaman ng tereyn, malayo sa mga diumano'y abanteng kagamitan ng pasistang militar. Lubos ang tiwala niya sa talino ng masa kung saan mahusay din siyang makipagkaisa, kaya gayon na lamang ang

pagtitiwala nila kay Ka Biboy, ang kanilang minamahal na kumander.

Bilang tunay na Pulang kumander, mataas ang kaalamang pulitiko-militar ni Ka Biboy. Mahaba ang kanyang pasensya sa pagtulong at matiyagang paglilinaw ng mga prinsipyo at patakaran sa mga kasamang may kalituhan. Taglay ang kanyang mayamang karanasan sa gawaing masa, sa mga taon bago siya pumanaw ginabayan niya ang mas nakababatang Pulang mandirigma sa gawaing pagpapalawak at rekoberi, sa pag-aaral sa kalagayan ng masa at sa pakikipagkaisa sa kanila. Nagawa nilang muling maitayo ang mga organisasyong masa. Itinulak ni Ka Biboy ang mga kasama na maging malikhain at maghanap ng maraming paraan upang makamit ang nakatakdang misyon. Naging madali para sa kanilang makatrabaho at matuto sa kanya dahil sa kanyang demokratikong estilo ng pamumuno. Mataas ang pagrespeto sa kanya ng mga kasama.

Kasama ang kanyang minamahal na asawa at kapwa kasama, binuo ni Ka Biboy ang isang rebolusyonaryong pamilya. Iminulat nila ang kanilang mga anak sa pagiging makatarungan ng kanilang ipinaglalabang kawsa. Gaya ng ibang rebolusyonaryong magulang, nagsilbi ang kanilang mga anak bilang inspirasyon upang baguhin ang lipunan at pandayin ang mas maliwanag na kinabukasan para sa kanila.

Sa 43 taon ng tuluy-tuloy na pagsisilbi sa mamamayan, pinatunayan ni Ka Biboy ang lubos niyang paniniwala sa kawastuhan ng rebolusyon at ang bukal sa loob niyang pagtitiwala sa masa.

Sa panahon ng tagumpay o kabiguan nanatili siyang matatag; hindi siya nagdalawang-isip sa bawat ipinagkatiwala sa kanyang responsabilidad anuman o saanman ito ipapatupad.

Bago pumanaw, naging bahagi si Ka Biboy ng sekretaryat ng Komiteng Rehiyon, na pinapamunuan ang Partido at BHB habang hinaharap ang pinatinding pag-atake ng rehimeng US-Marcos sa rebolusyonaryong kilusan. Mulat sa mga bagong hamon ng panahon, nagsikap si Ka Biboy na pag-aralan at subaybayan ang nagbabagong kalagayan upang sapat itong paghandaan.

Ang armas na nabitawan ni Ka Biboy ay pinulot at mahigpit na tinatanganan ngayon ng bagong hanay ng mga kabataang kadre at mandirigma na binibigo ang pasistang terorismo ng estado ng rehimeng US-Marcos. Taglay nila ang mga turo ni Ka Biboy at ng ibang mga martir ng rebolusyon, gayundin ang Marxismo-Leninismo-Maoismo, ang abanteng ideolohiya ng proletaryado at masang anakpawis, upang pamunuan ang malawak na mamamayan na basagin ang kanilang takot, isulong ang demokratikong rebolusyong bayan, at kamtin ang makatarungan at maningning na sosyalistang hinaharap.

Mabuhay si Kasamang Gil Giray! Mabuhay ang anim na magigiting na martir ng Imelda at lahat ng martir ng rebolusyon!

Isulong ang demokratikong rebolusyong bayan!
Isulong ang digmang bayan hanggang sa tagumpay!

(Waray Translation)
**Pinakahitaas nga Pula nga pagsaludar
kan Ka Gil Giray**

Nobyembre 21, 2023

CPP Eastern Visayas Regional Committee

Nobyembre 2, 2023 | Iginpapaabot han Komite han Partido ha Rehiyon ha Sinirangan Bisayas an pinakahitaas nga Pula nga pagsaludar kan Kasamang Gil Giray, kilalado ha mga kasama ngan masa komo Ka Biboy, bantugan nga Pula nga kumander, kadre han Partido ngan mabayanihon nga tagserbe han katawhan.

Haros usa katuig na an naglabay han madarahug hiya nga patayon, kaupod an lima nga iba pa nga Pula nga mangaraway, han pasista nga rehimen US-Marcos ha terorista nga panmomba han 8th Infantry Division ha Barangay Imelda, Las Navas, Northern Samar.

Hul-os kami nga nakikig-usa ha kasubo ha iya asawa, mga anak, mga kaurupdan ngan kasangkayan ha iya pagkamatay. Nadelatar man ini nga parangal, diri hini naiibanan an hitaas nga pagtagad namon, han bug-os nga Pula nga hukbo ngan han hiluag nga masa kan Ka Biboy.

Kilalado liwat hi Ka Biboy ha mga ngaran nga Ka Orlan, Ka Godo ngan Ka Sido. Natawo hiya hadton Septyembre 1, 1960 ha Barangay Palmera, Laoang, Northern Samar. Nagtikang hiya nga mapukaw ngan gumios samtang nag-eeskoyla ha San Roque National High School. Hadton 1979 ha

ilarum han ngirhat han pasista nga diktadura nga Marcos, nagpultaym hi Ka Biboy ha yunit han Bagong Hukbong Bayan (BHB) nga ginpamunuan ni Rodante “Ka Walug” Urtal (Ha iya ig-ngangaran an kumand ha operasyon han BHB ha Northern Samar). Ginios an nasering nga yunit ha Lao-ang, nga kaparte han central-north nga erya han Samar. Tikang hiton tubtub han iya kamartir, waray gud pagbaya hi Ka Biboy ha bug-os nga panahon nga pagserbe ha rebolusyon.

Hadton 1980, iginbalhin hi Ka Biboy ngadto ha panlayason nga yunit nga direkta nga nakapailarum ha Komite han Rehiyon. Pagka 1981, gindakop hiya han pasista nga rehimen ha Catbalogan City ngan gindara ha Matuguinao, Western Samar diin hiya iginpriso. Bisan kun diri pala maiha ha kagiusan, imbes nga magtraydor ngan makigkooperar ha kaaway inungbaw an iya diwa nga rebolusyunaryo—ineskapo hiya ha prisuhan pinaagi han pagpasangil nga tiparigo hiya. Nakaregrup hiya ha mga kasama nga ginios ha Matuguinao ngan ha dayuday nakabalik ha iya daan nga yunit hadton 1982. Pagka 1983, nagin sekretaryo hiya hini nga panlayason nga yunit.

Hadton 1984, igindeploy hi Ka Biboy ngadto ha Front Guerrilla Unit han BHB ha Northern Samar diin nagin kaparte hiya han yunit kumand han kumpanya. Ha dayuday, igindeploy hiya ha Regional Guerrilla Unit (RGU) diin hiya mag-iiha ha serbisyo. Han matukod an syahan nga batalyon han RGU, nagin pinuno hiya han weapons platoon tubtub nga magin upisyal hiya han usa nga kumpanya hini. Pagka 1992, iginlusaw an nasering

nga batalyon ha lamrag han Ikaduha nga Kagiusan nga Pagtutul-id (IDKP). Sugad han iba nga kadre han rehiyon, igin-undong ni Ka Biboy an IDKP ngan waray pagruhaduha nga pinartisipar ha buruhaton masa kaupod an iba nga Pula nga mangaraway nga iginpabilin ha RGU. Binulig ini nga yunit ha pagrekober ha erya han Silvino Lobos, Northern Samar, ngan ha Calbiga-Pinabacdao ha Western Samar hadton 1993-1995.

Hadton 2005, iginpamunuan ni Ka Biboy an madinaugon nga reyd han BHB ha Barangay Cagpili, Oras, Eastern Samar. Tikang 2007 tubtub 2013, nagserbe hiya nga kumander han Subregional Operations Command han BHB-Leyte (Mt. Amandewin Command). Dako an nagin papel niya ha buruhaton rekoberi han base panmasa ha prubinsya han Southern Leyte, nga nakaagum hadto hin destroso tungod ha mga nagsamwak nga sayop nga panhunahuna ha sakob han kagiusan nga natul-id gihapon.

Hadton 2016, nagin kumander hi Ka Biboy han Rodante Urtal Command han BHB-Northern Samar ilarum han pamprubinsya nga komite han Partido. Tungod ha iya hilarum ngan hiluag nga kahibaruan ha natad militar han rehiyon, hadton 2020 gin-ngaranan hiya nga kumander han Panrehiyon nga Kumand ha Operasyon han BHB-Eastern Visayas (Efren Martires Command), responsabilidad nga iya kakatinnan tubtub han iya kamartir.

Klaro nga modelo nga kadre militar hi Ka Biboy. Waray makakatupong ha tarum han iya kamatiiron han mga panhitabo, han mga ngaran ngan lugar,

ha mga petsa han mga operasyon, o ha ihap ngan gios han mga kolum han kaaway. Ha atubangan han mga madakmol nga pakat, nabaid na hiya nga kalmado nga mabasa an sitwasyon. Tungod ini kay permi hiya nakikigkonsultahay ha mga responsable nga kasama, kalakip an masa nga parag-uma nga aram niya amo an mayda superyor nga kahibaruan han tereyn, hirayo ha mga kunuhay abante nga higamit han pasista nga militar. Hul-os an iya pagtapod ha kabaltok han masa diin maupay liwat hiya makig-usa, sanglit sugad gihapon an pagtapod nira kan Ka Biboy, an ira minayuyo nga kumander.

Komo tinuod nga Pula nga kumander, hitaas an pulitiko-militar nga kabatiran ni Ka Biboy. Hilawig an iya pasensya ha pagbulig ngan makurimot nga pagklaro han mga prinsipyo ngan palisiya ha mga kasama nga nagugupungan. Amkon an iya riko nga ekperyensya ha buruhaton masa, ha mga tuig antes hiya mamatay gin-giyahan niya an mas barubata nga mga Pula nga mangaraway ha buruhaton ekspansyon ngan rekoberi, ha pag-aram han kamutangan han masa ngan ha pakig-usa ha ira. Nahimo nira nga utro nga tukuron an mga rebolusyunaryo nga organisasyon masa. Ginduso gud an mga kasama ni Ka Biboy nga magin mahimuon ngan magbiling hin damo nga pamaagi agud makab-ot an nakatalaan nga misyon. Nagin masayon para ha ira makatrabaho ngan mahibaro tikang ha iya tungod ha iya demokratiko nga estilo han pamumuno. Hitaas an pagrespeto ha iya han mga kasama.

Kaupod an iya higugmaon nga asawa ngan igkasi kasama, nabug-os ni Ka Biboy an usa nga rebolusyunaryo nga pamilya. Iginpukaw nira an ira mga anak ha pagin makatadungan han ira iginpapakig-away nga kawsa. Sugad han iba nga rebolusyunaryo nga kag-anak, nagserbe an ira kabataan nga inspirasyon agud bag-uhon an katilingban ngan pandayon an mas malamrag nga kabubwason para ha ira.

Ha 43 katuig nga dirudiretso nga pagserbe ha katawhan, iginpamatud-an ni Ka Biboy an hul-os niya nga pagtuod ha katukmaan han rebolusyon ngan hukas ha kasingkasing nga pagtapod ha masa. Ha panahon han kadaugan o kaperdihan nagpabilin hiya nga madig-on; waray hiya pagruhaduha ha kada igintuin ha iya nga responsabilidad bisan ano o bisan diin pa man ini igpapatuman.

Antes maawat an kinabuhi, nagin kaparte hi Ka Biboy han sekretaryat han Komite han Rehiyon, nga ginpapamunuan an Partido ngan BHB samtang gin-aatubang an ginpagrabe nga pangatake han rehimen US-Marcos ha rebolusyunaryo nga kagiusan. Pukaw ha mga bag-o nga ayat han panahon, naningkamot hi Ka Biboy nga adman ngan subaybayan an nagbabag-o nga kamutangan agud sadang ini nga pangandaman.

An armas nga nabuhian ni Ka Biboy, ginpurot ngan hugot nga ginkakatinan yana han bag-o nga ranggo han mga batan-on nga kadre ngan mangaraway nga ginpapakyas an pasista nga terorismo han estado han rehimen US-Marcos. Amkon nira an mga tutdo ni Ka Biboy ngan han

iba nga martir han rebolusyon, sugadman an Marxismo-Leninismo-Maoismo, an abante nga ideolohiya han proletaryado ngan han masa nga anakbalhas, agud pamunuan an hiluag nga katawhan nga buungon an ira kahadlok, ipasulong an demokratiko nga rebolusyon han katawhan, ngan kab-uton an makatadungan ngan maranggalat nga sosyalista nga kabuwason.

Mabuhay hi Kasamang Gil Giray! Mabuhay an unom nga mabayanihon nga martir han Imelda ngan an ngatanan nga martir han rebolusyon!

Ipasulong an demokratiko nga rebolusyon han katawhan! Ipasulong an gerra han katawhan tubtub ha kadaugan!

Pinakamataas na Pagpupugay kay Kasamang Josephine " Ka Sandy" Mendoza: Mahusay na pinuno ng Partido sa Rehiyong Timog Katagalugan

Nobyembre 21, 2023

Fortunato Magtanggol, Spokesperson Revolutionary Council of Trade Unions-Southern Tagalog

Nakikiisa ang buong Revolutionary Council of Trade Unions-National Democratic Front of the Philippines-Southern Tagalog (RCTU-NDF-ST) sa pagdadalamhati ng kanyang pamilya, mga kaibigan, mga kasama, mga rebolusyonaryong

pwersa at inaaping masa sa rehiyon sa pagpanaw ng ating mahusay na pinuno at proletaryong lider sa Rehiyon na si Ka Sandy.

Sa gitna ng ating pagdadalamhati ay iginagawad ng RCTU-NDF-ST ang pinakamataas na pagpupugay at pasasalamat kay Ka Sandy, sa kanyang walang kapagurang paglilingkod sa interes ng masang inaapi, sa rebolusyon, at sa kanyang mahusay na pamumuno sa Partido.

Si Ka Sandy ay kagawad ng Komite Sentral ng Partido at pangalawang ikalawang kalihim ng Komiteng Rehiyon sa Timog Katagalugan. Siya ay namayapa noong ika-10 ng Nobyembre matapos ang halos isang linggong pakikipaglaban sa kanyang karamdaman.

Sa kanyang pagpanaw, nawalan tayo ng mahusay na pinuno, organisador taktisyan ng kilusang masa, at higit sa lahat, nawalan ang Partido at rebolusyon ng isang mahusay na proletaryong lider at isang dedikadong kadre at mapagmahal na kasama na ibinigay ang kanyang walang kapalit na pagmamahal sa adhikain ng masa at rebolusyon. Hindi lang ang kanyang mga mahal na anak ang nawalan ng nanay, inulila din niya ang mga bagong sibol na kadreng kanyang pinanday sa mahirap na pakikibaka na nagturing sa kanya bilang isang mahusay na guro at mapagkalingang nanay sa loob ng kilusan.

Sa loob ng kanyang halos apat na dekadang pagkilos, sa kanayunan man at sa kalunsuran, mahusay niyang ginampanan ang mga tungkulin at responsibilidad na iniatang sa kanya ng Partido.

Ang kanyang mapangahas na pag-ako at mahusay na paggampan ng anumang gawain iniatang sa kanya ay nagbunga ng malalaking ambag na tagumpay sa Partido at rebolusyon at nag-ambag sa kabang-yaman ng karanasan sa rebolusyunaryong kilusan at Partido sa rehiyon.

Malaki ang ginampanang papel ni ka Sandy sa pag-oorganisa at pamumuno sa kilusang masa sa TK sa panahon nang noo'y sugarol, lasenggero at korap na Rehimeng Estrada. Pinangunahan at idinirehe niya ang malakas na pagkilos ng manggagawa, magsasaka, maralitang lunsod, mga katutubo, mga estudyante at panggitnang pwersa na nagsama-sama sa malawak at malakas na pagkilos sa mga lansangan sa rehiyon hanggang sa kamaynilaan, na malakas na nag-ambag sa maagang pagpapatal sik kay Estrada sa poder ng kapangyarihan.

Higit na namukadkad ang kanyang galing at pagiging mahusay na pinuno, madiskarteng taktisyan ng kilusang masa, at tagapagsanay ng mga bagong lider at kadre ng Partido ng pangunahan niya ang buhay at kamatayang pakikibaka ng rebolusyunaryong kilusang masa sa TK sa paglaban sa inihatik na puting lagim ng teroristang rehimen ni Arroyo. Matapang na hinarap, inilantad ng kilusang masa sa rehiyon sa pamamagitan ng iba't ibang anyo ng pagkilos hindi lamang sa rehiyon kundi maging sa punong kabisera ng bansa ang bawat paglabag sa karapatang tao ng mga alagang berdugo ni Arroyo gaya nina Heneral Orbon at Palparan saan man panig ng rehiyon. Ang bawat paglabag sa

karapatan pantao ay malikhain niyang naisasalin sa pampulitikang pakikibaka na pumupukaw at nakakapagpakilos sa libu-libong masa. Sa panahon ni BS Aquino, pinamunuan niya ang pag-oorganisa sa mga pakikibaka at kampanyang masa laban sa Oplan Bayanihan na naglantad sa interbensiyong militar, pagkawalak ng kalikasan, ilegal mining at pagkawala ng kabuhayan. Hanggang sa panahon ng rehimeng Duterte, pinangunahan niya ang paglaban sa EO 70, NTF ELCAC at ATL na ipinagpapatuloy ng ilehitimong rehimeng Marcos-Duterte hanggang sa bago siya pumanaw.

Sa buong panahon ng kanyang pamumuno sa kilusang lungsod mula dekada 2000 hanggang sa kanyang pagpanaw, saksi ang buong rebolusyonaryong kilusang manggagawa sa rehiyon sa kanyang mahusay na pamumuno, sa kanyang lapat sa lupang paggabay lalo na sa mga bagong kadreng sinasanay, at mahusay na paggiya para kalasin ang bara, lutasin ang gusot at patatagin ang pagkakaisa ng mga kasama.

Isa siyang tunay na komunista na ipinauna ang kapakanan ng iba kaysa kanyang sarili, maalalahanin siya sa mga kasamang may karamdaman, sa mga kasamang nahaharap sa problema at palaging nakahandang abutin ng kanyang mahabang kamay maging sa labas ng yunit na kanyang direktang pinangangasiwaan.

Kahit nakaratay sa karamdaman si Ka Sandy, masidhi ang kanyang hangarin na gapiin ang karamdaman upang pahabain pa ang kanyang buhay, patuloy na tupdin ang rebolusyonaryong tungkulin sa Partido at sa sambayanang Pilipino.

Iginupo man ng karamdaman ang kanyang pisikal na katawan ngunit hindi nagupo ang kanyang dalisay na adhikain ipagtagumpay ang rebolusyon upang palayain ang sambayanan sa kaapihan laban sa imperyalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo. Namayapa siya na malaki ang tiwalang ipagpapatuloy ng mga kadreng kanyang hinubog ang dakilang misyon na kanyang nasimulan sa Partido.

Siya ay dedikado, metikulosa, malikhain at determinado sa pagtupad ng mga tungkulin, mahusay na edukador at propagandista. Mahigpit niyang isinabuhay ang linya at patakaran ng Partido sa gabay ng Marxismo, Leninismo at Maoismo. Taglay niya ang katangian ng isang mahusay na proletaryong lider at kadre ng Partido, mabuting ina ng bayan at mapagmahal na kasama.

Inspirasyon siya sa kanyang mga pinamumunuan at mga kasama lalo na sa mga kabataan at kababaihang manggagawa. Hindi niya ipinagkait sa sambayanan ang panahon ng kanyang kabataan. Hindi rin naging hadlang para sa inang katulad niya ang pagsabayin ang pagpapamilya at pagrerebolusyon.

Nawala man sa atin ang kanyang katawang lupa, subalit hindi magmamaliw ang kanyang iniwang mga aral, inspirasyon at mga ipinakitang halimbawa ng isang rebolusyonaryong ina, mapagmahal na kasama, mahusay na proletaryong lider at pinuno ng Partido sa rehiyon. Habang buhay natin kikilalanin at isasabuhay ang dakilang

ambag ni Ka Sandy. Dakila ang buhay mo, Ka Sandy, na dapat tularan at dakilain!

Mabuhay ang dakilang alaala ni Ka Sandy! Ibaling ang pamimighati sa rebolusyonaryong katapangan sa ibayong pagsulong at pag-ako ng mabibigat na tungkulin! Mabuhay ang Partido Komunista ng Pilipinas! Mabuhay ang rebolusyon at sambayanang Pilipino!

Armed revolution is just and necessary to fight state terrorism

Nobyembre 22, 2023

Maoche Legislador, Spokesperson NPA Negros Island Regional Operational Command (Apolinario Gatmaitan Command)

On November 22, 2018, tyrant Rodrigo Duterte issued Memorandum Order 32 (MO32) that declared a 'state of lawless violence' in Negros Island, together with Samar Island and Bicol region. By virtue of MO32, more troops of the Armed Forces of the Philippines (AFP) were deployed to these provinces imposing a virtual martial law.

In Negros, half a decade later, the AFP and Philippine National Police (PNP) have earned the outrage of Negrosanons for the bloody trail left wherever they conducted their anti-insurgency campaign. From November 2018 to today, nearly

a thousand cases of human rights violations have been perpetrated by reactionary state forces.

Negros Island is believed to be a laboratory for state violence where countless massacres and summary killings have occurred mainly targeting farmers and farm workers. The whole world was filled with indignation for Oplan Sauron 1 in December 2018 and Oplan Sauron 2 in March 2019, the successive salvaging of 21 civilians on July-August 2019 including a lawyer, teachers, municipal and barangay officials and a one-year old infant, the killing of human rights defender Zara Alvarez and public doctor Mary Rose Sancelan on August and December 2020, the Jacolbe massacre in July 2022, and the Fausto massacre in June 2023. These are only some of the most gruesome from a long list of state-sponsored killings on the island.

Furthermore, dozens of peasant killings were whitewashed by the military as NPA casualties in fake armed encounters. Peasants were victims of forced and fake surrender; exploited by military and police officials for access to the E-CLIP fund and outrageous bounties. Activists and human rights defenders were red-tagged and charged with trumped-up cases. The most prominent incident was the raid of offices of progressive organizations in Bacolod City, Negros Occidental on October 2019 wherein 57 individuals were jailed.

Meanwhile, the AFP and PNP have also blatantly violated International Humanitarian Law and the GRP-NDFP Comprehensive Agreement on Respect

of Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL) in the cold-blooded murders of hors de combat revolutionaries like Kerima Lorena Tariman (Ka Ella), Marilyn Badayos (Ka Anita), Florida Ceballos (Ka Panie), Romeo Nanta (Ka Juanito Magbanua), Ericson Acosta (Ka Fredo), Rogelio Posadas (Ka Cocoy), and the recent Tabugon massacre which included a pregnant woman.

With Marcos Jr and Sara Duterte at the helm, state crimes continue. Mercenary troops of the AFP and PNP hound both the countryside and the cities, utilizing the NTF-Elcac as a rubber stamp, to continue its legacy of numerous crimes against humanity such as extrajudicial killings, abductions, red-tagging, threats and harassments, indiscriminate firing and bombing, environmental destruction, and exploitation of women. Behind it all is imperialist plunder that ravages Negros Island and its people.

State terrorism and fascism in the name of anti-communism is the ruling class desperately suppressing the national democratic movement of the oppressed and exploited Filipino people. The current Marcos regime is a paper tiger seemingly intimidating, yet in truth vulnerable. History shows, however, that counterrevolution has only been able to spark a greater revolutionary movement.

Thus, what has been said before remains true: the reactionary state is the number one recruiter for the NPA. The implementation of MO32 along with the NTF-Elcac and Anti-Terror Law has worsened

the suffering of Negrosanons and the Filipino people caused by landlessness, poverty and hunger. More than ever, armed revolution is just and necessary to fight state terrorism.

Negrosanons, take up arms, join the NPA! Resist state terrorism and fascism! Justice for all victims of human rights violations!

Berdugo nga 82nd IB sang AFP ginpalukpan sang NPA

Nobyembre 23, 2023

**Sierra Roja, Media Liaison Officer
NPA-Central Panay (Jose Percival Estocada Jr.
Command**

Ginpalukpan sang isa ka yunit sang Jose Percival Estocada Jr. Command New People's Army Central Panay ang isa ka yunit sang 82nd IB sadtong Nobyembre 21, 2023 pasado alas 2:00 sang hapon sa Sityo Matagsim, Barangay Aglobong, Janiuay, Iloilo. Kasugpon ini sang opensibang aksyon nga ginpatigayon sang NPA sa boundary sang Barangay Atimonan kag Barasalon, Janiuay, Iloilo sadtong Nobyembre 12 batuk sa mga berdugong pwera militar nga malawig na nga nagalunsar sang rigodon nga operasyon sa mga kabanwahanan nga sakup sang Central Panay nga nagatuga sang kakugmat nga nagresulta sa pagkatublag sang malinong kag hilway nga pag-atender sang pumuluyo sa ila palangabuhian.

Kabutigan ang ginpahayag sang AFP nga may 2 ka NPA nga napatay sa indi magsobra sa lima ka minutos nga bayluhanay sang lupok. Wala sang kaswalidad kag hilway nga nakamaniobra ang mga kaupod. Kabutigan man kag wala sang kamatuoran nga ginakahadlukan kag ginareport sang pumuluyo ang presensya sang NPA. Sa pagkamatuod ang berdugong militar ang nagatuga sang kahadlok sa pumuluyo. Sa tagsa ka operasyon, pamahug, intimidasyon, interogasyon, pwersahan nga pagpasurender kag pwersahan nga pagbukad sa ano man nga dala sang pumuluyo nga nagatuga sang huol sa ila nga pagbyahe sa pagwa kag pasulod sa ila mga lugar.

Pamatuod sa terorismo sang AFP ang natabo sang petsa 21. Nagtuga sang kakugmat kag kahalitan sa pumuluyo ang masobra isa ka oras nga patarasak nga pagpinalupok sang mga pwersa sang 82nd IB. Tatlo ka balay ang naigo sang ila bala nga nagresulta sa pagkasunog kag pagkaguba kag pagkasamad sang mga kagamitan kag pagkapilas sang isa ka sibilyan. Ginakondenar sang NPA ang ini nga teroristang pagpang atake sang AFP sa mga sibilyan.

Nagapanawagan ang NPA sa tanan nga mga pumuluyong biktima nga magreklamo kag sukton sang danyos ang militar sa kahalitan nga ila gintuga. Nagapanawagan man ang NPA sa tanan nga tagsakdag sang tawhanong kinamatarong, mga tawong simbahan, indibidwal kag organisasyon nga imbestigaran ang ining hitabo kag mabuligan ang mga biktima.

Nagapasalamat ang NPA sa suporta kag aktibo nga partisipasyon sang pumuluyo. Ang mga serye sang opensibang aksyon ang sabat sang NPA sa madugay na nga panawagan sang pumuluyo para sa hustisya sa mga krimen kag kahalitan nga gintuga sang AFP.

Mabuhay ang NPA! Indi magpalutos! Pamatan-on mag-entra sa NPA.

IED in Sta. Catalina, a hoax-NPA

Nobyembre 23, 2023

Estrella Banagbanag, Spokesperson NPA-Southeast Negros (Rachelle Mae Palang Command)

The Rachelle Mae Palang Command of the New People's Army Southeast Negros Guerrilla Front (RMPC-NPA) denied claims of the Philippine National Police's Regional Mobile Force Battalion 7 (PNP-RMFB7) that explosives were recovered in Sitio Carima, Barangay Talalak, Sta. Catalina Negros Oriental.

"Explosives and war materiel found in Santa Catalina is an obvious hoax. Again, they are recycling their broken-record narrative of 'discovering' evidence that they themselves have planted," RMPC-NPA spokesperson Estrella Banagbanag said.

She stressed that the recent fake news is part of the government's "witch-hunt and

counterrevolution, in trying to chase their pipe dream of eviscerating the revolutionary movement by year's end."

"The fact is state forces have been hounding Barangay Talalak and nearby hinterland barangays to protect and shove foreign investments and local projects of the ruling class, including the Tamlang Valley 'zone of peace' that is marked with blood of the farmers," the rebel spokesperson added.

She also remarked that after a series of mishaps and mis-encounters, government forces are "desperate for anything at this point to prove that they are 'winning,' while they are spreading more than battalion-sized military and police forces in a supposed 'dismantled' guerrilla front."

"The more they add to their list of stupid and heinous crimes and twisted storytelling, the more they compel the people to cling to the armed revolution launched by the NPA as the only hope to end oppression and exploitation," Banagbanag ended.#

50th IB naman ang gumawa ng fake encounter

Nobyembre 24, 2023

**Florencio Baluga, Spokesperson
NPA-Abra (Agustin Begnalen Command)**

Nitong 20 Nobyembre isa na namang palabas ang ginanap ng AFP sa kabundukan ng Barangay Mataragan, Malibcong, Abra. Ipinamalita ng 50th IB na naka-engkuwentro nila ang NPA sa nasabing lugar. Ilang libong bala at pasabog ang kanilang pinaputok, kasama pa ang pagpapaikut-ikot ng mga helicopter pandigma.

Walang katotohanan ang press release ni 5ID commander MGen. Audrey Pasia na may nangyaring encounter daw sa pagitan ng 50IB at NPA Abra sa Pacgued, Malibcong, Abra noong November 20. Walang nangyaring "15 minutes encounter". Kaya, peke na balita na may 1 M14, 3 M16, 1 K3 Light Machinegun, at 2 bandolier daw ang nasamsam ng mga kaaway ng mamamayan.

Apat na batalyong mersenaryong sundalo ang tuloy-tuloy na nakakampo sa mga baryo at gumagalugad sa kapaligiran at kabundukan ng buong probinsya. Nagpapalabas sila ng pekeng engkuwentro para bigyang-katwiran ang napakalaking ginagastos ng rehimeng US-Marcos Jr. para tustusan ang AFP.

Ang buong armadong makinarya ng reaksyunaryong estado (AFP, PNP, CAA) ay maihahalintulad sa limatik na mahigpit ang kapit sa kaban ng yaman ng sambayanan. Walang hangganan ang kanilang pagpapakabusog sa kanilang matataas na suweldo at habambuhay na pensyon na di naman sila ang nag-impok. Ito ay pinipiga mula sa pawis at dugo ng naghihirap na mamamayan. Dagdag din nilang hinuhuthot ang badyet na pambili ng mga gamit paniktik at pandigma, at mga pondong di dumadaan sa audit.

Kasalukuyang nilalapastangan ng mga tropa ni Marcos Jr ang mga mamamayan na tribung Mabaka, Banao at Gubang ng Malibcong Abra, pati ang kanilang lupang ninuno. Ipinagbabawal nilang maglibot ang mga mamamayan sa mga bundok kung saan karaniwan silang naghahanap ng dagdag na pagkain. Inoobliga silang umuwi sa sentrong kabahayan tuwing gabi kaya naiwan ang trabaho sa kabukiran.

Peligro sa buhay at perwisyo sa kabuhayan ang dulot ng AFP sa mga katutubong magsasaka. Pero tulad ng ginagawa ng mga magsasaka sa limatik na nabubuhay sa pagsipsip ng dugo ng iba, ang AFP sa probinsya ng Abra ay lilitisin sa apoy ng digmang bayan.

Barangay Development Program (BDP) sa Probinsya ng Abra, gatasan ng AFP

Nobyembre 24, 2023

**Florencio Baluga, Spokesperson
NPA-Abra (Agustin Begnalen Command)**

Hindi pag-unlad ang dulot ng Barangay Development Program. Nagngingitngit ang mamamayan sa mga napapakong pangako ng NTF-ELCAC sa iba-ibang barangay ng Abra:

- Nangako silang mamimigay ng aalagaang baboy. Nagpahanda sila ng kulungan para dito. Nagiba na lamang ang mga kulungan dahil di naman dumating ang ipinangako. Namigay naman sila ng

feeds (pakain) para sa baboy pero wala ngang ibinigay na aalagaang biik. Sa aktuwal ay tig-apat na sisiw lang ang naipamigay. • Namigay din sila ng feeds para sa isda pero wala namang binigay na pararamihing fingerlings at wala namang mga fishpond sa lugar. • Nangako silang mamigay ng tig-isang kalabaw bawat pamilya, pero nang singilin ng mga magsasaka pilit silang nangungumbinseng pananim na lang ang ibibigay nila. • Batid ng mamamayan na ang BDP ay naging gatasan ng mga opisyal ng AFP. Pondo ng LGU at iba't-ibang ahensya ang ginagamit nila sa pagpapatupad ng mga proyekto. Samantala, kanila nang ibinulsa ang bilyon-bilyong pondo ng BDP. Walang benepisyong naiaabot sa mga barangay dahil ninakaw na ito ng AFP at NTF-ELCAC.

Buwis ng taumbayan ang tumutustos sa matataas na suweldo ng mga sundalo at kanilang mga espiya na pumapatay at nagpapahirap sa mga mamamayan. Mamamayan din ang tumutustos sa pensyon ng mga berdugo, habang ang pamilya ng mga magsasaka ay walang kaseguruhang may maipapakain sa sarili nilang pamilya.

Hustisya para kay Cristina Miguel!

Nobyembre 24, 2023

**Salvador del Pueblo, Spokesperson
NDF-Cagayan Valley**

Napopoot ang buong rebolusyonaryong pwera, ang masang magsasaka at lahat ng mga kaibigan at alyado ng rebolusyonaryong kilusan sa Cagayan Valley sa mapaniil na estadong nagpiit hanggang mamamatay sa bilanguan si Kasamang Cristina Miguel o mas kilala ng masa bilang Ka Asad o Ka Sig.

Dahil sa katandaan, may iniinda na siyang mga karamdaman tulad ng asthma, hypertension at osteoarthritis bago pa man siya ikinulong dahil sa mga gawa-gawang kaso. Lumala ang mga karamdamang ito sa loob ng apat na taong pagkakabilanggo.

Noong nakaraang taon, dinapuan siya ng COVID-19 at kalauna'y nagkaroon ng pneumonia. Ilang beses siyang nawalan ng malay dahil sa kahirapan sa paghinga. Makaraan siya ay nadayagnos na may kanser sa baga. Ito ang ikinamatay niya sa edad na 67, na hindi man lamang nabigyan ng karampatang propesyunal na atensyong medikal habang nakapiit sa Bureau of Jail Management and Penology (BJMP) sa Tuguegarao City. Sa kabila ng mga panawagan at apela ng kanyang abogado at grupo ng mga tagapagtaguyod ng karapatang-tao na siya ay makalaya at agarang maipagamot, ipinagkait ito ng korte, kahit pa marami nang na-dismiss sa mga kasong isinampa sa kanya.

Hindi hiwalay ang kalagayan ni Ka Sig sa kalagayan ng marami pang detenidong pulitikal na kalakhan ay matatanda at may mga iniindang sakit. Ang pagkakait sa kanila ng karapatang-medikal ay hindi makataong pagtrato at tahasang

paglabag sa mga batayang karapatan ng isang detenido at lalo na bilang tao.

Pinakamataas na pagkundena ang ipinapaabot ng National Democratic Front-Cagayan Valley sa pagkakait ng mga karapatan ni Ka Sig na humantong sa kanyang paghihirap at pagkamatay at sa pagsahol ng mga kaso ng mga paglabag sa karapatang-tao sa mga katulad niya na biktima ng pasismo at pandarahas ng estado. Itinuturing ng mapanupil na estado na “kalaban” at “banta sa lipunan” ang mga tulad ni Ka Sig na buong-buhay na naglingkod sa mamamayang api at pinagsasamantalahan, at “krimen” ang pagkamuhi sa pang-aapi at pagsasamantala at pagtataguyod sa isang lipunang tunay na malaya, makatarungan at may pagkakapantay-pantay.

Hustisya para kay Cristina Miguel at sa lahat ng biktima ng paglabag sa karapatang-tao! Palayain ang lahat ng mga bilanggong pulitikal! Panagutin ang rehimeng US-Marcos Jr!

(English Translation)
Justice for Cristina Miguel!

Nobyembre 24, 2023

Salvador del Pueblo, Spokesperson
NDF-Cagayan Valley

The whole revolutionary forces, peasant masses and all friends and allies of the revolutionary movement in Cagayan Valley are enraged of the repressive state that imprisoned Cristina Miguel

until her death. Miguel is better known by the masses as Comrade Asad or Comrade Sig.

Because of old age, she has been suffering from health conditions such as asthma, hypertension and osteoarthritis even before her incarceration due to trumped-up charges. Her health worsened in the four years of her imprisonment.

Earlier in 2022, she was infected with COVID-19 and later on developed pneumonia. Several times she lost consciousness due to difficulty of breathing. Lately she was diagnosed of lung cancer and was the cause of her death at the age of 67, but she was never granted access to appropriate professional health care while being detained at the Bureau of Jail Management and Penology (BJMP) in Tuguegarao City. Amidst the calls and appeals of her legal counsel and groups of human rights advocates for her freedom and promptly hospitalization, it was denied by the court, eventhough most of the trumped-up charges filed against her were already dismissed.

Comrade Sig's condition is not isolated to the conditions of numerous political detainees in which majority are elderly and are ailing from various illnesses. The denial of their right to accessible medical attention is an inhumane treatment and an outright violation of the rights of the detained and more so as a human being.

The National Democratic Front - Cagayan Valley vehemently condemns the denial of Comrade Sig's rights that resulted to her languish in jail and demise and for the worsening of cases of human

rights violations to the likes of Comrade Sig that are victims of fascism and cruelty of the state. The repressive state considers people like Comrade Sig who has dedicated her whole life in serving the oppressed and exploited masses as “enemy” and “threat to society”, and being wrathful of oppression and exploitation and fighting for a society that is truly free, just and has equality is a “crime”.

Justice for Cristina Miguel and all victims of human rights violations! Free all political prisoners! Hold the US-Marcos Jr regime accountable!

Peace remains taboo under Marcos Jr’s regime

Nobyembre 24, 2023

Maoche Legislador, Spokesperson NPA Negros Island Regional Operational Command (Apolinario Gatmaitan Command)

The Apolinario Gatmaitan Command-New People’s Army Negros Island Regional Operational Command (AGC-NPA) called the amnesty program of the current Marcos regime as “bogus and obtuse” similar to the local peace efforts bragged about by the Armed Forces of the Philippines Visayas Command (AFP-VISCOM).

In a statement on Friday, AGC-NPA spokesperson Ka Maoche Legislador pointed out that the reactionary government is contradicting itself by

issuing Proclamation 404 which stated that amnesty granted to the Communist Party of the Philippines (CPP) and New People's Army (NPA) "shall not cover terrorism" among others, while the CPP-NPA has been wrongly tagged by the Anti-Terror Council as "terrorists."

"That logic alone proves how insincere the Marcos Jr regime is in addressing the roots of the armed conflict," he said.

Meanwhile, Legislador dismissed the statement of AFP-VISCOM chief MGen. Benedict Arevalo that local peace efforts 'delivered irreversible losses to the CPP-NPA.'

According to Legislador, the AFP's continuing counterrevolution plaguing both the countryside and urban areas are "not a testament of success, but rather a proof of failure of their repeated deadlines of defeating the national democratic revolution mainly waged by the NPA."

"The numbers of so-called surrenders the National Task Force (NTF)-Elcac keep bragging about are actually farmers threatened or bribed to participate in the surrender ruse, or else risk harm to themselves and their families," he added.

He underscored the stupid irony of claims of "weakening or dismantled guerrilla fronts with a few Red fighters left" but so-called surrenders keep on coming.

Legislador called the AFP's 'local peace engagements' as obvious cover-ups. "Focused military operations in Negros Island are marred

by countless war crimes against the people. There cannot possibly be any peace when landlessness and poverty exists, perpetuated by killings and impunity through rampant militarization,” he said.

Legislador added that the only incessant endeavour of the AFP is “their effort to violate human rights and international humanitarian law.”

“Whether it comes from Arevalo or his commander-in-chief Marcos Jr, it is clear to revolutionaries and the Filipino people that peace remains to be taboo while those in power methodically take strides away from that path,” he said.

“The more they falsely prattle about peace, or at least their own murderous and opposing version of it, the more they reveal themselves as criminals and enemies of the oppressed and exploited.”

The CPP will celebrate 55 years of leading the national democratic revolution with a socialist perspective this December 26.

Dakilain ang buhay at pakikibaka ni Josephine “Ka Sandy” Mendoza, isang huwarang komunista at pinuno ng masa!

Nobyembre 26, 2023

CPP-NPA Palawan

Magkasanib na pahayag Leona Paragua
Tagapagsalita, NDF-Palawan at Andrei Bon
Guerrero Tagapagsalita, BVC-NPA Palawan

Sampu ng buong kilusang rebolusyonaryo sa
Palawan, nagpupugay ang National Democratic
Front-Palawan at lahat ng yunit ng Bienvenido
Vallever Command-NPA Palawan sa dakilang
buhay ni Josephine “Ka Sandy” Mendoza. Si Ka
Sandy ay isang dakilang pinuno at gabay ng
rebolusyon sa Palawan. Sa rehiyong Timog
Katagalugan, tumayo siyang ikalawang
pangalawang kalihim ng Partido, at sa buong
bansa bilang kagawad ng Komite Sentral.
Pumanaw siya sa sakit noong Nobyembre 10, sa
edad na 59.

Nagluluksa at nagdadalamhati ang mamamayang
Palaweño sa pagpanaw ni Ka Sandy na higit na
kilala bilang Ka Cecille at Ka Billy. Kumilos siya sa
probinsya mula 1995-99 sa panahon ng muling
pagsisikap ng Partido na balikan at epektibong
ilatag ang rebolusyonaryong kilusan sa Palawan.
Kabilang siya sa mga nagpasimulang kadre ng
Partidong ipinadala sa probinsya para hawanin
ang pagtatayo ng mga sonang gerilya, sa ilalim ng
Komiteng Rehiyon ng Timog Katagalugan.
Itinalaga siyang pangalawang kalihim ng
komiteng probinsya na itinayo sa Palawan noong
1997.

Sa gabay ng Ikalawang Dakilang Kilusang
Pagwawasto, matalas na nakibaka sina Ka Sandy
at binunot ang ugat ng mga maling linyang

sumagipsip sa ilang gawain ng Partido sa puting purok. Bilang itinalagang kalihim ng Partido sa puting purok ng probinsya, kinumpuni ni Ka Sandy ang mga organisasyon ng Partido at masa at epektibong pinamunuan ang pag-ugat nito sa mamamayan. Pinangasiwaan niya ang tatlong pangkat pagsisiyasat na itinalaga sa norte, gitna at timog na bahagi ng probinsya. Masigasig niyang inalam ang kalagayan at resulta ng gawain ng mga tim, ginabayan at inarmasan ang mga kasama sa pagharap sa mga hamon ng gawain.

Dahil sa epektibong gawaing pagsisiyasat at gawaing masa ng Partido, matagumpay na nailatag ang mga sandatahang yunit pampropaganda (SYP) sa probinsya noong 1997 kabalikat ni Bonifacio “Ka Boywan/Nato” Magramo at iba pang mga kadre ng Partido na naitalaga sa Palawan. Binuo ito ng mga reimporsment na pwera at opisyal, at mga lokal na kadre at mandirigmang resulta na ng panimulang pagsulong ng gawaing sinimulan ng mga naunang kasama, kabilang si Ka Sandy.

Kasabay ng mga tagumpay sa armadong pakikibaka at pagtatayo ng base sa kanayunan, sumulong rin ang gawain sa puting purok ng probinsya na pinamunuan ni Ka Sandy. Tampok sa mga labang napasigla at napamunuan ng Partido sa kanyang panahon ang mga lokal na isyu ng mina, pagpapalayas sa mga masang nakatira sa isla Sombrero, isyu ng masa sa asinan, at marami pang iba. Sa panahon ni Ka Sandy, kauna-unahang nakapagpalahok ang Palawan sa pambansang pagkilos sa Maynila noong huling kwarto ng 1997.

Halos kasabay nito, nailunsad din ang kauna-unahang kilos-protestang antas-probinsya sa Puerto Princesa upang gunitain ang Araw ng Karapatang Pantao.

Nang malipat sa ibang gawain sa saklaw ng rehiyon noong 1999, iniwan ni Ka Sandy ang probinsya na may tatlong sonang gerilya at malakas na komite ng Partido sa puting purok na magiging angkla ng tuluy-tuloy na pagsulong ng mga gawain sa mga susunod na taon at dekada. Bagama't maiksing panahon lamang ang nailaan ni Ka Sandy sa Palawan, naging pangmatagalan ang bunga ng kanyang mga pagsisikap.

Kahit pa nalipat na si Ka Sandy sa ibang gawain, hindi niya kinalimutan ang mga usapin sa Palawan. Habang gumagampan ng namumunong papel sa pagpapasigla ng kilusang masa sa rehiyon mula 1999, dinala niya sa panrehiyon at pambansang entablado ang pakikibakang masa ng mga Palaweño. Kabilang sa mga ito ang nagpapatuloy na interbensyong militar ng US sa bansa, pagtatayo ng lihim na naval base ng US sa Oyster Bay, pagsadsad ng barkong pandigma ng US na USS Minesweeper sa Tubbataha Reef, laban ng mga magsasaka sa Yulo King Ranch, pakikibaka ng mga mangingisda, atbp.

Para sa mga Palaweño at mga rebolusyonaryong pwersa sa probinsya, si Ka Sandy ay isang mahusay na guro, pinuno at kasabay nito'y mag-aaral ng masa. Magiliw siya sa masa—ito man ay sa panahon ng mga pormal na pag-aaral at mga talakayan, mga simpleng integrasyon at kwentuhan, hanggang sa pagbabahagi ng kanyang

angking galing sa pag-awit at paggigitara. Para sa mga kasamang nakasama niya sa gawain at napamunuan niya, hindi lamang siya isang mahusay na pinuno at taktisyan sa mga gitgitang labanan sa pulitika, kundi pati na rin sa iba pang aspeto ng buhay-rebolusyonaryo ng mga kasama. Huwaran din siya bilang isang babae at inang rebolusyonaryo at pinuno.

Habampanahong dadakilain ng mga rebolusyonaryo at mamamayang Palaweño ang mga ambag ni Ka Sandy sa pagsusulong ng gawain sa Palawan! Tulad ng kanyang awit na “Kandila”, hindi magmamaliw ang kinang ng liwanag na dinala niya at ng Partido sa probinsya at ngayo’y hawak ng bagong henerasyon ng mga kadre, mandirigma at mamamayan sa Palawan!

Mabuhay ang alaala ni Ka Sandy! Paglingkuran ang sambayanan

Dakilain si Josephine “Ka Sandy” Mendoza, huwarang rebolusyonaryong lider ng TK! Tularan ang kanyang halimbawa, ubos-kayang maglingkod sa bayan hanggang sa huli!

Nobyembre 26, 2023

NDF-Southern Tagalog

Pinakamataas na pagpupugay ang iginagawad ng NDFP-ST kay Josephine “Ka Sandy” Mendoza, isang ulirang lider ng rebolusyonaryong kilusan sa

Timog Katagalugan. Namartir siya bunsod ng isang karamdaman. Ang kanyang walang pag-iimbot na paglilingkod sa masang Pilipino ay punumpuno ng maniningning na alaala at aral na nagbibigay-inspirasyon sa kasalukuyang henerasyon ng mga rebolusyonaryo. Hamon sa mga naiwang kasama na ipagpatuloy at ibayong isulong ang pakikibaka para sa pambansang demokrasya hanggang sa huling hininga, tulad ni Ka Sandy at ng lahat ng mga rebolusyonaryong martir.

Larawan si Ka Sandy ng isang walang kapagurang pinuno na laging inuuna ang kapakanan ng mamamayan at mga kasama kaysa sarili. Kahit nasa banig ng karamdaman ay patuloy siyang gumampan ng mga rebolusyonaryong gawain sa abot ng kanyang makakaya. Bilang isang rebolusyonaryong ina, tiniyak niyang tumimo sa isip ng kanyang mga anak na siya'y una sa lahat, ay para sa bayan. Nakita ng mga kasama sa kanya ang larawan ng isang proletaryong lider na nagwaksi sa sariling interes upang buumbuong makapaglingkod sa rebolusyon sa gitna ng mga kahirapan, panunupil ng estado at maging pasakit sa kanyang kalusugan.

Matapos ang ilang panahong pakikipaglaban sa kanyang karamdaman, pumanaw si Ka Sandy sa edad na 59 taong gulang nitong Nobyembre 10. Nagluluksa ang lahat ng mga rebolusyonaryo at demokratikong pwersa ng rehiyon, laluna ang kanyang mga nakadaupang palad at nakasama sa gawain na itinuring siyang guro, kaibigan at ina sa pakikibaka. Laging maalaala ng mga kasama ang

mahigpit na atensyon sa detalye ni Ka Sandy, na lumalabas hindi lamang sa pagpapatupad ng mga gawain kundi maging sa kanyang pag-aasikaso sa mga kasama.

Napakaraming humahanga at nagnanais na tularan ang huwarang halimbawa ng pagiging rebolusyonaryo ni Ka Sandy. Naging tatak niya ang walang kaparis na dedikasyon at kasigasigan sa pagtupad sa tungkulin mula nang umanib siya sa pambansa demokratikong kilusan noong 1982. Namulat siya sa loob ng eskwelahan at sumapi sa Kabataang Makabayan sa gitna ng marubdob na pakikibakang bayan laban sa diktadurang US-Marcos I. Noong 1984, sumampa siya't naging kasapi ng Bagong Hukbong Bayan sa larangang gerilya ng Mindoro. Doon siya namalagi at nagsilbi bilang edukador, propagandista at kadre ng larangan hanggang komite ng Partido sa isla. Pagsapit ng 1994, itinalaga siya sa mahalagang gawain para sa pagtatayo ng sonang gerilya sa Palawan. Lubos niyang minahal ang masang Mindoreño at Palaweño kabilang ang mga katutubong pamayanang inabot ng kanilang yunit. Baon niya para sa kanyang mga anak ang mga kwento ng magiting na pakikibaka ng masang magsasaka at katutubo para sa lupa at kanilang karapatan.

Kinalaunan, binalikat ni Ka Sandy ang mabigat na tungkuling idirehe ang hayag na demokratikong kilusan sa kalunsuran sa Timog Katagalugan. Katangi-tangi ang kanyang papel sa pagpapasikad ng kilusan at kampanyang masa sa rehiyon at paglulunsad ng malalaking aksyong protesta na

nag-ambag sa mga pambansang pagkilos. Bilang pinuno ng masa, malalim niyang sinapul ang kanilang kalagayan at kahilingan. Isinapraktika niya ang wastong linya sa pagpapalawak ng nagkakaisang prente at tinurok ang interes ng nakararami upang ibunsod ang kanilang pagkilos. Pinangunahan niya ang matapang na pagharap sa mga palalong kaaway. Anumang balakid para ipagtagumpay ang gawain ay kanyang hinahanapan ng solusyon sa pamamagitan ng pagiging mapanlikha at mapamaraan.

Kung kaya't sa direksyon ni Ka Sandy, malakas na itinambol ng mamamayan ng Timog Katagalugan ang kanilang mga karaingan hanggang sa pambansang kabisera mula panahon ng rehimeng Estrada, Arroyo, BS Aquino, Duterte at hanggang sa ilehitimong rehimeng Marcos II. Hindi nanahimik ang mga demokratikong pwersa ng TK sa harap ng matutunog na isyung pambansa habang ang mga lokal na pakikibaka ng rehiyon ay itinambol sa mas malawak na entablado. Nakaukit na sa kasaysaysan ng pakikibaka sa rehiyon kung papaano itinaguyod ni Ka Sandy ang panawagang "Lahat para sa pagtatanggol ng mga larangang gerilya at baseng masa!" sa panahon ng pananalasa ng Oplan Bantay-Laya I at II ni Arroyo. Hawak ang mga aral at tagumpay sa panahon ni Arroyo, saksi din ang Partido sa TK kung paano nya tinipon ang lakas ng demokratikong kilusang masa sa kalunsuran para ipagtanggol ang South Quezon Bondoc Peninsula noong 2012. Inani nito ang di matatawarang suporta sa loob at labas ng rehiyon para ipagtanggol ang masang magsasakang hinahambalos ng matinding

teroristang pang-aatake ng AFP-PNP. Naging materyal itong bagay sa pagbigong rebolusyonaryong kilusan at mamamayan ng Quezon sa imbing pakana ng rehimeng US-BS Aquino na wakasan ang rebolusyonaryong paglaban sa probinsya.

Ilan lamang ang pukpukang pagharap sa pananalasa ni Palparan sa Mindoro noong 2002-03, pagsagip sa SQBP noong 2012 sa napakaraming pagkakataong nagtatanghal kay Ka Sandy bilang isa sa pinakamasugid na tagapagtanggol ng karapatang tao. Sa buong panahon ng kanyang pamumuno sa kilusang masa, mahusay niyang ginabayan ang mga demokratikong pwersa upang salagin at biguin ang pang-aatake ng pasista at papet na estadong malakolonyal at malapyudal na kontrolado ng US. Nasa unahan siya ng paglaban sa puting lagim at pagbigong pagtatangkang igupo ang pambansa demokratikong pakikibaka sa mga eskwelahan, pagawaan, komunidad at sa mga susing bayan sa rehiyon. Hindi niya pinalalampas ang mga krimen ng estado at uring PML-MBK laban sa mamamayan. Pangunahin niyang atas ang paglalantad sa mga salaring berdugo at pagpapakilos sa pinakamaraming mamamayan upang kundenahin ang mga pasista. Matalinong ginamit ang lahat ng arsenal ng kilusang masa mula sa pakikibaka sa mga korte, hayag at lihim, ligal at iligal na mga aksyon at pagpapalawak ng nagkakaisang prente-alyansa sa mga panggitnang pwersa. Sa kanyang mahusay na direksyon, matagumpay na ipinagtanggol ang karapatang tao ng mga magsasaka, manggagawa at iba pang

aping uri't sektor. Pinanghawakan ng mga pwera sa TK, sa pamumuno ni Ka Sandy, ang Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law sa paggigiit ng karapatang tao.

Isang tunay na tagapagtaguyod ng kapayapaan si Ka Sandy na sumuporta sa negosasyong pangkapayapaan sa pagitan ng GRP at NDFP. Itinambol sa TK ang programa sa pamamagitan ng kampanyang edukasyon at propaganda sa kanayunan at kalunsuran. Ipinalaganap sa mamamayan ang Comprehensive Agreement on Socio-Economic Reforms na siyang puso at laman ng negosasyong pangkapayapaan. Ipinaglaban ni Ka Sandy ang tunay na reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon sang-ayon sa programa ng pambansa demokratikong rebolusyon. Batid niya na ang daan tungong tunay at pangmatagalang kapayapaan na nakabatay sa hustisyang panlipunan ay nasa katuparan ng pambansa at demokratikong kahilingan ng masang Pilipino.

Tiniyak ni Ka Sandy na magsisilbi ang kilusang masa sa kalunsuran sa pagpapalakas ng armadong pakikibaka sa rehiyon. Nagsikhay siyang palawakin at palalimin ang balon ng suportang moral at materyal para sa Pulang Hukbo. Marami sa kanyang mga sinanay na kabataan at kadre sa lungsod ang kalauna'y naging mga kadre sa mga larangang gerilya sa TK.

Tunay na walang sinayang na sandali si Ka Sandy sa mahigit apatnapung taong kanyang inialay sa

pagsusulong ng pambansa demokratikong rebolusyon.

Dapat tularan ng kasalukuyang henerasyon ng mga rebolusyonaryo ang ipinamalas niyang katatagan sa pakikibaka at katapatan sa mithiing palayain ang bayan hanggang maitatag ang sosyalistang lipunan.###

Josephine Mendoza, kapita-pitagang anak ng Mindoro, pinakamataas na pulang pagpupugay at pasasalamat sa'yo!

Nobyembre 26, 2023

CPP Mindoro Island Committee

Pinakamataas na pagpupugay ang iginagawad ng Komite sa Isla ng Partido Komunista ng Pilipinas-MLM kasama ang Bagong Hukbong Bayan at rebolusyonaryong mamamayan kay Kasamang Josephine Mendoza na kilala din bilang Ka Marta, Ka Luisa, Ka Sandy sa kanyang buhay at pakikibaka na nagpamalas ng di-karaniwang ambag, husay, dedikasyon, walang pag-iimbot na pag-aalay ng buhay, tatag at tibay ng paninindigan sa harap ng masalimuot na landas ng paglaban para sa pambansang kalayaan, demokrasya at sosyalismo. Namartir si Ka Sandy noong ika-10 ng Nobyembre matapos na maigupo ng kanyang karamdaman.

Nagluluksa ang mga Mindoreño sa pagpanaw ng kanilang kababayan, mahal na anak ng Mindoro at higit sa lahat kasama sa buhay at kamatayang pakikibaka. Pinapaabot ng Komite sa Isla ang taos-pusong pakikiramay sa pamilya at kamag-anak ni Ka Sandy kasama ang buong rebolusyonaryong kilusan sampu ng mga masa't kaibigan na nakadaupang palad niya, nakahalubilo at naging bahagi ng buhay niya sa isla ng Mindoro.

Si Ka Sandy ay alumnus ng rebolusyonaryong kilusang masa ng Mindoro, graduate with highest honors na may dakilang ambag sa kilusang masa ng isla para sa pambansa-demokratikong adhikain na may sosyalistang perspektiba. Sa Isla ng Mindoro siya nagsimulang kumilos at nagsanay ng kanyang rebolusyonaryong praktika, naghubog bilang proletaryo, at nagpundar ng kanyang rebolusyonaryong pamilya.

Bago nagpultaym sa pagkilos, naging kasaping tagapagtatag siya ng Samahan ng Kabataang Mindoreño (SKM). Kinaharap nila ang mapanupil na rehimen ng diktadurang US Marcos Sr, nag-ahita at nagmulat ng kapwa kabataan at Mindoreño sa panawagang ibagsak ang malupit at papet na diktadurang ito. Naging aktibo siya sa loob ng paaralan upang labanan ang pagtaas ng matrikula at tumitinding panunupil sa mga kabataan. Nakalahok siya at nagmobilisa ng kapwa Mindoreño sa unang makasaysayang Lakbayan ng 1984 na nanawagan ng pagboykot sa eleksyon para sa rubber stamp na Batasang Pambansa ni Marcos Sr. Hanggang sa nakita

niyang hindi sapat ang pagkilos sa legal upang ibagsak ang kinamumuhang rehimen. Iniwan niya ang maalwan na buhay at nagpasyang magpultayn sa sonang gerilya ng Mindoro noong 1984. Sa kabila ng petiburges na uring pinagmulan, minahal niya ang mga katutubong Mangyan at magsasaka at nakipamuhay sa kanila tulad ng mga anak ng maralita. Dito niya ipinamalas ang kahusayan sa alinmang gawaing rebolusyonaryo na kanyang nilubugan - pagmumulat, pag-oorganisa, at pagpapakilos ng masa, pagsusulat sa lokal na rebolusyonaryong pahayagang masa na Alab, paglahok sa aksyong militar ng BHB, gawaing alyansa at pagpapalitaw ng pinansya para sa kilusan. Mahusay din siyang kadreng pangkultura, at kinagigiliwan ang pag-awit at paggitara. Bago siya napalipat ng gawain sa labas ng isla, kagawad na siya ng komite ng Partido sa isla ng Mindoro.

Bagamat napalipat sa iba't ibang gawain hanggang nakatuntong sa pagiging kagawad ng Komite Sentral, hindi iniwanan ni Ka Sandy ang pagggabay at pamumuno sa isla ng Mindoro. Nakasubaybay siya sa mahahalagang kaganapan sa isla, patuloy na nagsisikap na maibante ang lahatang panig na gawain dito, naging kaagapay sa maraming liko-at-ikot na paglaban at kilala ang mga mayor na personahe dito maging ito man ay sa burges na buhay, reaksyunaryong pulitika at sa kilusang masa. Sa maraming okasyon ng pambansa at panrehiyong pagkilos, sabik niyang inaalam ang delegasyon ng isla ng Mindoro.

Nasubaybayan at nakalahok siya sa pagpupundar ng mga larangang gerilya sa Mindoro. Ang kanyang kasiglahan bilang kabataan ay ginugol niya sa pag-oorganisa sa hanay ng mga katutubong Hanunuo at Buhid at magsasaka sa erya ng Roxas, Bongabong at Bulalacao sa Oriental Mindoro at sa hanay ng mga katutubo at magsasaka sa Magsaysay at San Jose, Occidental Mindoro. Nakatuwang siya sa pagsusulong ng kampanya sa paglalansag ng mga pastuhan ng mga despotikong panginoong maylupa upang makinabang ang mga magsasaka at katutubo sa kanilang mga halaman at di magambala ang pamumuhay sa mga lupain na kanilang pinundar. Naging kalakasan niya ang pagiging propagandista, edukador, organisador na nagpalakas ng kilusang masa upang mabilis na mailatag at mapalakas ang mga larangang gerilya sa isla.

Ipinamalas niya ang kahalagahan ng pangangalaga sa kalikasan ng Mindoro bilang bahagi sa pурсigidong nag-organisa ng unang lakbayan sa isla na tumututol sa mapaminsalang pagmimina ng carbon ng FFCruz sa Bulalacao, Oriental Mindoro. Ang pagtutol sa mapaminsalang pagmimina at iba pang proyekto na lilikha ng masamang epekto sa buhay, kabuhayan ng mga Mindoreño at sa kapaligiran nito ay kasama sa kanyang personal na adbokasiya at ipinamalas sa pagdadala nito bilang bandilang isyu ng kilusang masa sa rehiyon man, sa isla o sa antas pambansa.

Kung paano ginamit ng AFP-PNP ang Mindoro bilang laboratoryo sa kontra insurhensya noong

PNP Experiment ng 1991, ito rin ang isa sa nagsilbing paaralan ni Ka Sandy sa paglalalatag ng taktika sa kilusang masa at crisis management, na epektibong nagamit ang mga aral sa mga kasunod na mayor ng buko ng banggaan sa pagitan ng rebolusyon at reaksiyon. Hindi na lamang sa Mindoro ito nailapat, kundi sa buong rehiyon at naging ambag sa pambansang antas.

Instrumental ang kaalaman at perspektibang nahalaw ni K Sandy sa pamumuno at pag-iipon ng lakas ng kilusang masa upang harapin nito ang kadilimang hatid ng Oplan Habol Tamaraw (OHT) ng berdugong si Jovito Palparan, ng 204th Brigade ng rehimeng US-Macapagal-Arroyo sa Mindoro. Pinamunuan at idinirehe niya ang kampanyang masa sa paglaban sa OHT na siyang nagbigay ng direksyon sa masa't rebolusyonaryong pwersa sa Mindoro at rehiyon upang buong tapang at walang takot na labanan ang pag-atake sa buhay, kabuhayan at karapatan ng mga Mindoreño. Idinisenyo niya ang kampanya upang ilantad at usigin si Palparan sa kanyang napakaraming krimen sa mga Mindoreño. May malaking ambag ang kampanyang paglalantad, paghihiwalay at pag-usig sa berdugong ito upang sa kaduluhan ay humantong sa paghuhusgang maysala at pagkakakulong nito.

Ang mga naipong karanasan sa pagharap sa tumitinding karasahan ng estado at tumataas na impyunidad ay nagbigay sa kanya ng higit na kakayahan at kapasyahan sa pamumuno ng kilusang masa sa kalunsuran laban sa surgical operations sa hayag na kilusang masa sa ilalim ng

rehimeng Gloria Macapagal -Arroyo at sa kampanyang Iligtas ang SQ-BP sa ilalim ng rehimeng Aquino II. Isa siya sa maagang nagkondena sa drug war ng rehimeng Duterte at nagtaya na di magtatagal ay ibabaling ang atake ng buhong na rehimeng ito sa pambansa-demokratikong kilusan.

Hindi matatawaran ang ibinigay na dedikasyon ni Ka Sandy sa pamumuno at paggabay sa mga kasama, sa pakikitunggali sa iba't ibang tunguhing lumilihis sa batayang prinsipyo ng kilusan at sa paglalatag ng mga taktika sa pakikibakang masa. Hindi makukumpleto ang salaysay ng rebolusyonaryong kasaysayan ng Mindoro at Timog Katagalugan nang walang pagsambit sa ambag niya.

Sa kanyang pagpanaw, nawala sa ating hanay ang isang mahusay, matatag at matibay na kadre na dalisay ang rebolusyonaryong pananaw at paninindigan gaano man ang hirap at panganib na hatid nito. Sobrang higit sa sapat ang dahilan upang ihatid natin siya sa dambana ng imortalidad upang magsilbing tanglaw at inspirasyon sa kasalukuyang henerasyon ng mga rebolusyonaryo. Tiyakin nating patuloy na naglalagablab ang diwang iniwan ni Ka Sandy sa pagsasabuhay ng mga aral na mahahango sa kanyang buhay at pakikibaka. Ito ang pinakamahusay na paraan ng pagpapamalas ng ating walang hanggang pasasalamat sa kanyang pag-aambag upang makalaya ang bansa sa kuko ng pyudalismo, burukrata kapitalismo at imperyalismo. Inihabilin niya sa mga bagong sibol na rebolusyonaryo't

masa ang walang pag-iimbot na pag-aalay ng lakas, talino, buhay at pagmamahal sa dakilang layuning pambansa demokratiko hanggang sa makamit ang tagumpay tungo sa sosyalistang kinabukasan na tiyak na darating sa walang kapaguran at buong kapangahasang pagsisikap ng lahat!

Ibaling ang pamimighati sa rebolusyonaryong katapangan at optimismo! Isabuhay ang diwa ni Kasamang Josephine Mendoza! Mindoreño, tahakin ang landas na tinahak ni Ka Sandy! Mabuhay ang Mindoreño, mabuhay ang sambayanang Pilipino! Mabuhay ang Partido Komunista ng Pilipinas! Isulong ang Pambansa-demokratikong rebolusyon hanggang sa ganap na tagumpay!

Nagasingki nga Militarisasyon sa Central Negros labi pa nga nagaperwisyo sa pumuluyo

Nobyembre 27, 2023

**JB Regalado, Spokesperson
NPA-Central Negros (Leonardo Panaligan
Command)**

Naglab-ot sa 150-200 ka tropa sa 5-8 ka kolum sang pasistang 62nd IB ang nakapakat sa mga banwa kag syudad sakop sang Central Negros sugod sadtong November 21 tubtob subong nga adlaw November 27, 2023. Ginapangsaka-saka ang mga kabalayan kag gina-imbestigang kaangot

sa mga presensya sang NPA. Pilit nga ginapa-ako ang mga residente.

November 21-22, 2023—3 ka kolum sang berdegong 62nd IB ang dungan nga naglusob sa sityo sang Banderahan, Amumuyong kag Cambaogon tanan sang Barangay Trinidad, Guihulngan City.

Kadungan man sini may mga kolum man sang militar nga makita sa mga Barangay sang Calupaan kag Hilaitan tanan sakop man sang Guihulngan City, Negros Oriental.

November 23—may mga kolum man sang berdegong militar sa sityo Mampayao, Barangay Malangsa, sityo mapun-as sang Barangay Guba kag Barangay Molobolo tanan sang Vallehermoso, Negros Oriental.

November 24-27, 2023—daw idu-buang ang mga militar nga naglusob sa mga Barangay sang Basak, Tacpao, Bulado kag Binubuhan tanan sang syudad sang Guihulngan. Nagatiner sila sa mga eskwelahan kag mga kabalayan.

November 27 nagatiner ang mga katapo sang 62nd IB sa Barangay Hall sang Barangay Mansalanao, La Castellana, Negros Occidental. Ginlusob man sang nasambit nga berdegong tropa ang sityo Paho sang nasambit nga baryo.

Nagtuga ini sang mahadlok sa mga residents kag Nagaperwisyo sa ila malinongnga pagpangabuhi.

Paninindak at sarbeylans ng AFP-PNP sa mga aktibista sa lalawigan ng Cavite, nagpapatuloy!

Nobyembre 27, 2023

Simeon Magdiwang, Spokesperson NDF-Cavite

Mariing kinukundena ng National Democratic Front of the Philippines-Cavite (NDFP-Cavite) ang nagpapatuloy na paninindak at sarbeylans ng Armed Forces of the Philippines at Philippine National Police sa mga aktibista ng mga progresibong organisasyon sa lalawigan ng Cavite.

Nitong buwan ng Nobyembre ay sunod-sunod ang mga ulat ng sarbeylans, profiling at paninindak ng AFP-PNP. Nobyembre 15, alas-10 ng umaga ay nagpunta ang apat na militar sa Baranggay hall ng Barangay Sapa 1, Rosario, Cavite sa pakanang hanapin umano ang lider-aktibista ng Pambansang Lakas ng Kilusang Mamamalakaya-Cavite na si Aries Soledad. Batay sa mga ulat, nagtigil ang apat na militar sa Baranggay Hall mula pagkarating nila ng alas-10 nang umaga hanggang hapon.

Subalit hindi na ito bago nang puntahan ng dalawang pulis ng Quezon City Police District (QCPD) si Soledad noong Setyembre 17, 2022 upang piling pasukuin, patigilin sa pagkilos at pagbantaan na bibigyan umano ng warrant sa susunod.

Samantala, noong huling linggo ng Oktubre at unang linggo ng Nobyembre, dalawang beses na pinuntahan ng nagpakilalang mula s PNP-Laguna ang tahanan ng isang lokal na lider-mangingisda sa Naic, Cavite. Kinukuhaan ng impormasyon at pilit siyang 'pinagsasalita' ng mga pulis kapalit ng 'pangkabuhayan package'. Mariin itong tinanggihan ng lider-mangingisda kaya walang napala ang mga kapulisan sa kanilang pagpunta.

Sa kasagsagan ng welga ng mga drayber laban sa PUVMP Phaseout noong Nobyembre 22, nilapitan ng dalawang pulis ng PNP-Cavite ang strike center ng mga drayber at operator sa Paliparan Terminal, Dasmariñas, Cavite habang nagsasagawa ng programa. Ayon sa No To PUV Phaseout Coalition-Cavite, pilit kinukuhaan ng mga personal na impormasyon ang mga drayber at pinapatigil ang kanilang programa.

Ang mga atakeng ito ay hindi mahihiwalay sa mga maiinit na laban ng mamamayan sa lalawigan. Tulad na lamang ng suspensyon ng 22 proyektong reklamasyon sa Manila Bay noong Agosto 2023 dahil sa sunod-sunod na pagkilos ng mga mangingisda, ang nakamit na 90-100% paralisasyon ng byahe noong Nobyembre 20-22 tigil-pasada ng mga drayber, at marami iba pang mga laban.

Kasuklam-suklam ang kanilang pagpapatuloy ng paninindak, profiling, paniniktik at pagbabanta sa mga aktibista upang takutin, 'pagsalitain', sapilitang 'pasukuin' at patigilin sa pakikilahok sa mga kampanyang masa. Malinaw na malinaw na hindi marunong gumalang ng karapatang pantao

ang mga militar at kapulisan. Malinaw na kanilang pinuproteksyunan ang interes ng mga malalaking burgesyas kumprador at ng korap at inutil na rehimeng US-Marcos-Duterte.

Sa likod nito, tinuligsa ng masa ang paninindak ng mga pulis at militar. Mula rito ay lalo lamang umigiting ang pakikibaka ng mamamayan.

Panawagan sa lahat ng mamamayan ng Cavite na isiwalat at ubos-kayang labanan ang lahat ng atake ng estado sa kilusang masa. Kailangang magsama-sama ng lahat ng aping mamamayan at labanan ang mga atake ng rehimeng US-Marcos II!

Pulang Pagpupugay kina Ka Jethro Isaac “Pascual” Ferrer at Ka Peter “Rochie” Rivera

Nobyembre 27, 2023

Artista at Manunulat ng Sambayanan-Rizal

Ang Artista at Manunulat ng Sambayanan-Rizal ay taos-kamaong nagpupugay kina Kasamang Jethro Isaac “Ka Pascual” Ferrer at Kasamang Peter “Rochie” Rivera. Sila ay mga pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan at mga kasapi ng Partido Komunista ng Pilipinas. Ibinuwal man sila nang pataksil ng mga buhong na kaaway ay naging tapat sila at nanindigan para sa Demokratikong Rebolusyong Bayan hanggang sa kanilang huling hininga, buhay man ang naging kapalit. Lubos ang aming pakikidalamhati sa

kanilang naiwang pamilya, mga kasama at mahal sa buhay.

Noong Nobyembre 13 ay nahuling buhay sa Barangay Buong Lupa, Gloria, Oriental Mindoro sina Ka Pascual at Ka Rochie habang dumadalaw sa pamilya ang isa pa nilang kasama. Patraydor na pinatay ng mga berdugong 76th IBPA sina Ka Pascual at Ka Rochie sa halip na ituring silang Bihag ng Digma. Makikita rin sa labi ni Ka Pascual na nakagapos ng tape ang mga paa ang bakas ng pagpapahirap bago siya pinatay.

Si Ka Pascual ay isang magiting na opisyal ng BHB sa Mindoro at kadre ng PKP. Inialay nya ang kanyang buhay sa edad na 31 gulang na walang pagod na naglilingkod sa masang inaaapi. Siya ay tubong Binmaley, Pangasinan at nag-aral sa Unibersidad ng Pilipinas sa Los Baños. Ang kanyang mga natutunan sa kursong Bachelor of Science in Development Communication ay ginamit niya hindi lamang sa loob ng apat na sulok ng paaralan o para sa sariling kapakinabangan. Bagkus ito ay naging sandata at instrumento niya sa kanyang malawak na paglilingkod sa pinagsasamantalang uri sa Timog Katagalugan.

Mula sa pamantasan, isiniwalat na ni Ka Pascual ang kalagayang ng panggigipit at mga isyus ng mga kabataang estudyante sa pamamagitan ng mga maiiksing bidyo, panulat, performance art, exhibit at iba pang medyum. Nagpasya siyang maging full-time volunteer sa panahon ng pambansang halalan 2010 at naitalaga sa lalawigan ng Rizal. Matapos ang eleksyon ay agad na rin siyang nagdeklara ng buong panahon na

kumilos labas sa paaralan at tumutok sa gawaing propaganda.

Naging kasapi siya ng Artista at Manunulat ng Sambayanan (ARMAS) noong 2009 at di nagtagal ay pumaloob sa Partido Komunista ng Pilipinas-MLM. Hindi rin naging mahirap para kay Ka Pascual ang magdesisyon na sumampa na sa Bagong Hukbong Bayan matapos mag-exposure sa kanayunan noong Disyembre 2010. Buong-buo niyang niyakap ang pinakamataas na antas ng pakikibaka. Tangan ang kanyang armas at bitbit pa rin ang kanyang mga sandata na video camera at panulat, sinuong ni Jethro ang matagumpay na landas ng Armadong Pakikibaka.

Si Ka Jethro Isaac “Ka Pascual” Ferrer ay isang mabuti, mahusay at magiting na kasama. Huwarang kabataan at ehemplo ng katatagan, katapatan at katapangan. Siya ay isang magiting na lalaking may piniling kasarian. Kasabay ng pagrerebolusyon ay nakibaka rin sya sa pyudal-patriyarka na kulturang nangingibabaw sa kanayunan at sa bahid ng burges na kulturang bitbit niya mula sa kalunsuran. Isang larawan din ng tagumpay ng makauring pagmamahalan at pagkilala sa may mga piniling kasarian ang naging buhay mag-asawa nila ng kanyang kabiyak sa Partido at BHB.

Higit pa sa isang dakilang obra ang kanyang buhay na inialay. Tanganan natin ang naiwan niyang sandata at ipagpatuloy hanggang sa tagumpay ang Demokratikong Rebolusyong Bayan na may Sosyalistang Perpektiba!

Itanghal ang Dakilang Buhay at Di Magagaping Diwa ni Kasamang Josephine Mendoza

Nobyembre 28, 2023

**Arman Guerrero, Spokesperson
NDF-Rizal**

Pinakamataas na pagpupugay ang iniaalay ng National Democratic Front of the Philippines-Rizal kay Kasamang Josephine “Sandy” Mendoza. Isang mahusay na proletaryong lider, kadre ng Partido at matatag na haligi ng Komiteng Rehiyon ng Partido sa Timog-Katagalugan. Siya ay kagawad ng Komite Sentral ng Partido at ikalawang pangalawang kalihim ng Komiteng Rehiyon.

Sa kanyang pagpanaw noong Nobyembre 10, 2023 ay nagdadalamhati at nakikiramay ang buong rebolusyonaryong kilusan sa lalawigan ng Rizal sa kanyang naiwang pamilya, anak, kaanak at sa lahat ng mga masa at mga kasamang kanyang naulila. Iginupo man ng karamdaman sa edad na 59 ay mananatiling imortal ang kanyang buhay na higit apat na dekada niyang inialay sa Demokratikong Rebolusyong Bayan para sa paglaya ng uring anakpawis na malaon nang pinagsasamantalahan ng Imperyalismo, Pyudalismo at Burukrata Kapitalismo.

Hindi siya nag-atubili na ibigay ang buong makakaya hanggang sa kanyang huling mga sandali para tupdin ang kanyang mga responsibilidad at gabayan ang kanyang mga pinamumunuan. Kahit nakaratay sa karamdaman

ay hindi nagmaliw ang kanyang marubdob na kapasyahang makagampan at makapag-ambag sa mabibigat na responsibilidad sa araw-araw. Laging buo ang kanyang kapasyahan at wala siyang sinayang na bawat sandali upang harapin ang mga tungkulin kasabay ng pag-alalay at pag-akay sa mga kasama, lalu't higit sa mga kabataang kadre na mga bagong henerasyon ng mga rebolusyonaryo at proletaryo.

Si Ka Sandy ay nagsimulang kumilos sa rebolusyonaryong kilusang kabataang estudyante noong dekada 80 sa panahon ng diktadurang US-Marcos at naging kasapi ng Kabataang Makabayan. Di naglaon ay naging kasapi siya ng Partido Komunista ng Pilipinas at kasunod na tinahak ang landas ng armadong pakikibaka at sumapi sa Bagong Hukbong Bayan. Sa loob ng isang dekada sa kanayunan ay naging mahalaga ang kanyang mga ambag sa pagpapalakas ng sonang gerilya sa Mindoro at kalauna'y sa pagbubukas sa sonang gerilya sa Palawan.

Mula sa kanayunan ay itinalaga siya ng Partido upang gampanan ang mahalagang tungkulin sasa kalunsuran upang muling pasiglahin at palakasin ang kilusang masa sa panahon ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto. Ang mga sumunod na dekada ng kanyang buhay at pakikibaka ay nakaukit sa kasaysayan ng pagsusulong ng rebolusyonaryong kilusang masa sa kalunsuran ng TK. Sa bawat rehimen na nagdaan mula kay Estrada, Arroyo, B.S. Aquino at Duterte ay ipinamalas nya ang kanyang husay, tatag at istriktong pamumuno.

Sa kanyang kumpas ay kanyang idinerehe sa wastong landas ang direksyon ng kilusang masa sa kalunsuran. Sa bawat pampulitikang krisis ay epektibo niyang pinamunuan ang paghugos ng mamamayan ng TK sa Kamaynilaan sa anyo ng mga protest camps, pagmamartsa at sakay-lakbay gaya ng Lakbayan 1997 sa panahon ng pinansyal na krisis sa Asya at pagpapatalsik kay Estrada noong taong 2000 sa tinaguriang EDSA II.

Krusyal din ang kanyang naging papel sa pagharap ng rehiyon sa paninibasib ng berdugong si Palparan Jr. sa balangkas ng Oplan Bantay Laya I at II ni Arroyo. Sa kanyang direksyon ay isa ang TK sa unang bumasag ng katahimikan nang ipinatupad ang Calibrated Pre-emptive Response na nagbabawal sa mga kilos-protesta at sa kasunod na idineklarang State of Emergency o Proclamation 1017. Muling bumuhos ang mamamayan ng TK sa lansangan at matagumpay na pinasok ang tarangkahan ng Kamaynilaan.

Sa kanyang gabay, naging makulay at mapanlikha ang iba't-ibang anyo ng propaganda at mga pagkilos sa pagpapatuloy ng pakikibaka laban sa Oplan Bayanihan ni B.S. Aquino. Kasabay ng pagiging matalas, patuloy na nilabanan ang interbensyong militar ng US, paglabag sa karapatang pantao, pagkawasak ng kalikasan, lupang ninuno at kabuhayan.

Higit na ipinakita ni Ka Sandy ang kanyang di matitinag na paninindigan at pamumuno sa panahon ng tatlong malulupit na gyera laban sa mamamayan na pinakawalan ni Duterte kasama na ang Oplan Kapanatagan. Sa inihasik na puting

lagim ay hindang-hindi nawasak ang rebolsyonaryong kilusan na malalim nang naipunla ng mga kasama katulad ni Ka Sandy.

Instrumental rin siya sa paggabay sa lalawigan ng Rizal na noo'y isa sa matinding inaatake ng puting lagim. Sa kanyang kumpas ay binuo ang iba't-ibang kampanya masa sa rehiyunal na antas upang tulungan ang lalawigan na itambol at ilantad ang talamak na paglabag ng estado sa karapatang pantao. Higit lalo ang kanyang mahigpit na pamumuno sa buong kampanyang masa sa rehiyon upang salagin at labanan ang pag-atake ng NTF-ELCAC at ang pagbasura sa EO70 at Anti-Terrorism Law.

Kilala si Ka Sandy sa kanyang husay sa pagresolba sa mga krisis. Kung saan naroon ang problema ay doon siya pinapadala ng Partido at hindi niya ito kailanman inatrasan. Lagi itong hamon sa kanya bilang isang Marxista. Isa siyang mahusay, determinado at masigasig na lider. Edukador, propagandista, ahitador, kadre, ina at mapag-arugang kasama. Siya ay isang tunay na Komunista at huwaran ng walang pag-iimbot na paglilingkod sa masa.

Hindi nakapagtataakang sa kanyang paglisan ay maraming papalit na mga bagong sibol na mga kadreng kanyang pinanday sa puspusang pakikibaka at pagmamahal sa masa. Ang kanyang alaala ay mayamang pamana ng mga aral at gabay sa pagtatagumpay ng Demokratikong Rebolusyong Bayan na may Sosyalistang Perspektiba!

Mabuhay ang maningning at dakilang ala-ala ni Ka Sandy!

Ibayong Sumulong at Ipagtagumpay ang Rebolusyon!

Mabuhay ang Partido Komunista ng Pilipinas!

LUMABAN statement on the Oslo Joint Statement

Nobyembre 28, 2023

**Jacinta Mabini, Spokesperson
Lupon ng Manananggol para sa Bayan
(Lumaban)**

As an allied member organization of the NDFP, LUMABAN (Lupon ng mga Manananggol para sa Bayan) recognizes genuine efforts to address the root causes of the armed revolution.

We welcome the Joint Statement issued by the National Democratic Front of the Philippines (NDFP) and the Government of the Republic of the Philippines. We commend the Negotiating Panel of the NDFP for its principled engagement with the GRP as it takes this initial step towards achieving just and lasting peace.

While we are hopeful that this is a small step forward, we remain ever cautious; for there is much to hurdle and we are aware of the sacrifices that the revolutionary forces, together with the oppressed and exploited Filipino people, have to

take in the struggle for national freedom and democracy against an exploitative and oppressive system under the dictates of a US-Marcos Jr regime.

We must ever be vigilant because the ruling class continues to wage war against the Filipino people.

Not only have the people been ever more vulnerable to the onslaught of economic upheavals brought about by neo-liberal policies to support a semi-colonial, semi-feudal society, they continue to suffer from the most brutal effects of state terrorism that knows no bounds in its violations of human rights and international humanitarian laws.

Even while they speak “peace”, the US-Marcos regime has announced, through its security sector, that the terrorist designation of the CPP-NPA-NDFP will remain. Even while they speak “peace”, the ruling class continues to sharpen its claws as it rampantly implements oppressive laws such as the Anti-Terror Law, EO 70 and MO 42 against those who stand up for truth and justice. Even while they speak “peace”, the relentless and indiscriminate bombings in the countryside to completely obliterate guerrilla fronts continue. These bombings wreak havoc on the lives and livelihood of the masses.

Thus, LUMABAN shall remain vigilant as we vow to support this initial impetus to talk peace by striving to be an effective force for the national democratic revolution, not only in the defense and promotion of social and political justice but also in

the building of a genuinely just, patriotic, democratic and prosperous society of the Filipino people.

Building peace requires a conscious effort away from state terrorism

Nobyembre 29, 2023

Bayani Obrero, Spokesperson NDF-Negros Island

The National Democratic Front (NDF)-Negros and its allied organizations express utmost support to the recently released joint statement of the NDFP and the Government of the Republic of the Philippines (GRP) that signified renewed endeavours to resume peace talks between co-belligerents in the on-going civil war in the country.

The Oslo Joint Statement is a genuinely positive stride to address the roots of the armed conflict. While the peace process still has a long and arduous road ahead, mutual efforts will shed light on issues that adversely affect Negrosanons and the entire Filipino people.

Even during the Duterte regime, Negrosanons bore the brunt of state terrorism and socioeconomic woes, now aggravated under the current Marcos regime.

Since the Duterte regime issued Memorandum Order 32 (MO32) along with Proclamations 360

and 374, and Executive Order 70 (EO70), it unleashed the AFP/ PNP/NTF-Elcac combined against the Filipino masses. Reactionary state forces were cloaked with impunity and this emboldened them to commit even more crimes. Negros Island has become one of its killing fields wherein majority of the victims were civilians, mostly farmers and farm workers in the countryside, and hors de combat revolutionaries.

As justice continues to evade the victims of the Sagay massacre, Oplans Sauron 1 and 2, and other Sauron-like operations, Negrosanons likewise cry for justice for over 38,000 victims of human rights abuses on the island under the current Marcos regime.

Thus, the masses in Negros demand more than a mere declaration. Sincere actions must be shown by the Marcos regime to show its good faith in achieving genuine peace. Negrosanons expect that neoliberal schemes plaguing them such as reclamation projects, eco-tourism, destructive mining operations, and environmental plunder threatening lives and livelihoods will be stopped. Militarization of peasant communities that protect these projects and has resulted to numerous human rights violations must be ended, as well.

Furthermore, we urge the GRP to heed the long-demanded release of NDFP peace consultants and political prisoners. Of the current 778 political prisoners in the country, 139 or 20 percent of them are in Negros Island, while three NDFP peace consultants are from Negros—Ka Frank Fernandez, Ka Cleofe Lagtapon, and Ka Ramon

Patriarca. Such actions must be expedited in pursuing and building the common notion for a society based on a just and lasting peace.

The Anti-Terrorism Law, as well as EO70 and MO32, must also be junked, and the 'terrorist' designation of the CPP-NPA-NDFP abrogated.

Considering the half-step forward, NDF-Negros calls on revolutionary mass organizations and various individuals, organizations and institutions who support the call for the resumption of the GRP-NDFP peace talks to remain optimistic but vigilant of the renewed peace building efforts. We must grasp the valuable lessons learned from peace negotiations with past reactionary regimes. Advancing the national democratic revolution through a protracted people's war continues to be the only recourse to genuinely establish a society based on just and lasting peace.###

Christians for National Liberation: Church's prophetic witness is to fight for the Filipino people's interests, path to just peace is addressing the roots of the armed conflict

Nobyembre 29, 2023

Christians for National Liberation (CNL)

The Christians for National Liberation (CNL), the underground revolutionary political organization of Christians and allied member organization of

the National Democratic Front of the Philippines (NDFP), welcomes the signing of the Oslo Joint Statement between the NDFP and the Government of the Republic of the Philippines (GRP) as a first step in the long journey for a just and lasting peace. The Joint Statement seeks to set conditions and a framework for the resumption of peace talks.

The Church's prophetic witness and service to stand with the poor and oppressed people is to fight for their rights and welfare, and support efforts to bring them needed relief such as social and economic reforms, including—but certainly not limited—through the peace process. CNL supports all efforts that redound to the Filipino people's interest.

CNL stands with the Filipino masses and upholds its prophetic task amid fascism and injustice as in Micah 6:8: "To act justly and to love mercy and to walk humbly with your God." Love, mercy, and compassion are in seeking justice for the poor, deprived, and oppressed.

A civil war raging for close to 54 years between co-belligerents—the reactionary US-Marcos II regime and the NDFP demonstrates that the roots of the armed conflict—injustice, oppression, and grinding poverty dating back in history to feudalism, bureaucrat capitalism, and US imperialism remain unaddressed.

The onslaught of neoliberal policies destroying lives and livelihoods of toiling workers, peasants, women, rural and indigenous peoples, and others,

and continued subservience to imperialist interests led by the US have brought so much suffering to the Filipino people. These anti-people and anti-democratic policies, implemented through fascist state machinery including the AFP and the NTF-ELCAC, are stumbling blocks to just peace. In the Christian context, these are barriers that prevent people from living lives of dignity and respect as God has designed.

Measure to create favorable conditions to resume the talks are essential, and are not preconditions. We echo the statement by NDFP Interim Peace Panel Chair Julieta de Lima that the participation of the detained NDFP consultants in the peace negotiations; the assurance of safety and immunity of all those involved in the peace talks; the general, unconditional and omnibus release of all political prisoners; and the abrogation of the false terrorist designation of the NDFP, its member organizations including CNL, panel members, consultants and all others working for peace—are serious concerns that must be addressed by the parties in advancing the process.

Previous agreements need also to be in place, especially The Hague Joint Declaration, Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL), and the Joint Agreement on Safety and Immunity Guarantees (JASIG) as these already provide the pillars of the process.

CNL promotes and upholds the NDFP program which provides a comprehensive way forward for national liberation and democracy including

upholding people's democratic rights, national industrialization, genuine agrarian reform, and promotion of a national and progressive people's culture.

With guarded optimism and revolutionary fervor, we support efforts for the resumption of the peace talks. We continue to seek justice and advance the national democratic revolution with a socialist perspective on all fronts.

Long live the National Democratic Front of the Philippines! Long live the Communist Party of the Philippines! Long live the New People's Army! Long live the Filipino people!

Pagbabalik ng usapang pangkapayapaan, suportado ng masang Sorsoganon

Nobyembre 29, 2023

**Samuel Guerrero, Spokesperson
NPA-Sorsogon (Celso Minguez Command)**

Malugod na sinusupportahan ng buong rebolusyonaryong kilusan sa probinsya ng Sorsogon ang pinirmahang Oslo Joint Statement na nagsasaad ng hangarin na muling isagawa ang usapang pangkapayapaan sa pagitan ng National Democratic Front of the Philippines at Government of the Republic of the Philippines. Ang pirmahan ng dalawang panig na naganap sa Oslo, Norway nitong Nobyembre 23, bagamat isang napakaliit na hakbang, ay maaring

humantong sa mas malaking igpaw tungo sa makatarungan at pangmatagalang kapayapaan na siyang inaasam ng malawak na sambayanang Pilipino.

Tulad ng nabanggit ni Ka Marco Valbuena, chief information officer ng Partido Komunista ng Pilipinas “Mayroong usapang pangkapayapaan dahil mayroong gera. Ang NDFP at GRP ay kumakatawan sa dalawang panig (co-belligerent) ng digmang sibil sa Pilipinas. Sila ay magkalaban at kumakatawan sa lubos na magkatunggaling interes at layunin, ngunit nagtagpo sa negosasyon sa ilalim ng deklaradong layunin na pagkakamit sa makatarungan at pangmatagalang kapayapaan.” Sa ganitong diwa, ang tunay na lugar ng usapang pangkapayapaan ay sa pormal na usapan at hindi ang nilalakong “local peace talks” ng AFP at NTF-ELCAC na walang iba kundi ang pwersahang pagpapasurender sa mga sibilyan.

Bagamat umaasa ang rebolusyonaryong kilusan at ang sambayanan sa muling pag-usad ng usapang pangkapayapaan, nanatili rin kaming mapagmatyag lalo na’t may kasaysayan ng lantarang mga paglabag sa mga napagkasunduan at tuloy-tuloy na paglabag sa karapatang-tao ang reaksyunaryong estado gamit ang kanilang mga galamay na AFP at PNP sa kabila ng mga napagkaisahang tigil-putukan nuong nakaraang mga taon.

Marapat rin, na sa inisyal at pinakaimportante, na palayain muna ng rehimeng US-Marcos ang lahat ng mga bilanggong pulitikal na NDFP peace consultants na kalahok sa usapang

pangkapayapaan at igarantiya ang kanilang kaligtasan upang tunay na umusad ang mga pormal na usapan. Maliban rito, mainam na mapalaya rin ang mahigit 800 bilanggong pulitikal at hindi ang pag-aalok ng huwad at pakitang tao na “amnestiya” kuno para sa mga rebolusyonaryo. Ang minatamis na lason na ito ay isang porma lamang ng panlilinlang tulad ng paglalako ng reaksyunaryong estado sa maanomalyang programang E-CLIP at hindi tunay na makalulutas sa ugat ng tunggalian at digmaan sa Pilipinas.

Tulad sa ibang mga probinsya sa Pilipinas, biktima rin ng ilegal na pag-aresto at gawa gawang kaso ang mga inosenteng sibilyan sa Sorsogon. Sa kasalukuyan ay nasa 8 ang mga bilanggong pulitikal sa probinsya.

Dapat sumunod ang reaksyunaryong estado sa mga batas hinggil sa pagprotekta sa mga sibilyan at pagtiyak ng kanilang kaligtasan at pag-atras ng militar sa okupado nitong mga baryo sa ngalan ng RCSP. Ilegal at lantarang paglabag sa karapatang-tao ang sumusunod: paulit ulit na “pag-iimbestiga” sa mga sibilyan, panghahas, “pagpapasumpa”, pag-abala sa kanilang paghahanapbuhay at pamimilit ng AFP na magkampo at magtayo ng detatsment sa mga matataong lugar at paggamit sa mga daycare center, kapilya, baranggay hall at evacuation center bilang kanilang detatsment tulad ng ginagawa sa kasalukuyan ng 22nd IBPA sa Barangay Beguin, Brgy. Padre Diaz, Brgy. Calpi, Brgy. Cadandanan sa bayan ng Bulan; Brgy. Maalo at Brgy. Calmayon sa bayan ng Juban; Brgy.

Bagacay sa bayan ng Barcelona; at sa Brgy. Bato ng Bacon district.

Tanging sa paglutas sa ugat ng tunggalian at digmaan tulad ng kahirapan, kawalan ng hustisyang panlipunan, kawalan ng lupa at kabuhayan at iba pa, makakamit ang tunay, makatwiran at pangmatagalan na kapayapaan sa Pilipinas.

Pahayag ng Kabataang Makabayan-Eduardo Aquino sa pagkatatag nito

Nobyembre 29, 2023

Kabataang Makabayan (KM)-Balangay Eduardo Aquino

Ilang dekada nang nakaukit sa kasaysayan ng bansa ang militanteng pakikibaka ng mga abataan kasama ang sektor ng mga manggagawa't magsasaka laban sa mperyalismo, pyudalismo, at burukrata-kapitalismo.

Ngayong napapasailalim muli ang Pilipinas sa kamay ng rehimeng US-Marcos at sa kaliwa't kanang krisis Pampolitikang at pang-ekonomikal, tinatawag tayo ng Inang Bayan upang buongpusong tumanggap ng mas malaking responsibilidad para wakasan ang mga ito. Bilang tugon, taas-kamao naming ipinapahayag ang pagkatatag ng panibagong balangay na Kabataang Makabayan-Eduardo Aquino.

Si Eduardo Aquino ay isang bayaning namulat mula sa mga anti-imperyalistang pagkilos noong panahon ng Vietnam War at mula sa masang kanyang inorganisa sa kanayunan. Dahil sa kanyang mas kritikal na suri sa kalagayan ng mga pinagsasamantalahan, siya ay humawak ng armas at inangat ang kanyang pakikibaka sa pinakamataas na uri nito. Sa kabila ng pasismo sa panahon ng Batas Militar, ipinagpatuloy niya ang kanyang pakikipaglaban hanggang sa kanyang huling hininga.

Sa pangunguna ng Partido Komunista ng Pilipinas na ginagabayan ng Marxismo- Leninismo- Maoismo, palalakasin ng KM-Eduardo Aquino ang alab ng diwang makabayan mula sa mga silid-aralan hanggang sa kanayunan. Buong tapang na ipagpapatuloy ang sinimulang laban nina Bonifacio mula sa lumang tipo at Aquino mula sa bagong tipo. Kikilalanin at pararangalan ang kanilang kabayanihan at kadakilaan at gagawing halimbawa kung paano mamuhay bilang isang rebolusyunaryo.

Sa pagharap natin sa patuloy na lumalalang krisis ng bansa, malinaw na iisa lamang ang solusyon: digmang bayan. Nararapat na isulong at paigtingin ang digmaang bayan hanggang sa makamit ang tagumpay. Ang tagumpay na makakamtan ay tagumpay ng bayan para sa tunay na demokrasya.

Kabataan, lumahok sa demokratikong digmang rebolusyon!

Sumapi sa Bagong Hukbong Bayan! Viva CPP-NPA-NDF!

Pahayag ng Kaguma kaugnay ng Oslo Joint Statement

Nobyembre 29, 2023

Katipunan ng mga Gurong Makabayan (Kaguma)

“Ang daan patungo sa isang makatarungan at pangmatagalang kapayapaan ay mahaba at palikoliko...ngunit kailangan nating tahakin ang landas na ito para na rin sa kapakanan ng mga mamamayan.”

Ito ang mga paunang salita ni NDFP Consultant Luis Jalandoni pagkatapos lagdaan ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) at mga upisyal na sugo ng Gubyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP) ang Oslo Joint Statement noong ika-23 ng Nobyembre, 2023. Kaya ang buong kasapian ng Kaguma, sampu ng mga progresibong mga samahan ng mga guro, edukador at manggagawa sa edukasyon, ay nagpapahayag ng kagalakan at ganap na suporta sa mahalagang hakbang na ito para ipagpatuloy ang usapang kapayapaan na naudlot dahil sa paglapastangan ng pasistang rehimeng US-Duterte sa naunang pag-uusap.

Matatandaan na ginamit ng pasistang rehimeng US-Duterte ang usapang kapayapaan upang pilit na pasukuin ang rebolusyunaryong kilusan at

ganap na pumailalim sa peryahan ng huwad na demokrasya ng rehimeng US-Duterte. Nang hindi natinag ang CPP/NPA/NDF, naglabas ang pasistang Duterte ng mga kautusang naglalayong durugin ang rebolusyunaryong pwersa, pati na ang mga ligal na masang organisasyon. Andiyan ang Memorandum Order 32 (MO32), Proclamations 360 at 374, pati na Executive Order 70 (EO70) na bumuo sa National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC). Gamit ang whole-of-nation approach, ginamit ni Duterte at ng kanyang mga alipores na sundalo at kapulisan ang lahat ng institusyon at ahensya ng pamahalaan, kasama na ang DepEd at CHED, para magpalaganap ng red-tagging, manira ng mga aktibista at magsamsam ng mga rekurso at pinansya ng mga hayag na masang organisasyon. Ginamit din ang Senado at Kongreso para pilit na palitawin ang ginagawang “recruitment” daw ng mga paaralan at mga guro sa mga kabataan para sumapi sa BHB. Sa desperasyon ng pasistang Duterte, niratsada ang pagsasabatas ng Batas Kontra-Terrorismo noong 2021. Sa ilalim ng batas na ito nabuo ang Anti-Terrorism Council na ginamit ng mga asong sundalo para paramihin ang mga huwad na surrenderees para makubra ng mga heneral ang pabuya at tumaas ang kanilang mga ranggo. Sumirit din ang dami ng mga aktibistang dinukot, na biktima ng EJK, pinagbantaan, dinalaw sa kanilang mga bahay, at ginawan ng mga huwad na kaso.

Sa hanay ng kaguruan nariyan si Assistant Principal Rosanilla “Lai” Consad na kinasuhan ng

multiple attempted homicide sa Butuan City. Nariyan din si Dyan Gumanao ng ACT sa Cebu na dinukot noong ika-10 ng Enero 2023. At ang buong kasapian ng ACT ay tinawag na mga “liars, terrorists and sympathizers of terrorist groups” ng mismong DepEd Secerary at Pangalawang Pangulo ng NTF-ELCAC na si Sara Duterte sa araw pa man din ng mga guro. Kahit ang CONTEND-UP Diliman ay sinasama sa mga Powerpoint Presentations ng NICA kung saan pinaparatangan sila na mga terorrista kasama ang ACT. At ngayong araw lamang, ika-29 ng Nobyembre nagkaroon ng pagdinig sa senado si Bato de la Rosa para suriin daw ang recruitment patterns ng mga paaralan dahil dumarami ang mga estudyanteng sumasapi sa BHB.

Mga kasamang Kaguma at mga progresibong guro ng bayan, alam natin na hindi kailan man iligal o krimen ang tumuligsa laban sa pamahalaan. Hindi terorismo ang mag-organisa ng unyon para sa mga guro. Ito ay ating karapatan bilang mga mamamayan. Kung nagtatalakay man tayo ng armadong pakikibaka, ito ay parte ng kalayaang akademiko. Napakamapanganib na idawit ang ating kapwa guro at estudyante sa “terorismo” dahil nagdudulot ito ng pangamba na maaari silang dukutin at patayin anumang oras, o kaya ay tanggalin sa paaralan dahil lang sa paratang na mga tagasuporta sila ng mga “terorista”, o kaya ay mapwersa na manahimik kaysa maging mga kritiko.

Kaya mahalaga ang nilagdaang joint statement ng GRP at NDF. Isa itong kalahating hakbang upang

matuldukan ang 54 na taong armadong tuggalian sa ating bayan. Ngunit hindi ito magtatagumpay kung hindi magiging sinsero ang rehimeng US-Marcos. Mangyayari lamang ito kung ibabasura ang mga dekreto ni Duterte: Memorandum Order 32 (MO32), Proclamations 360 at 374, pati na Executive Order 70 (E070). Dapat mabuwag ang NTF-ELCAC na nagsisilbing mabangis na halimaw na sumasagpang sa maraming aktibista at anay na umuukok sa mga demokratikong institusyon ng ating bayan.

Kailangang mapawalang bisa ang pagtuturing sa CPP/NPA/NDF bilang mga teroristang organisasyon. Hindi puwedeng mag-usap ang GRP at CPP/NPA/NDF habang itinuturing na mga “terorista” ang mga kasama sa usapang kapayapaan. Pagpapakita ito ng “bad faith” sa panig ng GRP.

Bukod pa rito, dapat ding palayain ang mga bilanggong pulitikal lalo na ang mga nakakatanda, mga kababaihan at may mga sakit. Ang kapayapaan ay hindi makakamit hanggat may mga nakakulong dahil lamang sa kanilang mga paniniwalang pulitikal. Kaya dapat lang panagutin ang NTF-Elcac sa mga kasamaang hinasik nito sa mga mamamayan.

Kaya hinihikayat ng Kaguma ang aming mga kapwa guro, mga edukador, mga kabataan at mga progresibong manggagawa sa edukasyon na magkaisa tayo at magpalawak ng hanay upang suportahan ang pagbabalik ng usapang pangkapayapaan. Halina at magdaos ng mga forum, symposium, panayam sa ating mga

paaralan upang maipaliwanag sa mas malawak na hanay ng mamamayan ang usapang kapayapaan. Ipaalam natin sa ating mamamayan na hindi makakamit ang tunay na kapayapaan kung hindi matutugunan ang mga ugat ng tunggalian. Sumama tayo sa mga pagkilos, sa mga pagpupulong at ating pag-usapan sa klase ang ugat ng armadong tunggalian sa ating lipunan. Gumawa tayo ng mga exhibits at mag-imbita ng mga taong simbahan, mga peace advocates, mga tagapagtaguyod ng karapatang pantao para magsalita sa ating mga klase, webinars, at pagpupulong. Itambol natin bilang mga guro na hindi militarisasyon at pasismo ang sagot sa kahirapan. “Ang daan patungo sa isang makatarungan at pangmatagalang kapayapaan ay mahaba at paliko-liko...ngunit kailangan nating tahakin ang landas na ito para na rin sa kapakanan ng mga mamamayan.”

Ituloy ang usapang kapayapaan! Ipaglaban ang pangmatagalang kapayapaang nakabatay sa katarungang panlipunan!

Pinakamataas na pulang pagpupugay kina Ka Tagub, Ka Bundo, Ka MC, Ka Esang at K Adja, ang pinakahuling bayani ng Mindoro at sambayanan, mga tunay na inapo ni Gat Andres Bonifacio!

Nobyembre 29, 2023

CPP Mindoro Island Committee

Sa ika-160 kaarawan ng bayaning si Andres Bonifacio iginagawad ang pinakamataas na pulang parangal at pagpupugay ng Komite sa Isla ng Partido Komunista ng Pilipinas -MLM, ng pang - islang kumand sa operasyon ng LDGC-NPA-Mindoro at ng mga rebolusyonaryong organisasyong masa sa ilalim ng NDFP-Mindoro kina Kasamang Tagub/Roche (Peter Rivera), Ka Bundo/Pascual (Jethro Isaac Ferrer), Ka MC/Teng/ NY (Kure Lukmay), Ka Laura/Esang (Abegail Bartolome) at Ka Adja (Jovit Almoguera). Namartir sina Ka Bundo at Tagub matapos mahuli at sadyang pinaslang ng 76th IBPA, 203rd Brigade noong Nobyembre 13, 2023 sa sityo Layang-layang, Gloria habang namartir naman sina Ka MC, Laura at Aja habang magiting na lumalaban sa umaataakeng kaaway noong Nobyembre 19, 2023 sa sityo Tugas, Barangay Sabang, Pinamalayan, kapwa sa Oriental Mindoro.

Silang lima (5) ang mga bagong rebolusyonaryong bayani ng Mindoro at ng sambayanang Pilipino at mga tunay na inapo ni Gat Andres Bonifacio sa kanilang pag-aalay ng kanilang buhay sa dakilang layunin na pagsusulong ng pambansa-demokratikong rebolusyon na may sosyalistang hinaharap. Iniambag nila ang tanging buhay sa magiting na pagtatanggol sa masang anakpawis at mamamayang Mindoreño sa harap ng pananalasa, kalupitan at panunupil ng 203rd Brigade at PNP-MIMAROPA na nagsisilbing pasistang haligi sa Mindoro ng reaksyunaryong gobyernong

kinakatawan ngayon ng rehimeng US-Marcos-Duterte.

Sa pagbuwis ng buhay ng mga kasama sa magiting na paglaban, ipinakita lamang nito ang kabayanihan ng mga kasamang suungin ang panganib upang ipagtanggol ang mga Mindoreño at sambayanang Pilipino. Ito ang pinakamataas na patunay ng sinseridad ng paglilingkod ng CPP-NPA-NDFP sa interés ng uring anakpawis at sambayanang Pilipino. Samantala, patunay din ito sa kalupitan at karahasan ng reaksyunaryong estado na walang ibang ginawa kundi ang durugin ang anumang pagtutol ng sambayanan upang ipagtanggol ang mapagsamantala at mapang-aping paghahari ng uring panginoong maylupa, malalaking burgesya komprador at ng kanilang among imperialista. Binibigyang liwanag ng mga kaganapang ito ang kawastuhan ng pagsusulong ng armadong pakikibakang isinusulong ng Bagong Hukbong Bayan at ng Partido Komunista ng Pilipinas (MLM). Katunayan, pagpapatuloy ito ng hindi pa natapos na rebolusyon at armadong pakikibaka na pinamunuan ng pambansang bayaning si Andres Bonifacio para sa pambansang kalayaan at demokrasya.

Ang mga kasamang mártir ay dapat nating parangalan, salduhan at dakilain dahil isinakatuparan nila ang dakilang tungkulin ng CPP-NPA-NDFP na isulong ang interés ng lahat ng demokratikong uri at sektor sa lipunan sa harap ng napakalaking panganib at kahirapan sa pagkilos. Huwaran sila ng di matitinag na rebolusyonaryong tatag, tapang at kapangahasan

na dapat nating halawan ng inspirasyon. Hindi kailanman nila kinatakutan, bagkus kinuhang malaking hamon ang harapin at biguin ang kampanyang supresyon laluna mula ng itakdang eye of the storm ang isla ng Mindoro sa programang NTF-ELCAC ng nagdaang rehimeng US-Duterte at ipinagpatuloy ng rehimeng US-Marcos II. Hindi man lamang sila nangilo sa walang lubay na malakihang mga focused military operations (FMO) at reengineered community support program operations (RCSPPO) na inilunsad sa buong isla hanggang sa kasalukuyan. Bilang mandirigma ng BHB, inspirasyon nilang bigyan ng katarungan ang mamamayang biktima ng mga paglabag sa karapatang pantao at internasyunal na makataong batas. Imbes na matakot, nangibabaw sa kanila ang makauring pagkamuhi sa kaaway na nagpapahirap at nagmamalupit sa mga magsasaka, katutubong Mangyan, manggagawa, malamanggagawa, kababaihan, mangingisda at iba pang aping uri't sektor.

Habampanahong alalahanin ng mga rebolusyonaryo at sambayanang Pilipino ang mga ambag ng mga kasama martir:

Si Ka Tagub/Roche na ang tunay na pangalan ay Kasamang Peter Rivera. Si Ka Roche ay nagpultaym noong 1987. Mula sa grupong Hanunuo sa Sityo Kalinisan, Barangay Bayobot, San Jose, Occidental Mindoro naorganisa ang kanyang pamilya at sa kanilang komunidad siya nagsimulang kumilos. Nahuli siya ng kaaway sa isang depensibang labanan noong 1988 nang nahagip siya ng tropang umatake sa kampuhan

habang naliligo sa sapa. Mabilis siyang nairilis ng kaaway sa tulong ng kanyang mga kamag-anak. Pero seryoso siya sa pagrerebolusyon kaya kaagad siyang bumalik sa pagkilos matapos na nakalaya. Masigla sa gawain, aktibo sa pag-aaral, at walang pagod sa gawaing propaganda, hanggang sa naging Iskwad Lider (IL) siya ng isang Sandatahang Yunit Pampropaganda (SYP). Naging gawain ng yunit na ito ang pagkokonsolida ng mga samahang masang naitayo sa mga lupang okupasyon sa Bulalacao-Magsaysay. Sa panahong nagpapalakas ng gawain sa Palawan, isa siya sa naideploy doon noong 1995. Nakabalik siya sa isla ng Mindoro noong 2014, matapos mawalan ng ugnay sa kanyang mother yunit sa Palawan at nagpasyang dito na sa Mindoro sumanib. Sa pagbalik sa Mindoro, naging platun lider siya ng isang yunit sa Timog Mindoro hanggang 2018 at matapos ito ay napalipat sa yunit na nakapakat sa sentral ng Oriental Mindoro kung saan siya namartir. Sa buong buhay niya, maipagmamalaki ang 12 malalaking TO (laking platun at kumpanya) na kanyang nilahukan sa Mindoro at Palawan, kung saan 7 sa mga ito ang tagumpay. Nagdala at nakalahok din siya sa mahigit 20 maliit na atritibong TO kabilang ang 14 na snipe operation, at karamihan ay haras -riple na may kumbinayon ng pasabog. Di mabilang na depensibang labanan ang kinaharap niya at pabirong sinabi niya na hindi niya binibilang ang mga depensibang labanan dahil baka lalo lamang siyang nerbiyosin. Siya ang naging tagasalo ng responsabilidad sa pagdadala ng yunit tuwing nagkakaroon ng dislokasyon sa pamunuan ng kanilang platun.

Ka MC, na ang tunay na pangalan ay si Ka Kure Lukmay, na kilala din sa kodang Ka Teng/ NY/MC. Tulad ni Ka Roche siya ay nagmula sa Hanunuo-Mangyan. Si K Mc ay naorganisa sa kanilang pamayanan sa Sityo Kilapnit, Barangay Panaytayan, Mansalay, Oriental Mindoro. Matapos maorganisa sa kanilang sityo ay agad siyang nagpasyang magpultaym noong 1998. Sa panahong ito ay may panawagang mag-ambag ang Mindoro ng mga pwera sa ibang larangan sa labas ng isla. Isa si Ka Mc sa nagboluntaryong maideploy sa malayong lugar. Mahabang panahon ng kanyang pagkilos ay inilaan niya sa labas ng isla. Noong 2009, muli siyang bumalik sa Mindoro para dito kumilos. Sa pagbalik sa Mindoro, nakalahok siya sa ilang mayor na taktikal na opensiba, kabilang ang mahusay na paggampan niya bilang IL ng isang pormasyon sa labanan sa DRC noong Marso 6 2010, kung saan nadurog ng BHB ang isang platun ng 23rd DRC. Nakalahok siya sa mga pagsasanay ng mga opisyal at kadreng militar noong 2015 at isa sa nagtapos na may mataas na marka. Siya ang naging katuwang ng mga instruktur sa pagsasanay ng kanyang mga kapwa opisyal at mandirigma.

Kinilala ang husay ni Ka MC sa matatagumpay na operasyong isnayping na kanyang pinangunahan at inilunsad. Tampok dito ang matagumpay na operasyong isnayping laban sa pasistang tropa ni 1Lt. Nollora ng pasistang 4th IBPA na nanguna sa mga pagpapasuko at pananalasa sa baseng masa sa Timog Mindoro.

Pinangibabawan ni Ka MC ang mga krisis na kinaharap sa kanyang buhay bilang mandirigma ng BHB at kadre ng Partido laluna noong mamatay ang kanyang asawa. Kahima't may ilang panahong pansamantala siyang namahinga bilang pultaym na BHB, tuloy-tuloy niyang ginampanan ang rebolusyonaryong tungkulin sa lokalidad. Dahil dito, napangibabawan niya ang krisis at muling bumalik bilang pultaym na mandirigma at kadre ng Partido at ibinuhos ang kanyang buong lakas, talino at galing sa pagsusulong ng rebolusyon hanggang sa kanyang huling hininga.

Ka Adja, na ang tunay na pangalan ay si Ka Jovit Almoguera, kilala din sa mga kodang Ka CJ/Mona/Jamil. Mula sa Barangay Metolza, bayan ng Naujan, Oriental Mindoro nagpultaym si Ka Adja noong 2004. Nasa panahon pa ito ng pagtatanggol laban sa Oplan Habol Tamaraw ni Jovito Palparan sa Mindoro. Simula ng nagpultaym, tuluy-tuloy na siyang kumilos, at unang yunit na kinapalooban niya ay ang sentro-de-grabidad na platun o pangunahing panlaban na platun sa isla. Gawaing militar ang pangunahing kinaharap niya sa pagpakat sa SDG-platun at nakasama agad siya sa mga mayor na taktikal na opensiba sa isla mula sa taong ito. Halos naikot ni Ka Aja ang buong kalupaan ng Mindoro dahil sa mga kampanyang militar. Isa sa matagumpay na taktikal na opensibang nilahukan niya ang labanan sa Km13 kung saan halos nadurog nila ang isang platun ng 23rd DRC noong 2010. Mula naman 2014, nailipat siya sa pangunahing yunit gerilya sa rehiyon. Gumampan siya dito bilang opisyal at karaniwang nagdadala ng masinggan ng kanilang

yunit. Naging aktibo at malakas siyang katuwang na pwera sa mga inilunsad na taktikal na opensiba tulad ng matagumpay na reyde sa magkasanib na pwera ng AFP-PNP na nakabase sa munisipyo ng bayan ng Paluan, Abra De Ilog, Occidental Mindoro noong Nobyembre, 2014. Namartir siya sa panahong nakatalaga sa panlarangang yunit ng BHB sa bahaging sentral ng Oriental Mindoro.

Ka Bundo/Pascual, na ang tunay na pangalan ay si Kasamang Jethro Isaac Ferrer, kilala din sa kodang Ka Pascual. Si Ka Pascual ay tubong Binmaley, Pangasinan at nagmula sa uring mababang petiburgesya. Nag-aral siya ng kolehiyo sa University of the Philippines-Los Baños sa kursong Bachelor of Science in Development Communication. Dito siya higit na namulat sa kalagayan ng mga kabataang estudyante—ang panunupil sa kalayaan sa akademya at pamamahayag. Taong 2009 nang maorganisa siya sa Artista at Manunulat ng Sambayanan (ARMAS), isang lihim na pambansa-demokratikong organisasyon at sumusuporta sa armadong pakikibaka.

Di kalaunan ay narekluta siya bilang kasapi ng Partido at tuluy-tuloy na nag-aral ng Marxismo-Leninismo-Maoismo hanggang sa magpasyang mag-exposure sa isang yunit ng New People's Army noong Disyembre 2010 sa Mindoro. Hindi natagalan, nagpasya siyang buong-panahong kumilos sa Pulang hukbo at tinanganan ang pinakamataas na porma ng pakikibaka, ang armadong pakikibaka at tuparin ang kanyang

pangarap na maging sundalo—hindi ng mapang-aping estado, kundi ng mamamayan. Pagdating sa Hukbo, likas na masipag sa gawaing teknikal at militar si Ka Pascual, kaya mabilis siyang natuto sa pang-araw-araw na buhay ng Hukbo. Gumampan sya bilang giyang pampulitika, opisyal sa lohistika at naging Vice Squad Leader nang ilang panahon.

Setyembre 2012 nang muling binuo ang Panrehiyong Istep sa Propaganda at Kultura (RIPK) ay ipinaloob dito si Ka Pascual bilang kagawad. Sa pamumuno at gabay ng Komiteng Rehiyon sa TK, pinangunahan nina Ka Pascual ang pagpapasigla sa gawaing propaganda at kultura sa rehiyon. Naging manunulat siya ng Kalatas, Dagitab at mga pamamahayag sa rehiyon. Gumampan din siya sa gawaing reproduksyon ng mga Pulang pahayagan at iba pang lathalain, paggawa ng bidyo, pagiging war correspondent sa ilang piling taktikal na opensiba sa rehiyon atbp. Isa siya sa boses at may likha ng maraming mga bidyong inilabas ng Tanglaw Midya. Sa gawaing istap niya ibinuhos ang pinakamalaking bahagi ng kanyang buhay-rebolusyonaryo mula 2012 hanggang 2021. Ilang panahong hinawakan ni Ka Pascual ang pangangalihim sa gawaing propaganda at kultura sa rehiyon at kalaunan bilang pangalawang kalihim. Sa mga panahong ito, pana-panahon din siyang gumagampan ng gawaing masa sa saklaw ng rehiyon at nakilala ng masang magsasaka at katutubo sa hangganang Quezon-Bicol at North Quezon-Rizal.

Mula 2022 hanggang sa kanyang pagkamartir ay gumampan si Ka Pascual ng gawain sa teritoryo sa isang larangang gerilya sa isla ng Mindoro, kung saan rin siya nahikayat na maging pultaym na mandirigma noong 2011. Hanggang bago siya mabuwal, gumampan siya bilang regular na kagawad ng Komite ng Partido sa Isla ng Mindoro at ubos-kayang nag-ambag para sa muling pagpapalakas at ibayong pagpapasigla ng rebolusyon sa buong isla.

Ka Laura/Esang, na ang tunay na pangalan ay si Ka Abegail Bartolome. Magiting na pulang mandirigma ng BHB si Ka Laura. Mula sa kalunsuran, sumampa siya sa BHB noong 2014 at mula noon, walang tigil at buong husay niyang ginampanan ang kanyang mga tungkulin bilang pulang mandirigma sa pagsusulong ng digmang bayan sa loob ng 10 taon hanggang sa siya ay namartir.

Sa loob ng 10 taon niyang pagkilos sa BHB gumampan ng mga susing tungkulin si Ka Laura upang pasiglahin ang armadong pakikibaka sa rehiyong TK, laluna sa panahon ng walang habas na pananalasa ng kampanyang supresyon ng tiranikong rehimeng US-Duterte at hanggang sa kasalukuyang ilehitimong rehimeng US-Marcos II.

Matapos ang halos dalawang taong paggampan ng mga tungkulin sa isang larangang gerilya sa Timog-Quezon-Bondoc Peninsula, naitalaga si Ka Laura sa gawaing istap ng panrehiyong kumand sa operasyon, una bilang opisyal sa paniktik at ikalawa bilang kagawad ng istap sa tauhan at pagsasanay. Naging bahagi si Ka Laura ng mga

matutunog na taktikal na opensiba ng BHB na nagparusa sa mga pangunahing kaaway ng masang magsasaka, katutubo at mamamayan sa rehiyong TK. Pinakatampok dito ang kanyang naging susing papel sa matagumpay na magkakasunod na reyd na isinagawa ng BHB laban sa armadong pwersa at ari-arian ng numero unong malaking burgesya kumprador na si Henry Sy sa Barangay Papaya, Nasugbo, Batangas at ang matagumpay na ambus ng BHB laban sa mga pwersa ng 202nd Brigade sa Luisiana, Laguna noong 2017. Walang takot na ginampanan ni Ka Laura ang kanyang tungkulin maging ang kumilos kalapit at nasa tungki ng ilong ng mga armadong pwersa ng kaaway na kanyang minamanmanan. Buo ang kanyang tiwala sa mga kasama at sa mga masang kumukupkup sa kanya at nagbibigay ng impormasyon laban sa kanilang kaaway.

Apat na taon, bago mamartir, si Ka Laura ay naging kagawad ng istap sa tauhan at pagsasanay ng panrehiyong kumand sa operasyon. Nagsilbi siyang guro ng mga mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan sa Timog Katagalugan at sa lahat ng mga yunit na kanyang sinasaniban. Sa ganito, naging bahagi siya sa konsolidasyon ng BHB at sa pagtataas ng kapasidad nito sa paglaban sa kaaway. Ilang mayor na panrehiyong pagsasanay ang pinangunahan ng yunit na kabilang si Ka Laura.

Habang at kasabay ng kanyang paggampan sa mayor na tungkulin at gawaing ibinigay sa kanya ng Partido masiglang nag-ambag si Ka Laura ng mga sulatin at ambag pampanitikan ng

rebolusyonaryong dyaryo at literary journal ng rehiyong TK at ng mga probinsyang kanyang sinaniban. Mahusay siyang manunulat at ang kanyang mga obra ay puno ng damdaming nakakaantig sa damdamin at kamulatan ng mga kasama at masa.

Matiyaga, masipag at masinop sa gawain si Ka Laura. Iniaambag niya ang kanyang ganang kaya anumang gawain at tungkulin ang ibibigay sa kanya. Hindi siya naghahanap ng anumang pusisyon sa loob ng Partido at BHB. Masaya siya na maibigay ang anumang kanyang ganang kaya sa anumang tungkulin at o gawaing ibinibigay sa kanya ng Partido ito man ay gawaing masa o gawaing militar, gawaing teknikal o gawaing pagtuturo, maging pagbabantay at pagluluto. Sa kabila ng kanyang mga limitasyong pisikal bunga ng nakasanayang buhay sa kalunsuran at sentrong kabayanan, pinangibabawan niya ang kahirapan sa pag-angkop sa hirap at bigat ng pamumuhay sa kanayunan at sa loob ng yunit ng BHB. Hindi niya inalintana ang mga kahirapan at sakripisyo at wala siyang takot sa kamatayan. Buong sikap niyang hinubog ang sarili sa impluwensya ng pyudal at burgis na mga gawi, mapagpakumbabang nagpupuna sa sariling kamalian at tinanganan ang proletaryong prinsipyo, gawi, kaisipan at kultura.

Pumanaw man ang mga naging mártir na kasama, hindi nito masusupil ang paghahangad ng bayan para sa tunay na kalayaan at demokrasya. Hinahamon nito ang sarili nating kapasyahan na tulad nila, ilaan ang ating talino, lakas, panahon at

kakayahan hanggang sa pinakamataas na pag-aambag ng buhay para sa layuning mas dakila at marangal kaysa sa ating sarili.

Ibaling natin ang pagdadalamhati sa pagkawala ng mga mahal na kasama tungo sa matibay na kapasyahan at mulat na katapangan. Ang kanilang pag-aambag ay dapat na magbigay inspirasyon sa atin at lalong magpaalab sa apoy ng pakikibaka, magpataas ng ating kapasyahang lumaban at higit na pagpursige sa mga gawain anuman ang panganib at mga kahirapan. Taimtim nating bigyang pugay ang pag-aambag ng mga kasamang martir, hanguan ng aral ang kanilang buhay at pakikibaka at gamitin nating okasyon ito upang ipahayag ang sarili nating kapasyahang isulong ang digmang bayan. Suklian natin ang kanilang sakripisyo sa pamamagitan ng ating pag-aambag ayon sa kahandaan at kakayahan ng bawat isa sa atin para sa dakilang adhikain ng pambansa-demokratikong rebolusyon na may sosyalistang perspektiba. Ito lamang ang tanging solusyon sa paghihirap at kaapihan ng sambayanan sa kuko ng imperyalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo at kamtin ang isang malaya, maunlad at demokratikong lipunan.

Ibaling ang pagdadalamhati sa higit na katapangan at kapasyahan sa paglaban! Pangibabawin ang rebolusyong optimismo sa gitna ng mga pinsala at kabiguan! Tagumpay ng rebolusyon ang gagawad ng hustisya sa mga martir! Isulong ang rebolusyon hanggang sa ganap na tagumpay!

Puluy-an sang mangunguma sa Isabela desperado nga ginransak sang 62nd IB

Nobyembre 29, 2023

JB Regalado, Spokesperson NPA-Central Negros (Leonardo Panaligan Command)

Mabaskog nga ginakondenar sang Leonardo Panaligan Command-New People's Army (LPC-NPA) ang desperado nga paggamit sang berdugong 62nd IB sang organisasyon sang NPA sa pagpangikil sa panimalay ni Bitoy Garsula sa Sityo Patag, Barangay Riverside, Isabela, Negros Occidental sadtong Nobyembre 23, sang gab-i. Nakasibilyan ang nasambit nga militar kag nagpakana nga mga NPA kag gin-into ang pamilya Garsula sang ginkuhaan sang ₱2,000.00 nga kwarta.

Nobyembre 24 sang kaagahon, liwat naman ginkadtuan sang pasistang 62nd IB ang balay sang pamilya Garsula bisan wala sang search warrant nga ginpakita sa nasambit nga pamilya. Pilit nga ginransak ang puluy-an, ginpang-ukay ang mga kagamitan kag ginpangdala sang militar ang personal nga kagamitan sang pamilya lakip na ang wala maisip nga kantidad sang kwarta.

Ikaduha na ka beses nga ginpahug ang pamilya Bersula. Ginpasibangdan sila nga supporter sang NPA.

Suno sa mga residente, sila Remart Dayanan kag Ian Bayno ang naggiya sa ilegal nga operasyon

sang berdugo kag manugpangilkil nga tropa sang 62nd IB sa pagpanguna ni Col. William Pesase, 62nd Infantry Battalion Commanding Officer.

Makahuluya ang pagpangawat kag pagpangilkil sa mga mangunguma nga ginahimo sang 62nd IB sa kaumahan sang Central Negros. Pasista kag tunay nga terorista ang matuod nga tatak sang Armed Forces of the Philippines (AFP).

Silotan ang mga traidor sa Pumuluyo sang Central Negros! Silotan ang pasista kag berdugong 62nd IB!

62nd IB padayon nagaperwisyo sa mga mangunguma sa Central Negros

Nobyembre 30, 2023

**JB Regalado, Spokesperson
NPA-Central Negros (Leonardo Panaligan
Command)**

Isa ka platun sang berdugong 62nd IB nga nag-operasyon militar sa Sityo Buragwak, Barangay Manghanoy banwa sang La Castellana, Negros Occidental desperado nga nagkastigo kay Don-don Dandoy, mangunguma nga pamatan-on kag residente man sang nasambit nga sityo sadtong Nobyembre 29 sang aga. Halos indi na magagiho ang biktima sang wala kaluoy nga pagkastigo sang mga tropa sang pasistang 62nd IB.

Ini man nga adlaw may mga kolum man sang 62nd IB nga nahisayran ang mga residente sang Sityo

Titip, Barangay Sandayao kag Sityo Punong, Barangay Trinidad tanan sang Guihulngan City.

Samtang nagapangsaka-saka man sa mga kabalayan sang mga mangunguma ang mga katapo sang 62nd IB sa Barangay proper sang Barangay Budlasan, Canlaon City.

Pilit nga ginsaka man sang walo ka mga katapo sang 62nd IB ang puluy-an ni Junior Mohaya, mangunguma kag senior citizen sang Sityo Mandayao-4, Barangay Kamandag, La Castellana. Suno sa nakasaksi, si Gerome Geronimo kag Reymart Dayanan ang naggiya sa operasyon militar.

Ang presensya sang berdugong 62nd IB kag padayon nga paglapas sang tawhanon nga kinamatarung sa Central Negros ang ginakangil-aran na sang mga Pumuluyo.

Alok na amnestiya ng GRP, hudyat ng mas marahas na panunupil at gera laban sa mamamayan

Nobyembre 30, 2023

**Armando Cienfuego, Spokesperson
NPA Southern Tagalog Regional Operational
Command (Melito Glor Command)**

Dapat ilantad at kundenahin ang hungkag na “amnestiya” na iniaalok ng ilehitimong rehimeng US-Marcos II para sa mga diumanong “kasapi ng CPP-NPA-NDFP at mga prente nitong

organisasyon". Ito ay pailalim na pang-aatake sa karapatang tao at tahasang panlilinlang sa mamamayan. Ipinatutupad ang nasabing pakana sa pamamagitan ng Proclamation 404 ni Ferdinand Marcos Jr na pinirmahan noong Nobyembre 22. Gagamitin ito ng reaksyunaryong gubyerno sa hindi matapos-tapos nitong kahibangan na wakasan ang paglaban ng bayan, laluna ang armadong pakikibakang pinangungunahan ng CPP-NPA upang kamtin ang kalayaan at demokratikong interes ng mamamayang Pilipino.

Ikinukubli ng GRP sa mapagpanggap na iskemang "kapayapaan at pagkakasundo (peace and reconciliation)" ang mapanupil at mapanlinlang na intensyon sa likod ng Proclamation 404. Ang pakanang ito ay bahagi ng estratehiya ng US at pasistang estado laban sa nakikibang mamamayan at sa kontra-rebolusyonaryong digma nito. Layunin nitong patatagin ang kapit sa poder ng naghaharing pangkating Marcos sa basbas ng among imperyalismong US. Nag-aambisyon itong mahati at magulo ang hanay ng rebolusyonaryong pwersa sa imbing layuning pahinain ang kapasyahan ng mamamayan na lumaban. Isa itong operasyong saywar ng mga militarista sa hanay ng AFP at GRP sa kumpas ng US na nag-aakalang ang rebolusyong pambansa-demokratiko ay masusupil sa pamamagitan ng pagsuko at pasipikasyon sa halip na lutasin ang tunay na ugat ng armadong tunggalian.

Malinaw ang tusong layunin ng ilehitimong rehimen sa pag-aalok ng amnestiya. Isinabay ito

sa todo-largang teroristang pang-aatake ng AFP-PNP-CAFGU sa kanayunan at maging sa mga lungsod kung saan pumuputok ang mga pakikibakang masa para sa lupa, sahod, trabaho, panirikan, edukasyon at karapatan sa serbisyong sosyal. Mismong ang hepe na ng AFP ang nagsabing hindi ito magpapatupad ng tigil-putukan dahil lang nagkaroon ng alok na amnestiya at magpapatuloy ito sa panunugis sa CPP-NPA.

Isinasapanganib din ng pakanang amnestiya ang nakikibakang manggagawa, magsasaka, mga pambansang minorya at iba pang aping sektor lalo't tahasang nakasaad sa proklamasyon na sasaklawin din nito ang mga "prenteng organisasyon". Kasingkahulugan ito ng pagsasabi ng estado na magpapatuloy ang paniniil sa mga progresibong organisasyon at panunupil upang patahimikin ang mga nakikibakang mamamayan para sa kanilang mga lehitimong karapatan at interes. Magsisilbing "ligal" na remedyo ang amnestiya para sa mga indibidwal na pinipilit ng AFP-PNP na umaming miyembro ng CPP-NPA. Matapos magdusa sa modus ng estado na dukot, tortyur at sapilitang suko, tiyak na ipipresinta sa publiko ang mga biktima bilang mga benepisyaryo ng amnestiya. Samantala, ang mga biktima nilang hindi magugupo ang paninindigan ay tuluyang tatatakang "terorista" at malamang na papatayin.

Hinding-hindi mabibitag ang CPP-NPA ng alok na amnestiya dahil tapat at determinado ang Partido at Pulang hukbo sa adhikaing palayain ang bayan mula sa pagkaalipin sa imperyalismo, pyudalismo

at burukrata kapitalismo. Bagkus, higit na pinatatag ng bawat Pulang mandirigma at kumander ng BHB ang kanilang paninidigan na isulong ang armadong pakikibaka sa harap ng pagsahol ng sosyo-ekonomikong kalagayan ng bansa at kaakibat nitong paninibasib ng estado.

Hindi natitigatig, bagkus, ay lalong naghihimagsik ang NPA at rebolusyonaryong mamamayan sa kapalaluan ni Marcos Jr na mag-alok ng amnestiya! Nananatili at higit na nag-aalab ang determinasyon ng sambayanang Pilipino na ibagsak ang malakolonyal at malapyudal na sistema itatag ang isang malaya at demokratikong sistemang panlipunan. Mahigpit ang hawak ng bawat kasapi ng NPA sa kanyang armas dahil ito at ang lakas ng mamamayan ang pinagmumulan ng pulang kapangyarihang magbabagsak sa bulok na mapang-api at pasistang estado.

Comrade Kathryn Tribute Message for Josephine Mendoza

Nobyembre 30, 2023

Comrade Kathryn NPA-Southern Tagalog

Binibigyang-pugay ng Partido Komunista ng Pilipinas sa Timog Katagalugan at lahat ng yunit sa ilalim ng Melito Glor Command-NPA Southern Tagalog si Josephine “Ka Sandy” Mendoza sa pag-aalay ng kanyang kaisa-isang buhay para sa bayan.

Kasama ang buong sambayanan, nagluluksa ang Pulang hukbo sa rehiyon sa pagpanaw ng isang mahusay na proletaryong lider. Dinadakila siya ng Pulang hukbo, masang magsasaka, manggagawa, kabataang estudyante, kababaihan, pambansang minorya at iba pang aping uri at sektor sa lipunan sa kanyang mahusay na pagdidirihe sa pakikibakang masa sa rehiyon.

Inspirasyon para sa amin, laluna sa'ming mga kabataang kababaihan, Pulang mandirigma at batang kadre ang dakilang buhay at alaala ni Ka Sandy. Namulat siya sa gitna ng lagim ng diktadurang US-Marcos. Mula nang sumapi sa Kabataang Makabayan noong 1982, tuluy-tuloy siyang kumilos hanggang sa maging kasapi ng Partido at Pulang mandirigma. Buong tapang siyang tumugon sa panawagang sumapi sa NPA at ipundar ang mga sona at larangang gerilya sa rehiyon. Hindi matatawaran ang kanyang husay at ambag sa pagsusulong ng rebolusyon sa Timog Katagalugan at buong bansa.

Hindi nalalayo ang sitwasyon natin ngayon sa marahas na Martial Law na hinarap at binigo ng henerasyon nina Ka Sandy. Nananatiling nakalukob sa ating bayan ang karimlan dahil nananatili ang paghahari ng imperyalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo. Tulad ni Ka Sandy, hamon sa ating mga kabataang kadre at Pulang mandirigma na magsilbing liwanag sa gitna ng pagdurusa ng mamamayan. Gamitin nating tanglaw ang rebolusyonaryong mga aral at alaala ng mga dakilang martir upang walang kapagurang isulong ang rebolusyon.

Tayong mga naiwan ni Ka Sandy at iba pang minamahal na mga kasama ay nararapat na magpursige at magpunyagi sa gitna ng mga kahirapan, sakripisyo at kamatayan. Ito ang ating sagradong tungkulin upang matupad ang minimithing pagpapalaya sa bayan. Buong sikhay nating imulat, organisahin at pakilusin ang masang Pilipino. Mahalin natin ang sambayanan nang higit sa ating sarili! Ang walang pag-iimbot na pag-aalay ng sarili ay tatak ng isang tunay na proletaryado't komunista at siyang dahilan kaya't minamahal at sinusupportahan tayo ng masang api.

Ipinakita ni Ka Sandy sa kanyang buhay at pakikibaka na kaakibat ng pagmamahal sa uring api ang makauring poot at galit sa nang-aapi at nagsasamantalang uri. Ibaling natin ang pagluluksa sa rebolusyonaryong galit at determinasyon na gapiin ang imbing kaaway. Ngayong nakapanumbalik sa kapangyarihan ang mga Marcos at nangangarap na muling itatag ang kanilang diktadura, nararapat na magbangon ang lahat ng mga rebolusyonaryong pwersa. Sa ganito natin tunay na madadakila ang ating minamahal na mga martir at mabibigyang hustisya ang mamamayan.

Patuloy nating ipagtanggol at payabungin ang ipinundar ng mga rebolusyonaryong martir sa higit limang dekadang pagsusulong ng pambansa demokratikong rebolusyon. Mataba ang lupa para ibayong sumikad ang pakikibaka ng bayan. Ubos-kaya nating biguin ang lahat ng pang-aatake at pakana na ihiwalay ang masa sa rebolusyon. Napakalaking tagumpay na nananatiling nakatayo

ang mga sona at larangang gerilya sa rehiyon sa kabila ng walang puknat na pang-aatake ng estado. Napakalaki ring tagumpay na hindi nadurog ang pakikibaka ng mga manggagawa, magsasaka, kabataan, kababaihan, pambansang minorya at iba pang aping uri at sektor sa harap ng puting lagim sa bisa ng Anti-terrorism Act.

Gayunman, kailangan nating higit na patatagin ang ating hanay at itaas ang antas ng ating paglaban. Itayo at palawakin natin ang mga muog na baseng masa sa mga sonang gerilya at kabayanan. Buong sikhay nating tupdin ang mga tungkulin sa armadong pakikibaka kasabay ng pagpapanibagong sigla at lakas ng kilusang masa sa kalunsuran.

Makakaasa si Ka Sandy at ang buong sambayanan na gagawin natin ang lahat para sa pagtatagumpay ng rebolusyon. Libu-libong kadre ng Partido at kumander ng NPA ang nakahandang humalili, tumangan at gumampan sa naiwan at nakaatang na mga tungkulin. Bahagi ito ng patuloy nating pagpupugay sa kanilang kabayanihan at kadakilaan.

Sa pag-igting ng pakikibaka at tunggalian, higit pang mapapanday ang mga kadre ng Partido, mandirigma ng NPA at rebolusyonaryong masa. Nararapat lamang na patuloy nating tanganan ang rebolusyonaryong diwa sa gitna ng mas mahihirap na sakripisyo, pagbalikat sa mas mabibigat na tungkulin at pagsuong sa lumalaking mga responsibilidad.

Buong puso nating ialay ang ating lakas, talino at kaisa-isang buhay para sa bayan. Hanggang sa huli, hanggang sa tagumpay!

Mabuhay ang alaala ni Josephine “Ka Sandy” Mendoza! Mabuhay ang CPP-NPA-NDFP!
Mabuhay ang sambayanang Pilipino!

Drawing inspiration from Gat Andres and Ericson Acosta: Fight imperialism and advance the revolution!

Nobyembre 30, 2023

Kabataang Makabayan-South Central Negros

As Kabataang Makabayan commemorates its 59th anniversary of remaining at the forefront of the struggle for national liberation and social justice alongside other revolutionary organizations from different sectors, Kabataang Makabayan-South Central Negros hails the revolutionary youth who continue to choose the path of armed struggle as the only means of effecting genuine social change.

The history of Kabataang Makabayan has undeniably showcased the unwavering power and relevance of the youth in the Filipino revolutionary movement. This is particularly evident in the midst of escalating crisis that relentlessly plagues the Filipino masses. We witnessed this during the tyrannical reign of Marcos Sr., and we continue to see it today as we confront the continuous exploitation inflicted especially on the working

class and the peasant class by the landlords and big compradors.

The youth continues to stand resolute against the blatant historical revisionism propagated by the administration of Marcos Jr, as well as in the relentless persecution and slaughter of human rights defenders and the Filipino masses who bravely assert and defend their rights. Moreover, we vehemently oppose the control of US imperialism over our country and the desperate attempt of its rival, China, to dig its claws into our sovereignty and territory, threatening an inter-imperialist war.

Despite the efforts to suppress the revolutionary movement through witch-hunting tactics and the dissemination of deceitful propaganda, our ranks have persevered and flourished; showing unwavering defiance. In Negros, more enlightened youth have embraced the path of armed struggle, recognizing that it is the only means of achieving genuine agrarian reform and national industrialization, as the reactionary government grovels like a dog to the ruling class. Every day, the youth rises to join the noble cause of delivering justice to the victims of the fascist 94IB and 47IB, including the Fausto family massacred in Himamaylan City, the martyred Binalbagan 4, and countless others.

Furthermore, we pay tribute to Gat Andres Bonifacio, who led the Philippine revolution in 1896, leading the revolution against Spanish colonizers, and Ericson "Ka Fredo" Acosta, whose life, along with his companion Joseph Jimenez's,

was mercilessly taken by reactionary state forces just last year on this very same day. Their sacrifices fuel our fiery determination to continue the fight against tyranny and injustice.

They were once like us—young, open to ideas, and militant. As such, we must draw inspiration from the heroic deeds of these two vanguards of the revolution from different generations. We must equip ourselves with revolutionary bravery and optimism akin to that of Gat Andres and Ka Fredo. Ultimately, we must fully understand Marxism-Leninism-Maoism and grasp its principles while upholding solidarity with the Filipino proletariat.

Today, we reaffirm our dedication to forward the national democratic revolution with a socialist perspective. We continue to wholeheartedly commit our abilities and lives to the cause of revolution. In the approaching days, as the Marcos Jr. regime persists in oppressing and exploiting the Filipino masses, anticipate a surge of revolutionary youth embracing the cause of the revolution alongside the proletariat and peasant class.

Long live Gat Andres Bonifacio! Long live Ka Fredo! Long live the revolutionary youth!

Gat Andres Bonifacio kag Ka Ericson Acosta, nagapaigrab sa diwa sang rebolusyonaryo

Nobyembre 30, 2023

Dionesio Magbuelas, Spokesperson NPA-South Central Negros (Mt. Cansermon Command)

Ginahanduraw kag ginapasidunggan sa bug-os rebolusyonaryong pwersa sang Mount Cansermon Command-New People's Army (MCC-NPA) si Kaupod Ericson Acosta ukon kilala nga si Ka Fredo, isa ka NDF peace consultant nga wala kaluoy nga gindakop, gintortyur kag ginpatay upod ang isa ka lider mangunguma sa mga katapo sang Armed Forces of the Philippines (AFP) partikular sang 47th IB kag 94th IB sa Barangay Camansi, Kabankalan City, Negros Occidental sadtong Nobyembre 30, 2022.

[ap-ericson-acosta]

Signipikante ang subong nga adlaw bangud ini ang adlaw sang pagdumdum sang pagkabaganihan ni Gat Andres Bonifacio kag kadungan mismo sini nga petsa ang pagkamartir ni Ka Ericson Acosta nga naghalad man sa iya kinaalam kag kabuhi para sa rebolusyonaryong katuyuan nga maangkon ang matuod nga kahilwayan kag demokrasya halin sa kamot sang pyudalismo, burukrata kapitalismo kag imperyalismo.

Kaangay man sa duha ka dungganon nga mga rebolusyonaryo kag sa iban pa nga naghalad sa ila kabuhi kag pagkapamatan-on, dako ang nangin papel sang pamatan-on nga namuklat, naorganisa, kag nagpartisipar sa paghimakas para sa hustisya sosyal kag matuod nga pagbag-o. Bilidhon ang partisipasyon sa mga pamatan-on para sa bwas

damlag sa ila pareho nga pamatan-on kag sa mga masunod nga henerasyon. Amo man ini ang basehan kag legasiya nga gina-uyatan kag padayon nga ginasulong sang Kabatang Makabayan (KM) nga gintukod para isahon ang bug-os kabataan nga nagapalangga sang kalinong kag nagahandum sang matuod nga demokrasya kag kahilwayan.

Dugang sini, kasugpon sa mga nanliligad nga paghimakas, nagahandum ang pumuluyong Pilino sang maayo nga buwas damlag kag kahilwayan halin sa pagpamigos kag pagpanghimulos sang sadto pa sa kolonyalistang Espanyol tubtob subong sa kamot sang imperyalistang US. Sa esensya, wala gihapon natapos kag nautod ang kadenang gapos sang masobra 500 ka tuig na nga pagkaulipon sang manugpanakop. Ang nagalala nga sosyo-ekonomiko nga krisis tuga sang mapiguson kag mahimuslanon nga sistema ang nagbun-ag sa lain-lain nga porma sang paghimakas sang pumuluyong Pilipino.

Ginaantus pa gihapon sa bilog pumuluyo ilabina sa mga mangunguma kag mamumugon ang kaangay nga kapigaduhon kag krisis sang nanliligad nga mga tinuig. Hangkat subong sa bilog pumuluyo, ilabi na sa mangunguma kag mamumugon, nga magsuporta kag mag-intra sa armadong paghimakas agud desaysibo nga wasakon ang kadena nga nagapugong sa ila pag-uswag.

Inspirasyon sa tanan nga rebolusyonaryong pwersa ang kabuhi kag tampo ni Gat Andres kag ni Ka Fredo kag sa iban pa nga rebolusyonaryong martir nga wala sang pagduhaduha sa paghatag

sang ila kabuhi kag kinaalam para sa dungganon nga kawsa nga magahatag sang masanag nga bwat damlag sa pungsod Pilipinas. Ang ila kabuhi ang magapakalayo sa rebolusyon, maga-igrab tubtob sa kadalag-an kag kahilwayan.

Mabuhay si Gat Andres kag Ka Fredo! Mabuhay ang rebolusyon!

KKK at NPA: Ang kabataan bilang tagapagmana at tagapagpatuloy ng rebolusyong Pilipino

Nobyembre 30, 2023

Edrian Hernandez, Spokesperson Kabataang Makabayan-Batangas

Ngayong ika-59 anibersaryo ng Kabataang Makabayan at ika-160 kaarawan ng dakilang rebolusyonaryong bayani at kabataan na si Gat Andres Bonifacio, halina't pag-aralan ang natatanging tungkulin at ambag ng mga kabataan sa pagsusulong ng armadong rebolusyon para sa pagpapalaya ng bayan!

127 taon na ang nakararaan, inihudyat ng mga katagang "Punitin ang sedula!" ang pagsisimula ng isang malawakang armadong paglaban ng mga mamamayang Pilipino laban sa kolonyal na paghahari ng Espanya, na pinangunahan ni Andres Bonifacio at buong Katipunan. Ang karaniwang Pilipino, kabilang ang mga kabataan ay buong-tapang na tumangan ng baril at bolo at itinutok ito sa kaaway at di malao'y nagtagumpay

at napalayas ang mga dayuhang mananakop. Sa kabila nito, nanghimasok ang imperyalistang Estados Unidos na nagpapanggap bilang `tagapagligtas' ng ating bayan at hanggang sa ngayon ay nagpapanatili sa Pilipinas bilang malakolonya nito. Hindi man nito direktang sakop ang ating bayan, kontrolado naman nito ang ekonomya, pulitika, at kultura ng ating bayan sa pamamagitan ng papet na republika ng Pilipinas at lokal na naghaharing uring panginoong may lupa at malaking burgesya komprador.

Dahil dito, ipinagpatuloy ng mamamayang Pilipino sa pangunguna ng uring manggagawa at magsasaka ang armadong pakikibaka laban sa mga imperyalistang kapangyarihan. Mula sa Hukbong Bayan Laban sa Hapones (HUKBALAHAP) at Hukbong Mapagpalaya ng Bayan (HMB) na pinamunuan ng lumang Partido Komunista ng Pilipinas (1930), hanggang sa muling pagtatatag ng Partido Komunista ng Pilipinas-Marxismo-Leninismo-Maoismo (PKP-MLM) noong 1968 at pagtatag ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) noong 1969. Matingkad ang naging ambag ng mga kabataang magsasaka, manggagawa, estudyante at propesyonal sa pagsulong ng kilusang mapagpalaya sa Pilipinas at buong daigdig.

Ang pangulong tagapagtatag ng Kabataang Makabayan noong Nobyembre 30, 1964 na si kasamang Jose Maria Sison ay siya ring naging pangulong tagapagtatag ng PKP-MLM makalipas ang limang taon. Kagaya nina Bonifacio, mahigpit na tinanganan ng Kabataang Makabayan ang linya

ng pambansang demokrasya. Aktibong lumaban ang KM sa diktadurang Marcos hanggang sa maging lihim na organisasyon ito mula nang ideklara ang Batas Militar hanggang sa kasalukuyan. Buong-pusong tinanggap ng laksa-laksang kabataan ang tawag ng tungkulin na tumungo sa kanayunan at pagsilbihan ang masang magsasaka't buong mamamayan sa pamamagitan ng armadong pakikibaka. Ibayong lumakas ang Bagong Hukbong Bayan at buong rebolusyonaryong kilusan. Mapagpasya rin nitong iniwasto ang mga mapanirang paglihis ng mga at pagtalilis sa mga batayang prinsipyong rebolusyonaryo na idinulot ng mga rebisyunistang peste. Matagumpay na muling ibinangon ng buong rebolusyonaryong kilusan ang kaniyang sarili.

Sa kasalukuyang lipunan, kinakailangang gamitin ng mga kabataan ang kanilang liksi, enerhiya, at talino upang ipagtagumpay ang rebolusyong magpapalaya sa kanila mula sa pang-aapi't pagsasamantala. Milyon-milyong kabataan ang nagsisimula nang magtrabaho bago pa umabot ng 15-taong gulang. Ang mga kabataang manggagawa ay maliit ang sahod, kulang o walang benepisy, at pinipiga ng pagsasamantala sa pabrika na karaniwa'y pag-aari ng imperyalista at burgesyang komprador. Sinisiil din ng estado at kumpanya ang kanilang karapatan sa pagbubuo ng mga unyon.

Sadlak naman sa kawalan ng lupa ang mga kabataan sa kanayunan na pinagsasamantalahan ng uring panginoong maylupa. Bilang kasamá o nakikisaka lamang sa lupa ng iba, biktima sila ng

mataas na upa sa lupa, usura, at pang-aalila ng panginoong maylupa. Gayon din ang mga manggagawang bukid gaya ng mga maggagapak ng tubó sa probinsya ng Batangas, na tumatanggap ng katiting na sahod sa kabila ng napakahirap na kondisyon sa pagtatrabaho.

Kahit ang kabataang petiburges, naghihirap din! Kapwa hinahagupit ng napakataas na presyo ng bilihin at kulang na sweldo ang mga kabataang empleyado at propesyunal. Mataas na matrikula at araw-araw na gastos sa eskwelahan naman ang pinoproblema ng mga kabataang estudyante.

Sinasamantala ng reaksyunaryong gubyrno ang ganitong kalagayan ng mga kabataan para pasalihin sila sa AFP, CAFGU, at iba pang pasistang armadong pwera at paramilitar na organisasyon. Kahit ang mga menor de edad ay kanilang nirerekрут sa CAFGU. Walang habas namang sinusupil ng reaksyunaryong gubyrno at militar ang mga kabataang nagsusulong ng makabayan at demokratikong adhikain. Patunay rito ang mga gawa-gawang kaso ng 59th Infantry Battalion laban sa tagapagsulong ng karapatang tao na si Hailey Pecayo ng Tanggol Batangan na kamakailan lamang ay ibinasura ng mismong reaksyunaryong piskalya. Mababalikan din ang pananakot at profiling ng 59th IBPA kay Jay Kim Federizo, kabataang coordinator ng SUGAR Batangas na pangunahing tagapagsulong ng interes ng mga magtutubó sa probinsya. Inaresto din kamakailan lang si Karla Mae Monge, progresibong kabataan at boluntir ng SUGAR Batangas na nagtapos sa UP Los Baños, habang

siya ay nakikipamuhay at nagsasagawa ng research sa mga komunidad ng magtutubó sa Tuy. Tatlo lamang sila sa napakahabang listahan ng mga kabataang hinaras at inatake ng reaksyunaryong gobyerno. Di na mabilang ang kabataang naging biktima ng pagdakip, pagbilanggo, tortyur, at pagpaslang ng pasistang estado. Sa mata ng mga naghaharing uri at papet na gobyerno, ang makabayang kabataan at mamamayan ay terorista at dapat lipulin.

Ang imperyalismo, pyudalismo, at burukrata kapitalismo sa malakolonyal at malapyudal na lipunan ang ugat ng mga problemang ito ng mga mamamayang Pilipino, kabilang ang kabataan.

Upang malutas ang ganitong kalagayan ng sambayanan, kinakailangang yakapin at isulong ng kabataang Pilipino ang demokratikong rebolusyon ng bayan! Upang mabago ang lipunan, kinakailangang ibagsak ang kasalukuyang naghaharing sistema sa pamamagitan ng demokratikong rebolusyong bayan, at itayo ang isang lipunang malaya at demokratiko.

Kinakailangang buong-pasyang tanggapin ng mga kabataan ng kalunsuran ang dakilang hamon at gampanan ang tatlong pangunahing tungkulin ng rebolusyonaryong kabataan sa kanayunan: ang pagsusulong ng kilusang magsasakang nagsisilbi sa demokratikong rebolusyong bayan, ang pagganap sa gawaing propaganda para sa paglaganap ng pambansa-demokratikong mithiin at pangangailangan ng armadong pakikibaka, at ikatlo, ang masiglang paglahok, pagsuporta, at pagsusulong ng armadong pakikibaka. Sa

pagtatagumpay ng rebolusyon at pagtatayo ng bago at demokratikong lipunan lamang tunay na makakamtan ng mga kabataan ang kanilang interes at kalayaan.

Kabataan, isulong ang bagong tipo ng pambansa-demokratikong rebolusyon! Isabuhay ang rebolusyonaryong diwa at katapangan ng Kataas-taasan, Kagalang-galang na Katipunan ng mga Anak ng Bayan! Sumapi na sa Bagong Hukbong Bayan!

**Ka Tagub/Roche at Ka Teng/NY/MC,
karangalan kayo ng mga Hanunuo at
mga katutubong Mangyan, mga
bagong bayani ng Mindoro at
sambayanan!**

Nobyembre 30, 2023

**MINDORO (Rebolusyonaryong organisasyon
ng mga katutubong Mangyan sa Mindoro)**

Kami, ang mga kasapi ng MINDORO (rebolusyonaryong organisasyon ng mga katutubong Mangyan sa Mindoro) ay nakikiramay sa pamilya at kamag-anak nina Ka Tagub/Roche at Ka Teng/NY/MC. Sila ang mga tunay na mártir at bayani ng Hanunuo Mangyan na inialay ang kanilang kaisa-isang buhay upang ipaglaban ang lupaing ninuno at karapatan sa pagpapasya sa sarili ng mga katutubong Mangyan at iba pang pambansang minorya bilang bahagi ng pakikibaka ng sambayanang Pilipino para sa pambansang

kalayaan at demokrasya. Namartir sila habang magiting na nakikipaglaban sa marahas, malupit at mapanlinlang na atake ng 203rd Brigade-PNP-MIMAROPA sa ilalim ng rehimeng US-Marcos-Duterte.

Si Ka Roche/Tagub na kilala sa tunay na pangalang Peter Rivera, taga Sityo Kalinisan, Barangay Bayotbot, San Jose ay namartir matapos na madakip at tuluyang pinatay ng kaaway habang gumagampan ng rebolusyonaryong gawain noong ika-13 Nobyembre sa Sityo Layang-layang, Barangay Malamig, Gloria. Samantala, si Ka Teng/NY/MC, kilala sa tunay na pangalan na Kure Lukmay, taga Sityo Kilapnit, Barangay Panaytayan, Mansalay ay namartir habang magiting na lumalaban sa 76th IB na umatake sa kanilang yunit noong ika-19 ng Nobyembre sa Sityo Tugas, Barangay Sabang, Pinamalayan, Oriental Mindoro. Kasabay niyang namartir sa labanan na ito si Ka Esang at kilala sa tunay na pangalang Abegail Bartolome na naganap ng 8:40 ng umaga.

Sa gitna ng pagdadalamhati, ibinibigay namin ang pinakamataas na pagsaludo at parangal sa aming mga mahal na katribu na nagsikap mag-ambag para sa aming mga katutubo. Subalit hindi na lamang ang aming lahi at etnolingwistikong grupo ang nakikinabang sa pinaghirapan nila kundi ang buong sambayanang Pilipino dahil dinala nila ang laban sa antas ng pambansa-demokratikong adhikain.

Kahanga-hanga ang pag-ambag ninyo Kasamang Tagub at MC upang malutas ang kahirapan,

pagkaatrasado, pinagsasamantalahan, sinusupil at ang mababang pagtrato ng lipunan sa ating mga katutubong Mangyan. Ang kalagayang ito ay talagang nanunuot sa lahat ng bahagi ng ating buhay. Ang mga problemang ito na mula't sapul ay dinaranas na sa panahon pa ng ating mga ninuno ay napakabigat na pasanin. Sa pagtagal ng panahon ay lalong bumibigat at lumalala pa. Nagkaroon lamang tayo ng lakas sa ekonomya at kapangyarihang pampulitika mula ng umugat at lumakas ang Partido Komunista ng Pilipinas, Bagong Hukbong Bayan at rebolusyonaryong kilusan sa masang Kamangyanan. Dahil dito, malayo na ang inabot ng ating sitwasyon ngayon kumpara sa nakaraan dahil libu-libong ektaryang lupaing ninuno ang ngayon ay nasasarili at napapakinabangan na ng mga Mangyan. Tumaas ang antas ng kaalaman at kasanayan ng ating mga kapawa Mangyan hindi lamang sa literasiya kundi sa kaalaman sa lipunan at rebolusyong Pilipino at pagsusulong ng ating pakikibaka.

Ganoonman, hindi natigil sa pagsasamantala, pang-aapi at pag-aanglahi ang dayuhan at kasabwat nilang lokal na mapagsamantalang uring malalaking burgesya-kumprador at panginoong maylupa. Muling nawawala na sa ating mga kamay ang lupang ninuno at likas na yaman na dating hawak ng ating mga angkan at pamayanan. Ang ating pagkaatrasado ay lalong sinasamantala at lalong minamaliit. Ang mga produkto natin ay binabarat. Sa matagal na panahon ay pinabayaan ng gobyerno, at ngayon naman, nagpapasok ng mga proyekto sa ating mga lupain pero ang kapalit nito ay ang pagpasok ng kaniilang mga

negosyo na sa kaduluhan ay magpapalayas sa ating mga lupain.

Kumikilos tayo upang ipaglaban ang ating mga hinaing, magpahayag ng saloobin sa sama-samang paraan. Dinadala ang ating mga problema sa lokal na gobyerno hanggang sa Malacañang. Pero kaagad na sinusupil, tinatatakan na maka-NPA at mga rebelde. Saan tayo ngayon dudulog para mapakinggan?

Kung sa pagtrato, pinakamalala ang panunupil sa kamay ng mga sundalo't kapulisan bilang mga utusang aso ng mga naghahari upang ang mga katututbo ay pagharian. Mula sa pagkatakot sa mga naghahari at marirok, natuto na tayong lumaban. Hindi na natin mabata ang paglulunsad ng digma laban sa ating tribu sa walang tigil na mga pambubugbog, walang patumanggang pagpapaputok at pambobomba sa ating mga pamayanan at bukid, ang sapilitang pagpapasuko kahit walang nilabag na batas at tahimik sa ating paghahanapbuhay.

Tama kayo Ka Tagub at Ka MC na dapat baguhin na ang kalagayang ito! Tama kayo na mahalagang bahagi ng ating paglaban ang armadong paglaban upang ang pinakapuno ng kasamaan na ating dinaranas ngayon ay mawala na. Tama kayo na dapat magkaisa tayo sa pagsusulong ng pambansang kalayaan at demokrasya, dahil kailangang magkaisa hindi na lamang ang mga Mangyan kundi dapat tayong magkatulungan ng mga kababayan at kasandugo. Hindi mabubuhay ang mga Mangyan nang hiwalay sa iba pang

mahihirap na masa ng sambayanang Pilipino at lalo na sa kapwa natin mahihirap na Mindoreño.

Kung hindi malulutas ang problema ay mamanahin pa ito ng susunod na mga salinlahi ng mga angkan at pamayanan. Habang ang sistema ng ating bayan ay pinangingibabawan ng mga panginoong maylupa, malalaking burgesya komprador, mga burukrata kapitalista na kumukontrol sa gobyerno, at nagpapagamit sa imperyalismong US at iba pang dayuhan, ang mga katutubo at buong sambayanan ay mananatiling api at pinagsasamantalahan, binubusabos at minamaliit.

Kaya Ka Tagub at Ka MC, ituturing namin kayong mga tunay na bayani ng katutubong Mangyan at modelo ng mga kabataang Mangyan. Amin kayong ipagtatayo ng bantayog sa aming mga puso. Magiging panandang bato kayo sa ating mga lupain upang ipaalala sa ating henerasyon at sa mga darating pa na may kadugo tayong nagmahal, tunay na nagmahal sa ating lahi, sa ating kinabuksan at sa ating bayan.

Pumayapa kayo Ka Tagub at Ka MC, kaming saksi sa inyong kabayanihan ay hindi magpapabaya at malugod na babalikatin ang iniwan ninyong mga gawain sa rebolusyon. Libu-libong kabataang Mangyan ang hahawak ng mga sandatang inyong nabitawan.###

Lumaban para sa tunay na demokrasya at kalayaan! Kabataan, tahakin ang landas ng armadong paglaban!

Nobyembre 30, 2023

Kabataang Makabayan-Cagayan Valley

Sa okasyong ito ng ika-59 anibersaryo ng pagkakatatag ng Kabataang Makabayan (KM), kasabay ang ika-160 taon ng kapanganakan ni Gat Andres Bonifacio, bayani at supremo ng Katipunan na nakibaka para sa pambansang paglaya laban sa kolonyalistang Espanyol, marapat lamang na gunitain ang makasaysayang araw na ito na puno ng militansya at pagsasabuhay sa diwa, mga aral at adhikain kapwa ng KM at ng Katipunan.

Ngayon higit kailanman, tumitingkad ang mahalagang papel ng mga kabataan para sa radikal na pagbabagong panlipunan at ang pangangailangan at kawastuhan ng linya at programa ng pambansa-demokratikong rebolusyon sa harap ng tumatalim na inter-imperyalistang ribalan ng US at China, at tumitinding kronikong krisis sosyo-ekonomiko sa mga neokolonya katulad ng Pilipinas.

Sumasadsad ang ekonomya ng bansa—malaganap ang disempleyo, mala-alipin ang sahod ng mga manggagawa, di-mapigilan ang pagtaas ng presyo ng langis at mga pangunahing bilihin, lubog sa pagkabangkarote ang mga magsasaka at malaganap ang pangangamkam ng lupa at pagpapalit-gamit ng malalawak na lupaing

agrikultural. Sa kanayunan, paghaharing-militar ang nangingibabaw sa mga baryong isinailaim sa RCSP habang walang-pakundangang binobomba mula sa himpapawid ang mga sibilyang komunidad, sakahan at bundok. Pinapaluhod sa takot ang mga magsasaka, binabansagang terorista at “pinagsusurender,” dinudukot, at pinapatay.

Kaalinsabay nito ay tahasang niyuyurakan ang kasarinlan at soberanya ng bansa sa pagpapahigpit ng dominasyong militar ng US sa bansa at pangangayupapa ni Marcos sa amo nito. Kinakaladkad ng US ang Pilipinas sa gera nito laban sa China. Gamit ang kalupaan at karagatan ng bansa, nagtatayo ito ng mga base at pasilidad militar, naglulunsad ng mga war games kasama ang ilang libong sundalong Amerikano habang patuloy ang panunulsol nito sa Taiwan upang udyukan ang China. Ang buong hilagang Luzon, partikular ang Cagayan Valley ay nanganganib ang buhay at kabuhayan ng mamamayan, lalo na ng mga magsasaka at kabataan na pangunahing apektado sa mga pagtatayo ng mga “EDCA site.”

Ang militarisasyon sa kanayunan ay tumatagos hanggang sa mga eskwelahan na pangunahing tumatarget sa mga kabataan. Kaliwa’t-kanan ang pagbubuo ng mga binibihisang “people’s organization” at mga kontra-rebolusyonaryong porum ng AFP at PNP. Ipokritong nananawagan ng “diwang makabayan” at “patriyotismo” sa pamamagitan ng mandatory ROTC habang pinipigilan ang kabataan na maging kritikal at mapanuri at binabansagang “NPA subjects” ang

pag-aaral ng lipunan at kasaysayan ng bansa at pandaigdigang kalagayan. Sa imbing layuning ilihis ang mga kabataan sa mga pangunahing usapin—ang imperyalismo, pyudalismo, at burukrata kapitalismo bilang mga batayang suliranin ng lipunang Pilipino—pawang paniniralang sa NPA at sa armadong pakikibaka ngunit hindi naman inuugat kung bakit nga ba may armadong tunggalian sa bansa.

Sa kabilang panig, ang mga kabataang kritikal sa mga isyung panlipunan at nagsusulong ng tunay na interes, hindi lamang ng kanilang sektor kundi ng buong mamamayan, ay ipinapailalim sa surbeylans at nire-red-tag. Katulad na lamang nitong nakaraang Barangay and Sangguniang Kabataan Elections kung saan nakapagtala ng ilang kaso ng red-tagging sa mga tumatakbong progresibong kabataan sa prubinsya ng Isabela.

Hindi matatakpan ng mga pakanang ito ang katotohanang lubos na naghihikahos ang mga mamamayan ng Cagayan Valley. Saan mang dako ng rehiyon makikita ang mga batang nasa walong taong gulang lamang na nagtatrabaho na sa bukid—nagtatanim at nagpipitas ng mais, naglalagay ng abono at pestisidyo at iba pa—na kumikita ng mas mababa kaysa sa karaniwang sinasahod. Hungkag at walang-silbi ang baryang dagdag sahod dahil sa mga liblib na lugar, nanatiling nakapako sa ₱150-₱300 ang arawang kinikita ng mga seasonal na magsasaka, mas mababa pa para sa mga bata. Ipinagmamalaki ng rehiyon na ito raw ang may pinakamalaking tantos empleyo sa buong bansa ngunit kung tutuusin, kalakhan ay pleksibleng

paggawa na kalakhan ay kabataan at malaganap na child labor. Mismong ahensya ng DOLE Region 2 na ang nagbanggit sa pag-iral ng mga child laborers, mga bata at kabataang dapat sana ay nasa loob ng paaralan.

Sa halip na tugunan ang kawalan ng sapat at maayos na silid-aralan sa mga eskwelahan, at taun-taong budget cut na nagkakait sa mga kabataan para sa abot-kaya at de-kalidad na edukasyon, mas pinagtutuunan ng pansin ng estado ang panggigipit sa karapatan ng mga kabataang organisahin ang sarili at binubusalan ang bibig upang pigilan silang magpahayag ng kritisismo at pagsususri, at paglaban para sa kanilang mga demokratikong karapatan. Pilit na pinatatahimik ang nagkakaisang boses ng kabataan para sa karapatan, edukasyon, katarungan at hustisya.

Sa pagtindi ng pagsasamantala at pang-aapi sa mamamayan, walang ibang pagpipilian ang mga kabataan kundi ang higit pang bigkisin ang pagkakaisa, sama-samang pagkilos at tahakin ang landas ng armadong paglaban sa kanayunan na inilulunsad ng Bagong Hukbong Bayan, tulad ng ginawa nila Andres Bonifacio na itinaas ang itak ng mga Katipunero laban sa mga mananakop. Mananatiling hungkag at bigo ang mga hakbangin ng estado na matutuldukan ang ugat ng insurhensya sa simpleng pagdungis sa pangalan at prestihiyo ng BHB, at lantay-militar na mga hakbangin. Kasaysayan na ang nagpatunay, at nagpapatunay, mula pa ng panahon nila Bonifacio, na hanggat may pang-aapi at pagsasamantala,

lilitaw at lilitaw ang armadong lakas ng mamamayan.

Sa pagpapatuloy sa halos anim na dekada nang pakikibaka ng kabataang Pilipino sa pamumuno ng Kabataang Makabayan, marapat lamang na gunitain at bigyang-pugay si Kasamang Jose Maria Sison, ang pangulong tagapagtatag ng KM. Malaking papel ang ginampanan ng KM at Ikalawang Kilusang Propaganda sa paghahasik ng binhi ng demokratikong rebolusyong bayan na malaon nang lumago at namunga. Matamang inilatag at inakay ni Kasamang Joma ang makabayang kabataan sa tunay na daan ng pagbabagong paglaban—ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka.

Masang anakpawis, ipagpatuloy at pag-alabin ang rebolusyong sinimulan ni Bonifacio!

Nobyembre 30, 2023

**Andrei Bon Guerrero, Spokesperson
NPA-Palawan (Bienvenido Vallever
Command)**

Sa paggunita ng ika-160 taong kapanganakan ng magiting na bayani ng masang anakpawis at isa sa mga tunay na anak ng bayan na si Gat Andres Bonifacio, muli nating sariwain ang diwa ng kanyang pagmamahal sa bayan at sa kanyang adhikain para sa pambansang kalayaan at demokrasya. Karugtong ng dakilang rebolusyong

1896 nina Bonifacio ang ating pakikibaka sa kasalukuyan sa harap ng pulos paghihirap, karahasan at panlilinlang ang dinadanas ng malawak na mamamayang Pilipino dahil sa mga imbing pakana ng imperyalismong US at mga naghaharing uri upang dambungin ang ating likas na yaman at yurakan ang ating pambansang kasarinlan at soberanya.

Papalala ang krisis pampulitika dulot na rin ng mga implikasyon at ligalig sa larangan ng ekonomya, partikular na sa mga mapandambong na dayuhang pamumuhunan at mga inaabot na mga kasunduan sa pagitan ng reaksyunaryong gubyrerno ng Pilipinas at ng imperyalistang US at mga alyado nito.

Kamakailan lamang ang naganap na opisyal na lagdaan ng mga kinatawan ng mga reaksyunaryong gubyrerno ng Pilipinas at ng US sa 123 Agreement Negotiations for Civil Nuclear Energy Cooperation nito lamang Nobyembre 17. Itinuring ang naganap na pirmahan na isang panandang-bato ng “mutwal na pakikipagkaisa” ng mga bansa-estado. Saksi rito mismo ang papet na pangulong si Ferdinand Marcos Jr habang ginaganap ang Asia-Pacific Economic Cooperation (APEC) Summit sa San Francisco, California. Sa ilalim nito, pahihintulutan ang mga korporasyon sa Amerika na mamuhunan at mag-export ng nuclear fuel, reactors, equipment at iba pang specialized nuclear materials sa bansa.

Nilalayon din daw nito na panghawakan ang mga probisyong nilalaman ng U.S. Atomic Energy Act - Section 123 (kaya lahat ng mga natitiyak na

kasunduan ay tinaguriang “123 Agreements”): rekisito ito sa pagkokongklusyon ng isang mapayapang nuclear cooperation agreement ayon sa mga ligal na balangkas, para sa signipikanteng pagpasok ng mga materyales at kagamitang nukleyar ng US sa mga kaugnayan nitong bansa. Umaayon ito sa paimbabaw at mapalinlang na postura ng Amerika na mariing iusad at tiyakin ang mga prinsipyo ng non-proliferasyon (pagbabawal para sa produksyon ng mga armas-nukleyar), at pangasiwaan umano ang kooperasyon sa iba pang aspeto tulad ng syentipikong pananaliksik, palitan sa teknika, at safeguards discussions.

Patunay ng agresibong pagpapatupad ng United States sa polisyang inabot na 24 na kahalintulad na civil nuclear agreements sa 48 na mga bansa magmula pa noong Nobyembre 2, 2022, katuwang ang inutil na International Atomic Energy Agency (IAEA) ng UN. Kaya ganoon lamang ang desperasyon ng monopolyo kapitalistang estado ng US na itulak at masiguro ang kanilang adyandang geo-political magmula pa noong pagbisita ng nakaraang taon ni US Vice President Kamala Harris upang bigyang-daan at pabilisin ang paglagda ng kasunduan.

Talaga namang walang hinangad ang mga bulaan at mambubuyo kundi lukubin ang buong kapuluan ng Pilipinas sa kulandong ng hegemonya ng imperyalismong US, sa tabing ng kaginhawaan at kaunlaran. Katulad lamang ito ng hinabing kasinungalingan ng mga sinaunang mananakop na Espanyol tulad nila Magellan at Legaspi nang sila

ay dumaong sa mga isla ng Visayas upang di-umano “gawing sibilisado ang Pilipinas sa pagpapalaganap ng Kristiyanismo”.

Malinaw ang ating pagsusuri at tindig na ikinukubli ng Kasunduang 123 ang papasaklaw na dominasyon ng imperyalistang US at mapang-upat nitong paghahanda sa ikinakasang gyera sa rehiyong Indo-Pacific, sa tabing ng pagnanais ng US na tugunan ang krisis sa enerhiya ng ating mga kapuluan. Umaayon ito sa nasimulan nang kasunduan at hakbanging militar tulad ng EDCA, Balikatan exercises, at di bababa sa 11 base-militar kabilang na ang apat na matatagpuan sa ating probinsya.

Batid din ng mamamayang Palaweño na ang anumang mga pasilidad-nukleyar (small modular reactors, SMRs, man ng NuScale Power Corporation o micro-modular reactors, MMRs, na nais naman ng Meralco na pag-aari ni Manuel V. Pangilinan at ng US-based Ultra Safe Nuclear Corp) na itatayo sa ating mga isla ay magdudulot ng matinding panganib di lamang sa kabuhayan, kalusugan, at kapaligiran kundi isa ring malaking target sa anumang ganting-salakay sa oras na pumutok ang digmaan ng ribalang US-China sa namumuong tensyon sa West Philippine Sea. Liban pa sa balon ito ng korapsyon at tiyak na matatabong ganansya ng multinational corporations (MNCs) at mga kasabwat nilang malalaking burgesyá-kumprador sa enerhiya, maaari itong magaya sa kinauwian ng nabubulok nang pasilidad na Bataan Nuclear Power Plant na nag-ipon lamang ng alikabok, at pinalobong utang

na pasan pa rin ng taumbayan-isang mapait at maaksayang pamana ng diktadurang paghahari ng Marcos Sr.

Ngayong saklot na ng dumadausdos na pandaigdigang krisis sa ekonomya ang mga monopolyo kapitalistang bayan, at kabi-kabilang pumuputok ang pagkilos at paglaban ng mamamayan para igiit ang kanilang mga demokratikong kahingian at pambansang kasarinlan, nararapat lamang na lubusang panghawakan at tahakin ng mga Pilipino ang naunang landas ng armadong pakikibaka nina Gat Andres Bonifacio at ng mga unang binhi ng pakikibakang proletaryado.

Bilang kinatawan ng masang anakpawis sa pagsusulong ng pambansang paglaya at pagpawi sa pyudal na pagsasamantala, nagawang bigkisin ni Bonifacio at ng Katipunan ang malawak na mamamayang inalipin at nagdurusa laban sa mapaniil na paghahari ng kolonyalistang Espanyol. Tangan niya ang burges- liberal na panawagang kalayaan, pagkakapatiran at pagkakapantay-pantay. Nasa atin namang mga kamay ngayon na ipagpatuloy ang di natapos na rebolusyon ng Katipunan. Dapat tayong magpunyaging isulong, palawakin at patatagin ang bagong-tipo ng pambansa demokratikong rebolusyon sa pamumuno ng uring proletaryado sa pamamagitan ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) na bibigwas at tatapos sa neokolonyal na paghahari ng imperyalistang US sa Pilipinas at itatag ang isang demokratikong estadong bayan.

Sa pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan na may sosyalistang perspektiba, makakamit ng BVC-NPA Palawan, kaisa ng mamamayang Palaweño at ng sambayanang Pilipino ang tunay na tagumpay para sa isang lipunang masagana, malaya at makatarungan. Sa mapagpasyang gabay at pamumuno ng PKP , patuloy na nagpupunyagi ang mga rebolusyonaryong pwersa at malawak na masa sa mahigit limang dekadang pagsusulong ng isang makatarungan at makatwirang digmang bayang gagapi sa imperyalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo.

Kung kaya't sa paggunita ng kapanganakan ng magiting na bayani na si Andres Bonifacio, di magmamaliw ang pag-ibig at pagtatangi hindi lamang sa ating tinubuang lupa, kundi sa makauring hangarin ng proletaryado na lagutin ang tanikala ng pagsasamantala at pang-aalipin. Atin ang maningning na bukas at mapulang silangan!

Mensahe ni Comrade Kathryn sa Kabataang Makabayan

Nobyembre 30, 2023

**Comrade Kathryn
NPA-Southern Tagalog**

Mainit na rebolusyonaryong pagbati sa mga kabataang kasapi ng Kabataang Makabayan sa

Timog Katagalugan! Pagpupugay sa ika-59 na anibersaryo ng Kabataang Makabayan!

<https://philippinerevolution.nu/wp-content/uploads/2023/11/2023-11-3.Mensahe-ni-Comrade-Kathryn-sa-Kabataang-Makabayan.mp3>

▽ DOWNLOAD

Kaisa ninyo kami sa Melito Glor Command-NPA Southern Tagalog sa pagdiriwang sa tuluy-tuloy at hindi napapatid na pagsusulong ng rebolusyon ng mga kabataan sa bawat henerasyong lumipas. Napakamakabuluhang okasyon ang pagsapit ng KM sa halos anim na dekada mula nang itatag ito nina Propesor Jose Maria Sison noong 1964. Isa itong malaking testamento sa kahalagahan at papel ng kabataan sa pagsusulong ng panlipunang pagbabago.

Ang inyong pagtangan at pagyakap sa rebolusyon ay inspirasyon sa iba't ibang uri at sektor. Nagbibigay ng pag-asa ang maalab at marubdob ninyong pagtangkilik sa rebolusyon. Naaaninag natin ang tagumpay kakapit-bisig ang mga kabataan!

Kabilang kayo sa inaapi at pinagsasamantalang uri sa lipunan dahil pinapasan ninyo ang hirap na dinaranas ng inyong mga magulang na nasa hanay ng mga manggagawa, magsasaka o mababa hanggang sa mababang panggitnang petiburgesya. Sinasabi ng reaksyunaryong estado na ang magandang kinabukasan para sa kabataan ay sa pamamagitan ng edukasyon. Ngunit isa itong kalokohan dahil bulok ang sistema ng

edukasyon. Maraming kabataan ang hindi nakakapag-aral dahil sa napakataas na bayarin sa eskwela at araw-araw na gastusin. Nais pang kontrolin ng reaksyunaryong estado ang kaisipan ng mga kabataan para gawin silang mga bulag na tagasunod ng naghaharing uri at imperyalismong US. Hindi rin ligtas ang mga kabataan sa pang-aatake at panunupil ng estado. Biktima ng gera kontra-iligal na droga at kontra-rebolusyonaryong gera ang mga bata at kabataan kagaya nina Jemboy Baltazar sa Navotas, Kyllene Casao sa Batangas at marami pang iba. Hindi rin iilang kabataan ang nirered-tag tulad ng ginagawa sa mga kabataang lider ng rehiyon na pilit binubusalan ng ilehitimong rehimeng Marcos II.

Ngunit hindi dapat tumigil ang mga kabataan. Hindi dapat matakot na harapin at pawiin ang karimlan na inilukob ng papet na estado at imperyalismong US sa ating bayan. Ang kasalukuyang panahon ay isang napakalaking hamon sa mga kabataan. Maihahalintulad ito sa panahong kinaharap ng mga kabataan noong Martial Law ng matandang Marcos. Sa gitna ng ipinapakalat na histerya at panlilinlang ng estado, nasa kabataan ang tungkuling punitin ang mga kasinungalingan, ilantad ang katotohanan at ipalaganap ang kawastuhan ng rebolusyon bilang solusyon sa nagaganap na krisis ng lipunan. Tanganan ang tungkulin ng kabataang Pilipino sa ikalawang kilusang propaganda! Ipagpatuloy ang rebolusyon sa kultura at matapang na ibandila ang rebolusyonaryong kultura laban sa burgis, pyudal at dekadenteng kulturang ipinalalaganap ng imperyalismo at naghaharing reaksyon.

Hinahamon at tinatawagan ang mga kabataan na magpasya at tumindig para sa bayan. Tularan ang mga KM kagaya nina Josephine “Ka Sandy” Mendoza na narekrut noong siya ay kabataang estudyante sa panahon ng Martial Law; sina Melito Glor, Lucio de Guzman, Apolonio Mendoza, Bienvenido Vallever na mga martir na ipinangalan sa mga command ng NPA sa rehiyon; gayundin ang mga kabataang martir ng kasalukuyang panahon kagaya nina John Carlo “Ka Iñigo” Capistrano Alberto, Kevin Cedrick “Ka Lucio” Castro, Arc John “Ka Hunter” Varon, Queenie Loricel “Ka Kira” Daraman, Josephine “Ka Ella” Lapira, at Jethro Isaac “Ka Pascual” Ferrer.

Hindi basta-basta minamana ng kabataan ang isang masagana at malayang lipunan. Ito ay nililikha ng nakikibakang mamamayan, kabilang ang mga Kabataang Makabayan na tunay na pag-asa ng bayan. Sa inyong hanay sisibol at papandayin ang mga susunod na lider ng pambansa demokratikong rebolusyon. Inaanyayahan namin kayong sumapi sa NPA para sa pagsusulong ng armadong pakikibaka hanggang tagumpay.

Muli, mabuhay ang Kabataang Makabayan!
Mabuhay ang pambansa demokratikong kilusan!
###

Pahayag ng Kabataang Makabayan-Datako para sa ika-59 taong anibersaryo nito

Nobyembre 30, 2023

Kidawa Dayawen, Spokesperson Kabataang Makabayan-Demokratiko a Tignayan kadagiti Agtutubo iti Kordilyera (KM-DATAKO)

Totoong hanggang bungantulog lamang ng kontra-rebolusyonaryong pasistang estado ang ambisyong pangkapayaan nito kung mananatiling bigo itong ugatin ang malawakang paghihirap at ang paglaban ng sambayanan.

Hindi ang walang-saysay na paggawad ng amnestiya o ang mga hungkag na pangakong pakikipagkasundo ng reaksyunaryong gubyrno ang dudurog sa rebolusyong Pilipino kung magpasahanggang ngayon ay nakayukod ito sa kanyang mga imperyalistang amo. Tanging, at walang ibang tunguhin, kung hindi sa puspusang pagbaklas lamang sa sistemang malakolonyal at malapyudal sa pamamagitan ng mahigpit na pagtalima sa linya at programa ng demokratikong rebolusyong bayan, natin makakamtan ang tunay na panlipunang pagbabago.

Ang laganap at papasidihing krisis panlipunang ibinubunga ng walang hangganang pagkahatak ng bansa sa papabulok na pandaigdigang kapitalistang sistema habang ito ay salimbayang pinapasahol pa ng mga mga makauring pananamantala ng mga naghaharing uri, ang

nagpapatingkad sa mga kundisyon para isulong ng masang anakpawis ang makatarungang paglaban nito. Ang lantarang kainutilan, korapsyon, at pasismo ng ilehitimong rehimeng Marcos-Duterte at ang pakikipagsabwatan nito sa teroristang imperyalistang US ay siyang mismong nagtutulak sa taumbayang ituro sa armadong pakikibaka ang pumupuyos na galit at disgusto nito.

Ang pagsibol ng Kabataang Makabayan at ng DATAKO ay tanda ng maningning na kasaysayan ng paglaban ng mga kabataan magmula pa noong diktaduryang Marcos na kinatatangian ng walang pag-iimbot na pag-aalay ng lakas, talino, tapang at buhay para sa dakilang rebolusyonaryong sakripisyong kamtin ang lipunang malaya.

Ang ika-59 na pagkakatatag nito ngayong araw ay iuukit sa kasaysayan bilang panata ng ating pagpapatuloy sa di-kailanman matitinag na rebolusyonaryong diwa nating mga kabataan, anumang pagbabanta't pandarahas ng estado, at ng ating ibayong pagpupursige sa pambansa-demokratikong pakikibaka kaisa ang mga manggagawa't magsasaka kasama ang iba pang demokratikong sektor at uri.

Pagkaupong-pagkaupo ng tambalang Marcos-Duterte, natunghayan natin ang kagarapalan at hindi maitago-tagong korapsyon ng mga ganid na halimaw samantalang nagkakandarapa nitong palamunin ang mga dambuhalang dayuhang kapitalista kasangkot ang mga lokal na malalaking burgesyang komprador, burukratang kapitalista, at mga kroni nito. Ang pagkiling nito sa kagustuhan ng Imperyalistang US na palawakin

ang presenyang militar ng huli ay patunay sa karuwagan ng inutil na rehimen na tugunan ang malaganap na kahirapan at kagutuman na bumubulid sa panlipunang kaunlaran at kagalingan, sa halip ay dinadahas ang sinumang lumalaban. Subalit ang pag-aastang makakapanatili sila sa poder ng kapangyarihan ay tuwirang isinusuka ng sambayanang Pilipino, lalo pa't papalaki ang bitak sa pagitan ng pangkatin ng dalawang mababangis na wangis ng mga naghaharing uri sa ngalan ng yaman at kapangyarihan.

Sa pagharap sa nagbabagong hamon ng panahon, marapat nating ipamalas ang palabang lahing mandirigmang Kaigorotan bilang ating aguhon sa pagsuong sa landas ng armadong pakikibaka, bitbit ang mga dakilang aral ng mayamang pakikibaka ng mamamayang Kordilyera.

Simula nang unti-unti nang nakabalik sa mga eskwelahan ang mayoryang kabataang estudyante noong nagdang taon, buong-lakas nating ginampanan ang puspusing pagpupukaw, pag-oorganisa at pagpapakilos sa mga kabataan. Mas lalo pa nating pinagpurisigehang palakasin ang ating mga balangay pati na ang ibayong pagpapalawak nito upang abutin ang mga komunidad at espasyong may konsentrasyon ng kabataan, gayundin ang ating ibayong pagsusulong sa mga kampanyang masa.

Pinagtibay din natin ang ating tungkulin sa pagpapaabot ng suportang materyal at kampanyang pagpapasampa. Mas pinagyaman pa natin ang pagreregularisa ng mga pag-aaral sa

lipunan at rebolusyong Pilipino, kalakip ng masigasig na pagsasagawa ng panlipunang pagsisiyasat, malalim na pagsuri sa mga isyung kinakaharap ng mamamayan at ang pagmamatyag sa kilos ng kaaway sa kalunsuran.

Pinaunlad din ang ating mahigpit na paghawak sa ating seguridad bilang susi sa tuloy-tuloy nating lihim ngunit masikhay na pagkilos habang pinapanatiling bulag at bingi ang mga kaaway. Sa kabilang banda, nanatiling malaking balakid ang panunupil sa ating mga demokratikong karapatan kagaya ng malayang pamamahahayag at ang ating pagkilos sa kabuuan ay sukdulang nilimitahan sa balangkas ng reaksyunaryong batas.

Gayunpaman, tayong mga kabataan ay dapat mangahas at buong panahon na magpatuloy para sa masang ating pinagpasyahang pagsilbihan.

Ang pagdurusang ng mga mamamayan sa ilalim ng walang patid na neoliberal na mga patakaran—pagsirit ng presyo ng mga batayang biling tulad ng bigas, gulay at petrolyo, pagbarat sa sahod, kawalan ng hanapbuhay at trabaho, pagkamkam ng lupa—kasabay ng pamamayani ng panlilinlang at impunidad saanmang sulok ng ating bansa, mas lalo pang umiigting ang kawastuan ng demokratikong rebolusyong bayan bilang landas patungong pambansang kalayaan hanggang maabot ang sosyalistang bukas.

Hanggang nanatiling salita lamang ang usaping pangkapayapaan sa panahong pinagbobomba ang mga komunidad, pinapaslang ang mga progresibo, at ginigipit ang mga mamamayan, mananatiling sagot ang mapagpalayang dahas ng armadong

pakikibaka. Ang mismong bulubundukin ng Kordilerya ay saksi sa pandarambong at panunupil na marahas na estado kung kaya'y taglay ng mamamayan nito ang pagiging mapangahas sa paglaban.

Sa pagkalas natin sa kawing ng Imperyalismo, Pyudalismo, at Burukrata kapitalismo, nararapat lamang na pagkaisahin at bigkisin ang paglaban ng mga mamamayan at ihiwalay ang pinakamakitid na mga naghaharing uri at ubos-lakas na gapiin ito sa pamamagitan ng puspusing matagalang digmang bayan.

Ang taong ito ay signipikanteng panahon upang tuloy-tuloy na pag-alabin ang ating rebolusyonaryong paglaban gayong tuluyan nang nakapanumbalik ang mga demonyong mamamatay-taong pamilyang Marcos sa kapangyarihan. Ang papalubhang girian sa pagitan ng pangkating Marcos at Duterte ay dulot ng lipos na ng kontradiksyon ang mga naghaharing uri at nangangahulugang walang panahong dapat pang maaksaya upang ito ay patindihin pa ito at pandayin ang pinakamalapad na anti-pyudal, anti-pasista, at anti-pasistang kilusan sa ating hanay.

Hinihimok natin ang lahat ng kabataang umanib sa mga pambansa-demokratikong organisasyong masa at ibayong pag-aralan ang lipunan. Buong pusong yakapin at mahalina ang danas ng batayang masa at pakaalingawngawin ang kanilang demokratikong kahilingan at paglaban. Pakahusayan ang gawaing pangkultura at propaganda. Magpakatatag, magpalakas, tumungo

sa kanayunan at sumapi sa Bagong Hukbong Bayan.

Tanging, at walang ibang tunguhin, kung hindi sa pagsulong lamang ng digmaang rebolusyong bayan na may sosyalistang perspektiba, makakamit ang kalayaan, kung saan ang kapayapaan ay nakabatay hindi sa hungkag na pangako ng isang taksil na estado, sa halip ay nakabatay sa rebolusyonaryong hustisyang minana ng tunay na malaya at mapagpalayang lipunan.

Kabataan, tumungo sa kanayunan, paglingkuran ang sambayanan!

Mabuhay ang mamamayang lumalaban!

Mabuhay ang Kabataang Makabayan-DATAKO!

Mabuhay ang Rebolusyong Pilipino!

Pinakamataas na pagpupugay kay ka Laura! Artista't manunulat ng sambayanan, magiting na mandirigma at dakilang guro ng Hukbong Bayan sa Timog Katagalugan!

Nobyembre 30, 2023

CPP-NPA Southern Tagalog

Sa okasyong ito ng ika-160 na kaarawan ng dakilang bayaning Gat. Andres Bonifacio at araw ng kabataang Pilipino, ibinibigay ng Partido

Komunista ng Pilipinas at Melito Glor Command - New People's Army sa rehiyong Timog Katagalugan sampu ng mga rebolusyonaryong organisasyon ng mamamayan ang pinakamataas na pagpupugay at parangal kay Ka Laura/Esang/Tintin at kilala din sa tunay na pangalang Abegail Bartolome sa kanyang walang pag-iimbot na pagbibigay ng buong galing, talino, lakas, husay, at kaisa-isang buhay para sa dakilang adhikain ng sambayanang Pilipino para sa pambansang kalayaan, demokrasya at sosyalismo.

Namartir si Ka Laura sa bata pang edad na 30 taong gulang habang magiting na nakikipaglaban sa kaaway noong ika-19 ng Nobyembre, 2023 sa Sityo Tugas, Brgy. Sabang, Pinamalayan, Oriental Mindoro. Kasama niyang namartir sina Ka MC at Ka Aja sa dalawang magkasunod na labanan sa araw na ito.

Magiting na Pulang mandirigma ng BHB si Ka Laura. Mula sa kalunsuran, sumampa siya sa BHB noong 2014 at mula noon, walang tigil at buong husay niyang ginampanan ang kanyang mga tungkulin bilang Pulang mandirigma sa pagsusulong ng digmang bayan sa loob ng 10 taon hanggang sa siya ay namartir.

Sa loob ng isang dekadang pagkilos sa BHB gumampan ng mga susing tungkulin si Ka Laura upang pasiglahin ang armadong pakikibaka sa rehiyong TK, laluna sa panahon ng walang habas na pananalasa ng kampanyang supresyon ng tiranikong rehimeng US-Duterte at hanggang sa kasalukuyang ilehitimong rehimeng US-Marcos II.

Matapos ang halos dalawang taong paggampan ng mga tungkulin sa isang larangang gerilya sa Timog-Quezon-Bondoc Peninsula, naitalaga si Ka Laura sa gawaing istap ng panrehiyong kumand sa operasyon, una bilang opisyal sa paniktik at ikalawa bilang kagawad ng istap sa tauhan at pagsasanay. Naging bahagi si Ka Laura ng mga matutunog na taktikal na opensiba ng BHB na nagparusa sa mga pangunahing kaaway ng masang magsasaka, katutubo at mamamayan sa rehiyong TK. Pinakatampok dito ang kanyang naging susing papel sa matagumpay na magkakasunod na reyd na isinagawa ng BHB laban sa armadong pwersa at ari-arian ng numero unong malaking burgesya kumprador na si Henry Sy sa Brgy. Papaya, Nasugbo, Batangas at ang matagumpay na ambus ng BHB laban sa mga pwersa ng 202nd Brigade sa Luisiana, Laguna noong 2017. Walang takot na ginampanan ni Ka Laura ang kanyang tungkulin maging ang kumilos kalapit at nasa tungki ng ilong ng mga armadong pwersa ng kaaway na kanyang minamanmanan. Buo ang kanyang tiwala sa mga kasama at sa mga masang kumukupkup sa kanya at nagbibigay ng impormasyon laban sa kanilang kaaway.

Apat na taon, bago mamartir, si Ka Laura ay naging kagawad ng istap sa tauhan at pagsasanay ng Panrehiyong Kumand sa Operasyon. Nagsilbi siyang guro ng mga mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan sa Timog Katagalugan at sa lahat ng mga yunit na kanyang sinasaniban. Sa ganito, naging bahagi siya ng pagkokonsolida sa mga pwersa ng BHB at sa pagtataas ng kapasidad nila sa paglaban sa kaaway. Ilang mayor na

panrehiyong pagsasanay ang pinangunahan ng yunit na kabilang si Ka Laura.

Habang at kasabay ng kanyang paggampan sa mayor na tungkulin at gawaing ibinigay sa kanya ng Partido masiglang nag-ambag si Ka Laura ng mga sulatin at akdang pampanitikan sa mga rebolusyonaryong dyaryo at literary journal ng rehiyong TK at ng mga probinsyang kanyang sinaniban. Mahusay siyang manunulat at ang kanyang mga obra ay puno ng damdaming nakakaantig sa puso at kamulatan ng mga kasama at masa.

Bago sumampa sa BHB, naging isa sa mga aktibistang masa sa hanay ng kabataang-estudyante si Ka Laura. Naging manunulat siya sa dyaryo sa kanilang eskwelahan at naging masiglang propagandista-organisador ng mga kapwa kabataang estudyante sa kanilang probinsya at sa rehiyong TK.

Ipinanganak si Ka Laura noong Mayo 12, 1993 sa San Pedro, Laguna mula sa pamilyang manggagawa at mala-proletaryado. Namulat siya sa kahirapan ng buhay na dinaranas ng kanyang pamilya. Ang kanyang ama ay mala-manggagawa. Mananahi siya na may sariling makina. Halos nawalan ng kita ang kanyang ama mula nang mauso ang ready to wear na mga damit. Ang kanyang ina naman ay kontraktwal na manggagawa sa pabrika ng tela sa loob ng halos 10 taong pagtatrabaho rito. Matapos na mapatalsik sa pabrika, naging manggagawa ang kanyang ina sa maliit na patahian na nakabatay sa piece rate ang sahod kung saan umaabot lamang

sa isang libo ang sahod kada linggo. Nakita niya kung paano pumasok sa iba't-ibang trabaho pa ang kanyang magulang maalinman sa paglilinis ng bahay ng iba, paglalabada at pagtitinda ng pangmeryenda upang punuan ang kakulangan ng kita. Lahat ng ito ay upang maitaguyod nang marangal silang 3 magkakapatid at mapagsikapang mapag-aral.

Ang kahirapang dinaranas ng pamilya at ang nakikitang kahirapan ng mga mangagagawa, malamanggagawa sa probinsya ng Laguna na kanyang kinalakhan ang mga kundisyon ng pagkamulat ni Ka Laura sa pangangailangang kumilos at lumaban upang baguhin ang hirap at aping kalagayan. Una siyang naorganisa noong 2011 matapos na sumapi sa Kabataang Makabayan. Naging kandidatong kasapi siya ng Partido noong Abril 2013 at natalagang gumampan ng tungkulin sa pag-oorganisa ng mga kabataan sa kanyang probinsya. Namulat siya sa pangangailangang isulong at ipagtagumpay ang armadong pakikibaka upang ibagsak ang marahas na paghahari ng imperyalismong US, pyudalismo at burukrata kapitalismo. Dahil dito, sumampa siya sa BHB noong Enero 2014 at naging ganap na kasapi ng Partido sa taon ding ito.

Matiyaga, masipag at masinop sa gawain si Ka Laura. Iniaambag niya ang kanyang ganang kaya anumang gawain at tungkulin ang ibigay sa kanya. Hindi siya naghahanap ng anumang pusisyon sa loob ng Partido at BHB. Masaya siya na maibigay ang anumang kanyang ganang kaya sa anumang tungkulin at o gawaing ibinibigay sa kanya ng

Partido ito man ay gawaing masa o gawaing militar, gawaing teknikal o gawaing pagtuturo, maging pagbabantay at pagluluto. Sa kabila ng kanyang kaliitan at mga limitasyong pisikal bunga ng nakasanayang buhay sa kalunsuran at sentrong kabayanan, pinangibabawan niya ang kahirapan sa pag-angkop sa hirap at bigat ng pamumuhay sa kanayunan at sa loob ng yunit ng BHB. Hindi niya inalintana ang mga kahirapan at sakripisyo at wala siyang takot sa kamatayan. Buong sikap niyang hinubog ang sarili upang iwaksi ang impluwensya ng pyudal at burgis na mga gawi, mapagpakumbabang nagpupuna sa sariling kamalian at tinanganan ang proletaryong prinsipyo, gawi, kaisipan at kultura.

Sa pagpanaw ni Ka Laura, naiwan niya ang kanyang kaisa-isang mahal na mahal na anak at mahal na pamilya. Ipinapaabot ng Partido at BHB sa rehiyong Timog Katagalugan ang taus-pusong pakikiramay sa kanila kaakibat ng mensaheng hindi masasayang at mabibigo ang pinagbuwisan ng buhay ni Ka Laura at ng iba pang mga martir ng rebolusyon. Patuloy na magpupunyagi ang buong rebolusyonyong kilusan kasama ang sambayanang Pilipino hanggang makamit ang tagumpay ng pambansa-demokratikong rebolusyon.

Tunay na inapo ni Gat Andres Bonifacio si Ka Laura, tunay siyang isa sa pinakamabubuting anak ng bayan at abanteng kababaihan. Nararapat siyang dakilain, nararapat siyang parangalan at nararapat siyang tularan tulad ng iba pang mga martir at bayani. Tinatawagan namin ang milyun-

milyong kabataang Pilipino, kasama ng iba pang aping uri at sektor: Sundan natin ang rebolusyonaryong landas at buhay na pinili ni Ka Laura. Dalhin natin sa tagumpay ang bagong tipong rebolusyong pambansa-demokratiko sa Pilipinas.

Ibaling ang pamimighati sa rebolusyonaryong katapangan! Mabuhay ang dakilang buhay at pakikibaka ni Ka Laura! Mabuhay ang Kabataang Makabayan! Mabuhay ang Partido Komunista ng Pilipinas! Mabuhay ang Bagong Hukbong Bayan! Mabuhay ang rebolusyong Pilipino!

Posibleng pagbubukas ng peace talks, tagumpay ng pakikibaka ng mamamayan

Nobyembre 30, 2023

Patnubay de Guia, Spokesperson NDF-Southern Tagalog

Sinusuportahan ng NDFP-ST at malawak na mamamayan sa rehiyon ang inilabas na Oslo Joint Statement ng Negotiating Panel ng NDFP at katapat nito sa GRP noong Nobyembre 23. Nagpupugay ang NDFP-ST sa kasalukuyang Negotiating Panel ng NDFP at kanilang mga katuwang na nagpursige na mabuksang muli ang peace talks. Ikinalulugod ito ng rebolusyonaryong pwersa sa Timog Katagalugan dahil nilikha nito ang kondisyon para manumbalik ang nabahurang

peace talks dahil sa pagsabotahe ng uhaw-sa-dugong rehimeng US-Duterte.

Matatandaang arbitraryong itinigil ng tiranikong rehimeng US-Duterte ang peace talks noong 2017 at idineklarang “terorista” ang CPP-NPA-NDFP. Kasunod nito ang pagbuo ng NTF-ELCAC at pagsasabatas ng Anti-Terrorism Act (ATA) sa layuning durugin ang rebolusyonaryong kilusan at supilin ang lehitimong pakikibaka ng mamamayan. Lahat nang ito’y ginawa ni Duterte sa kumpas ng imperyalismong US sa pamamagitan ng mga ahente nitong peace saboteurs na sina Delfin Lorenzana, Hermogenes Esperon at Eduardo Año. Bunsod nito, pitong taong napatigil ang peace talks at todo-todong nilabag ng GRP ang karapatang tao ng mamamayang Pilipino sa ngalan ng hibang na kontra-rebolusyonaryong gerang JCP Kapanatagan.

Nakikiisa ang NDFP-ST sa panawagan ng buong rebolusyonaryong kilusan na dapat alisin ng rehimeng US-Marcos II ang mga balakid sa peace talks—ang mga inilatag na bara at tinik ng naunang rehimeng Duterte. Isa sa dapat alisin ang deklarasyong “terorista” ang CPP-NPA-NDFP at mga consultant sa negosasyon. Itigil ang mga hungkag na panawagang “localized peace talks” upang maipwesto ang pormal na usapan ng magkabilang panig. Nararapat ding lansagin ang NTF-ELCAC na nangunguna sa walang patumanggang pang-aatake sa karapatan ng mamamayang nakikibaka, paninirang puri sa CPP-NPA-NDFP at kung gayon, lantarang hinahadlangan ang peace talks. Dapat ibasura ang

ATA kasabay ng pagbuwag sa Anti-Terrorism Council.

Gayundin, dapat palayain ang mahigit 800 detenidong pulitikal, laluna ang mga may-edad at maysakit, maging ang mga dinakip na NDFP consultant para makalahok sa prosesong pangkapayapaan. Kaugnay nito, kabilang sa nararapat palayain sina Ernesto Lorenzo, NDFP consultant ng Timog Katagalugan at Jaime “Ka Diego” Padilla, tagapagsalita ng Melito Glor Command-NPA ST. Kapwa sila may edad na at may mga karamdaman kaya’t matagal nang ipinapanawagang palayain alinsunod sa International Humanitarian Law. Dapat ding palayain ang mga biktima ng ilegal na pang-aaresto kagaya ng Palawan 6, Romblon 4, Mansalay 2, Atimonan 2, San Juan 3; mga aktibistang sina Alexandra Pacalda, Erlindo Baez, Jr., Christian Relao at iba pa. Kailangang ibasura ang mga gawa-gawang kaso na nakasampa sa kanila lalo’t karamihan sa mga biktima ay hinuli sa proseso ng kanilang pagsisiyasat at pag-iimbestiga sa mga paglabag sa karapatang tao at kalagayang pang-ekonomiya ng mga magsasaka, manggagawa at katutubo.

Positibong bagay na kinilala sa Oslo Joint Statement na malalim na nakaugat ang armadong tunggalian sa daantaon nang sosyo-ekonomiko at pampulitikang suliranin ng bayan. Napapanahon para muling talakayin ang mga adyenda sa peace talks pangunahin ang Comprehensive Agreement on Socio-economic Reforms, na puso at laman ng negosasyon. Dapat mabigyang kalutasan ang

malaon nang problema sa lupa ng mga magsasaka, atrasado at pagkabansot ng ekonomiya ng bansa at iba pang demokratikong kahilingan ng mamamayan.

Buong-buo ang suporta ng rebolusyonaryong mamamayan sa TK sa NDFP negotiating panel at naninindigan itong tanging sila lamang ang karapat-dapat na kumatawan sa kilusang rebolusyonaryo sa Pilipinas sa peace talks. Umaasa ang NDFP-ST na magiging mabunga ang mga panibagong pagsisikap para manumbalik ang peace talks. Dapat tugunan ito ng mamamayan ng ibayong pagpapalakas sa mga pakikibakang masa na nagigiit at nagtatambol ng kanilang demokratikong kahilingan. Magbalik-aral ang mga rebolusyonaryo at demokratikong pwera sa kasaysayan at halaga ng peace talks sa pambansa demokratikong pakikibaka. Ipatambol ang NDFP 12-point program at ang programa ng demokratikong gubyernong bayan na alternatibo sa kasalukuyang bulok na malakolonyal at malapyudal na sistemang panlipunan.

Bagamat paborable ang mga pangyayari para sa panunumbalik ng peace talks, dapat maging mapagbantay ang mamamayan sa anumang tusong pakana ng ilehitimong rehimeng US-Marcos II. Hindi dapat mahulog ang rebolusyonaryong kilusan sa kapitulasyon na hangad ng imperyalismong US, ng mga militarista sa hanay ng AFP, GRP at mga kasabwat nitong lokal na malalaking burgesya komprador, panginoong maylupa at burukrata kapitalista. Ang tunay, makatarungan at pangmatagalang

kapayapaan ay makakamit sa pagtatagumpay ng pambansa demokratikong rebolusyon.###

Propagate NDFP's CASER draft on the first death anniversary of Ka Ericson Acosta

Nobyembre 30, 2023

Bayani Obrero, Spokesperson NDF-Negros Island

Today, we commemorate the first death anniversary of National Democratic Front of the Philippines (NDFP) peace consultant Ka Ericson Acosta. A year ago, he and peasant leader Joseph Jimenez were summarily executed while unarmed and totally defenseless by treacherous snakes of the 94th and 47th Infantry Battalions at Sitio Makilo, Barangay Camansi, Kabankalan City, Negros Occidental.

Coincidentally, Ka Ericson was murdered on Bonifacio day. Like Gat Andres, he was murdered by mercenary lapdogs of the reactionary state who were fearful of the change he sought and fought for.

Ka Ericson was one of the NDFP peace consultants who worked on the Comprehensive Agreement on Social and Economic Reforms (CASER). The CASER is the heart and soul of the peace talks between the Government of the Republic of the Philippines (GRP) and NDFP. The

NDFP's CASER draft seeks to end the rotten semicolonial and semifeudal system dominated by big compradors and big landlords and the imperialist domination of Philippine economy, and to break land monopoly in the countryside by carrying out free land distribution to tillers.

The CASER is very significant for the Negrosanon masses who have been chained to slave-like conditions in sugarcane haciendas for more than a century. They continue to endure an oppressive and exploitative system and aspire for just and lasting peace that is based on social justice. As a seething social volcano, it is of no surprise that the current civil war in the country has deep roots in Negros Island; no wonder that Ka Ericson Acosta chose to come here and was killed violently by the fascist military.

It is an opportune moment that the Oslo Joint Statement and Communiqué was released two days ago. The first anniversary of the martyrdom of Ka Ericson Acosta is a reminder of the immense importance of addressing the roots of the armed conflict, more so amid imposition of neoliberal policies, bureaucratic corruption, subservience to US imperialism, worsening human rights violations, and heightening state terrorism on the island and the entire country under the US-Marcos II regime.

In commemoration of Ka Ericson's and Joseph Jimenez' death anniversary and Bonifacio day, as well, NDF-Negros calls on all revolutionary forces on the island to continue all efforts in gaining revolutionary strength to contribute in pushing

the GRP into tackling the objective realities of the toiling masses of workers and peasants. Armed struggle continues to be not only the hope, but the solution to the masses' woes in this moribund society.

The anti-imperialist, anti-feudal and anti-fascist mass movement must grow and expand. All revolutionary organizations must propagate the NDFP's CASER draft and launch discussion groups on agrarian reform and national industrialization as key points to addressing the roots of armed conflict. It is important that these discussions reach the homes of the workers and peasants who will benefit most from it.

At present, sustained and focused military operations are relentless in Negros' countryside. Negrosanons, inspired by Ka Ericson Acosta and all revolutionary heroes and martyrs, will continue waging the national democratic revolution through protracted people's war and march towards a society of just and lasting peace.###

Pulang saludo ug pinakataas nga pasidungog kang kaubang Motong Bago

Nobyembre 30, 2023

NPA-Bukidnon

Sa ngalan sa tibuok Partido Komunista ng Pilipinas ug sa tanang pulang manggugubat sa

New People's Army sa Bukidnon, among giila ang mabayanihong diwa ni Kaubang Motong Bago, nga mas naila sa kodang Ka Amotong.

Bente (20) anyos ang pangidaron dihang namartir si Ka Amotong didto sa usa ka engkwentro sa Barangay Kipaypayon, Quezon niadtong Nobyembre 25, 2023 tali sa pasistang tropa sa 88th ug 48th IB.

Gikan sa kaibuturan sa among kasingkasing, among gipadangat ang pahisubo sa kaliwatan ug minahal sa kinabuhi ni Ka Amotong kung asa namatyan pa usab og laing usa ka membro sa pamilya dihang giatake sa kasingkasing tungod sa kasakit sa pagkamatay ni Ka Amotong.

[motong-bago-ka-amotong] Kaubang Motong Bago, nga mas naila sa kodang Ka Amotong.

Gipanganak si Ka Amotong sa Talaingod, Davao del Norte. Bata palang siya nahigmata na sa gyera tungod nagdako siyang nanginabuhi sa lasang ang pamilya kung asa saksi sa padayong pag-asdang sa gerilyang pakiggubat sa nataran.

Isip naggikan sa minorya, nasinate niya mismo ang kabangis sa pasistang kaaway diha sa walay puas nga pagpamomba ug pagpatay sa mga sibilyan. Busa, bata palang siya nangambisyon ng mahimong Pulang manggugubat ug kanunay anaa sa kagustuhan nga front liner sa sangka tali sa kaaway.

Ubay-ubay na nga sangka ang iyang nasalmutan kung asa kanunay nakaangkon og daghang kaswalti ang kaaway. Usa usab siya sa mga

Pulang manggugubat nga nabansay sa panggubatan atol mismo sa pag atubang sa Focus Military Operations niadtong 2021-2023.

Wala siya nagpakita og pagpangatras ug pagpanalaw. Kanunay siyang naghatag og kaisog sa mga kauban atol sa sangka. Malipayon ug hilig siyang makigsandurot sa mga kauban. Ginapuna na usab siya sa mga tendensiyang burges nga gawi ug kalapasan sa pakigrelasyon. Apan, isip batan-on dasig siyang magkat-on, andam punaon sa iyang mga kahuyangan ug naningkamot sa pagtul-id.

Busa bisan sa katapusang ginhawa iyang gipamatud-ang mahimo siyang modelo ug bayani sa tibuok katawhang nangandoy ug kalingkawasan.

Itransporma ang atong kaguol ngadto sa kolektibong rebolusyonaryong kaisog aron dili makawang ang gipakamatyan ni kaubang Motong. Atong gipanumpa nga ipadayon ang iyang nahimong tampo tungod siguradong libuan pa ka mga batan-ong maggikan sa lumad, hut-ong anakpawis ug mga estudyante ang mosampa sa Bagong Hukbong Bayan. Aron iasdang ang rebolusyon hangtud sa hingpit nga kadaugan.

Mabuhi ang rebolusyonaryong diwa ni Ka Motong!

Mga bantayog nga dili matarog!

Sa ika-59 anibersaryo ng Kabataang Makabayan, palagablabin ang apoy ng digmang bayan sa puso ng mga kabataan at mamamayan!

Nobyembre 30, 2023

Victoria Madlangbayan, Spokesperson Kabataang Makabayan-Laguna

Mataas ang diwang bumabati ang balangay ng mga rebolusyonaryong kabataan sa probinsya ng Laguna sa ika-59 na anibersaryo ng ating pinakamamahal na organisasyon ng Kabataang Makabayan. Mahaba na ang liko-likong landas na tinahak ng ating dakilang organisasyon. Ang KM ang isa sa mga unang organisasyon ng mga kabataan na bumasag sa katahimikan noong 1960s laban sa mga anti-mamamayang palisiya lalo na ang mapanupil na Anti-subversion Law.

Sa pagdiriwang ng ika-59 na anibersaryo ng KM, binibigyan natin ng natatanging pagpupugay ang dakilang Kasamang Jose Maria Sison na siyang nagtatag at namuno sa KM upang pangunahan ang pagpapalaganap sa buong bansa sa pambansa demokratikong kilusang masa na anti-pyudal, anti-pasista at anti-imperyalista, na sandahatang pakikibaka bilang pangunahing porma ng pakikibaka, nasa pamumuno ng Partido Komunista at may sosyalistang perspektiba. Ang kanyang mga sinimulan at gintong baul ng mga aral ng Marxismo-Leninismo-Maoismo na kanyang ipinamana sa ilang dekada ng kilusang kabataang-estudyante ang naging tanglaw ng sektor sa

kanyang patuloy na pagsulong. Gayundin, walang kapantay na pagpupugay din ang ibinibigay natin kay Josephine “Ka Sandy” Mendoza, lider ng Partido sa Timog Katagalugan na pinanday ang husay sa kanyang pamumuno bilang KM noong kanyang kabataan. Pinagpupugayan din natin ang ating mga martir mula sa balangay ng KM Laguna, si Jeramie “Ka Ash” Garcia, at Abegail “Ka Esang” Bartolome.

Namulat ang mga pundadores ng KM na ang krisis sa malakolonyal at malapyudal na lipunan ay hindi naman naibsan, ngunit mas lalong tumindi ang ekonomikong krisis sa pagpasok ng dayuhang pautang at pananatiling atrasado ng agrikultura at kawalan ng industriya. Dahil dito, alam nila na kailangan ng ingay na manggigising sa mga mamamayan sa gitna ng krisis ng dekada na pumilay sa ekonomiya ng bansa. Sa pag-aaral ng lipunan, natutunan ng KM na kailangang magmulat, mag-organisa, at magpakilos laban sa tatlong salot ng lipunan: ang imperyalismo, pyudalimso, at burukrata-kapitalismo. Naglunsad sila ng malalaking kilos-protesta na dala ang kampanya primarya laban sa imperyalismo at iba pang isyung panlipunan.

Ang ingay ng KM sa Kamaynilaan at sa mga sentrong lungsod ay dinala sa pinakasulok-sulukan ng mga baryo at bundok. Mula sa mga abanteng elemento ng KM na nag-aral ng MLM at kasaysayan ng lumang PKP, naglunsad ng pagsisiyasat at pagsususri, at lumubog sa masang manggagawa at magsasaka ay nailuwal ang mga batang proletaryong rebolusyonaryo na naging

susi upangmuling maitayo ng PKP (MLM). Matapos nito, gumampan ng susing papel ang KM upang muling itayo ang BHB at pasimulan ang pagsusulong ng armadong pakikibaka mula sa Gitnang Luzon hanggang sa makapagpalawak sa buong bansa. Alam ng mga kabataan na masusugpo lamang ang tatlong salot sa pagkuha ng politikal na kapangyarihan mula sa mga lokal na naghaharing-uri sa pamamagitan ng demokratikong rebolusyong bayan na ang primaryang porma ay armadong pakikibaka. Ang mayabong na binunga ng pagpupursige ng KM ay dahil nasapol nila ang matalas na linya ng pagsanib ng kabataang-estudyante sa masang anakpawis.

Ang kasalukuyang kalagayan ng tumitinding pabulusok na ekonomiya ng Pilipinas ang nagpapatunay na ang sinimulan ng KM ay nararapat na ipagpatuloy. Naging unibersal na nga ang pagkalam ng tiyan ng mga maralita sa ating abang bayan. At hanggang nananatili ito, magpapatuloy ang pag-iral ng rebolusyonaryong organisasyon ng mga kabataan na nagtutulak ng pagbabagong panlipunan at pangmatagalang kapayapaan. Katulad ng malaking papel ng mga kabataan sa pag-oorganisa sa hanay ng batayang masa, ganoon pa rin ang dakilang hamon sa mga kabataan ngayon. Kinakailangan ang mga kabataang organisador na buong-panahong magmulat at mag-organisa ng mga manggagawang binabarat ang sahod at inaalis ang karapatang mag-union at ng mga magsasakang walang lupang sasakahin para makita ng masang anakpawis ang kanilang kritikal

na papel sa pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan at armadong pakikibaka.

Buo ang loob ng KM-Laguna na tahakin ang kaparehong landas na tinahak ng mga naunang rebolusyonaryong nagpanday sa mga ginintuang bungang inabot ng ating pakikibaka. Katulad ng kalagayan ng masang anakpawis, walang kinabukasan ang kabataang Lagunense sa isang mala-kolonyal at mala-pyudal na lipunan. Sila din ay magiging alipin lamang na magdurusa sa pang-aapi at pagsasamantala ng naghaharing sistema. Ngayong lumalala ang krisis ng bansa, malala rin ang krisis sa edukasyon. Maraming mga kabataan ang hindi nakatatamasa ng karapatang ito. Pinagkakakitaan ang mga kabataan, paaralan at Pamantasan sa mahal ng tuition fee at iba pang mga bayarin sa pribadong paaralan. Binabawasan naman ang budget ng mga State universities and Colleges at pampublikong paaralan. Sa loob pa nito, tinatapakan ang demokratikong karapatan ng sektor. Pinipigilang ma-organisa at mag-organisa. Ginigipit ang mga publikasyong maglathala ng mga isyung panlipunan. Ang mga konseho at organisasyon ay pinipigilang magsalita at magbigay ng kanilang opinyon. Hinaharangan ang potensyal ng mga kabataang maging progresibo at rebolusyonaryo. Ngunit hindi ito ang makapigil sa papel ng mga kabataang baguhin ang kanyang kapalaran at kasaysayan. Malikhain, matalino, at masining ang mga kabataang Lagunense ngunit wala itong kwenta kung gagamitin ang karunungan at kagalingan upang pagsilbihan ang naghaharing-uri. Ang pinakadakilang pagbubuhos ng lahat ng lakas at

husay ng mga kabataan ay kung ito ay magsisilbi sa mamamayang nilulupig ng mapagsamantalang lipunan. Ito ay sa paglilingkod sa Demokratikong Rebolusyong Bayan.

Kinakailangan ng pinakamaraming kabataan na tatahak ng primaryang porma ng DRB at magiging pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan. Katulad ng mga KM noong '60 na walang takot tumangan ng armas at naging pulang hukbo, sila ay nag-organisa ng ilan daang mga larangan mula sa wala. Ngayong mabunga na ang kanilang nasimulan, kailangan na ng magpapatuloy, ng kakalinga at magpapayabong nito. Tinitiyak natin na hindi masasayang ang lahat ng mga sakripisyo ng ating mga martir at bayani. Tunay nga na makipot at mahirap bagtasin ang daan ng rebolusyon ngunit may tiyak itong patutunguhan, siguradong magtatagumpay ang digmang bayan.

Para sa lahat ng miyembro ng KM-Laguna at mga kabataang makababasa nito, ito na ang tamang panahong gamitin ang lakas ng ating katawan at talino upang pag-aralan ang lipunan at pagsilbihan ang sambayanan. Pagpupugay sa ika-59 na anibesaryo ng Kabataang Makabayan! Mabuhay ag rebolusyong Pilipino! Ating palagablabin ang apoy ng digmang bayan sa puso ng mga kabataan at mga mamamayan!

Suportahan ang Oslo Joint Statement para muling buksan ang usapang pangkapayapaan sa pagitan ng GRP at NDFP

Nobyembre 30, 2023

Fortunato Magtanggol, Spokesperson Revolutionary Council of Trade Unions- Southern Tagalog

Ikinagagalak ng buong Revolutionary Council of Trade Unions (RCTU-NDF-ST) at ng buong masang manggagawa sa Timog Katagalugan ang Oslo Joint Statement para muling buksan ang peace talks sa pagitan ng GRP at NDFP.

Ang Oslo Joint Statement ay nilagdaan ng Negotiating Panel ng NDFP at ng GRP noong Nobyembre 23, 2023 sa Oslo, Norway. Produkto ito ng ilang buwang pag-uusap, na unang pinirmahan noong Agosto 10 ng kinatawan ng Royal Norwegian Government (RNG) bilang Third Party Facilitator sa usapang pangkapayapaan.

Taas kamao naming binabati at malugod na sinusuportahan ang buong negotiating panel ng NDFP na pinamumunuan ng kagalang-galang na si Kasamang Juliet de Lima, at mga iginagalang nitong miyembro na sina Ka Louie Jalandoni, Ka Coni Ledesma at Ka Asterio Palima sa kanilang pagharap sa rehimeng US-Marcos sa hapag ng usapang pangkapayapaan. Buumbuo ang pagtitiwala ng RCTU sa pagkatawan nila sa malawak na demokratikong interes ng mamamayang Pilipino.

Napapanahon ang pagbubukas ng usapang pangkapayapaan upang hanapan ng solusyon ang pagwawakas ng digmang sibil sa Pilipinas. Subalit dapat kilalanin na nagsisimula ang dalawang panig sa pundamental na magkasalungat na pusisyon. Hinahangad ng NDFP na lutasin ang ugat ng gerang sibil at pagkakamit ng hustisyang panlipunan para sa mayorya ng masang api't pinagsasamantalahan. Samantala, layon ng GRP ang pagsuko, paglansag at reintegrasyon sa armadong pwersa ng NPA nang di nilulutas ang mga saligang problema ng mamamayan.

Kagaya ng mga naunang usapang pangkapayapaan sa nagdaang mga rehimen, inaasahan natin ang masalimuot na landas na daraanan bago makamit ang matagalang kapayapaang nakabatay sa katarungang panglipunan na siyang inaasam at itinataguyod ng NDFP para sa sambayanang Pilipino.

Gayunpaman, positibong hakbang ang Oslo Joint Statement para bagtasin ang mahabang martsa at humantong sa pagpapatuloy ng pormal na negosasyong pangkapayapaan para sa pagkakamit ng mithiin ng mga mamamayan para sa isang makatarungan at pangmatagalang kapayapaan.

Sa gayon, malalaman natin kung sinsero ang rehimeng Marcos Jr—kung magiging kaiba siya ng mga nakaraang rehimeng ginawang patibong ang peace talks para bitagin at mahulog sa pagsuko at pasipikasyon ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka at buong rebolusyonaryong kilusan ng sambayanang Pilipino; at samakatuwid, mailalantad na hindi totoong ang layunin ng

kanilang pagpasok sa usapan ay para lutasin ang malalim na ugat ng dantaong paglaban ng mamamayan sa imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalismo.

Nakikiisa kami na wasto, makatwiran at makatarungan ang panawagan ng NDFP na ilatag ang paborableng kundisyon para hawanin ang masukal na daan pabor sa pag-uumpisa ng pormal na peace talks. Ngunit upang mas buhay na dumaloy ang negosasyon, kailangang buuin ang mutwal na tiwala ng magkabilang panig.

Sa gayon, dapat na palayain ang lahat ng NDFP peace consultant para payagan silang makilahok sa mga talakayan at negosasyon at ipawalang-bisa ang “terrorist designation” sa NDFP, kay Ka Luis Jalandoni, sa CPP at NPA, at iba pang tauhan ng NDFP. Ang mga ito ay kritikal at praktikal na mga hakbang upang magpatuloy ang negosasyon dahil kailangan ang kanilang papel sa negosasyon.

Dapat ding bawiin ang mga patakarang ipinatupad ng nagdaang mamamatay-taong rehimen ni Duterte laban sa nakikibakang sambayanang Pilipino: ilan dito ay ang pagbasura sa EO70 at MO32, pagbasura sa Anti-Terror Law at paglansag sa NTF-Elcac na walang habas na lumalabag sa mga batayan at pundamental na karapatan ng mamamayang nakikibaka para sa kanilang mga batayang karapatan.

Malaon nang naghahanap ng tunay na kalutasan at pagbabago ang mamamayang Pilipino. Ang malalim na krisis sa ekonomiya na ibayong nagpapahirap sa kabuhayan ng mamamayan gaya

ng mababang sahod ng manggagawang Pilipino, mataas na mga bilingin at serbisyo na hindi na maabot ng karaniwang mamamayan, ang patuloy na paglabag sa kanilang mga pundamental at batayang karapatan habang patuloy na nagpapasasa ang iilang nasa poder ng kapangyarian ang matabang lupa na nagsisindi sa patuloy na paglaban ng mamamayan at di masasaid na bukal ng mga boluntaryo para sa rebolusyonaryong armadong pakikibaka.

Sa mahabang panahon, ipinakita ng kasaysayan na walang ibang paraan ang mamamayang Pilipino kundi ang patuloy na paigtingin ang kanilang mga pakikibakang masa at rebolusyonaryong armadong pakikibaka para ipagtanggol ang kanilang kabuhayan, mga karapatan at pambansang kalayaan, at para ihiwalay at labanan ang papet, pasista at mapang-aping mga rehimeng na ngayon ay kinakatawan ni Marcos.

Nananawagan ang RCTU sa lahat ng manggagawa at mamamayan na suportahan ang usapang pangkapayapaan. Kasabay nito, patuloy ang panawagan sa lahat ng manggagawa na malakas na bigkisin ang pagkakaisa at paglaban para magtayo ng maraming tunay-na-union sa maraming pagawaan, magsulong ng mga pakikibaka para sa dagdag-sahod at benepisyo, ipagtanggol ang mga batayang karapatan sa pagtatayo ng union, regular na trabaho, at kaalinsabay, ilantad at labanan ang panghahalihaw na ginagawa ng mga tauhan ng

NTF-ELCAC at TF Ugnay sa mga lider unyunista sa Timog Katagalugan.#

“Kung sa pagtatanggol, buhay ay mapatid ito’y kapalaran at tunay na langit.”

Nobyembre 30, 2023

Katipunan ng mga Gurong Makabayan (Kaguma)

“Sa inyong pamimiyapis mangyayaring abutin ang kayo’y tanghalin bangkay sa gitna ng parang ng pakikidigma; nguni’t ito’y isang kapurihang inyong maipamamana sa ating Bayan, sa ating lahi, at sa ating angkan.” Andres Bonifacio circa 1897

Ang lahat ng kasapian ng Kaguma, sampu ng mga makabayan at progresibong kaguruan, ay nagbibigay ng pinakamataas na papupugay sa ika-160 na kapanganakan ng pinakadakilang rebolusyonaryong proletaryong si Ka Andres Bonifacio. Malaki ang ambag ni Bonifacio, hindi lamang sa pagpapalaya ng ating bayan laban sa mga kolonyalista, ngunit lalong higit na rin sa rebolusyunaryong kilusan sa buong daigdig.

Ang Kaguma ay walang pasubali na naniniwala na ang armadong pakikibaka na pinili ni Bonifacio, ang marahas na paghihimsiksik na kanyang isinulong sa harap ng pag-aalinlangan ng mga ilustrado, ay wasto, tumpak, makatuwiran at makatao. Sa kasalukuyan, maaaring maituring si Bonifacio bilang isang mapanganib na

“terrorista”—isang rebelde na walang pagpapahalaga sa mga demokratikong institusyon. At tulad ng mga aktibistang dinudukot at pinapatay ng mga armadong pasista ng estado, si Bonifacio ay nasawi rin sa kamay ng mga kapwa Pilipino na sumampalataya sa kaligtasang ipinangako ng imperyalistang US. Napatunayan na natin ito sa kasaysayan, sa panahon ng pagtraydor ni Emilio Aguinaldo sa 1896 na rebolusyon, na mandarambong ang imperyalistang US. Sa kasalukuyan, walang duda na magagamit ulit ang ating bayan para sa proxy war ng imperyalistang US para pagharian ang Asya Pasipiko.

Nananatiling tumpak ang armadong pakikibaka na isinulong ni Bonifacio dahil sa walang humpay na pangangayupapa ng papet na rehimeng Marcos-Duterte sa dambana ng imperyalistang Presidenteng si Biden. Binigyan tayo ng huwad na kalayaan ng mga imperyalista noong 1946, pero hawak pa rin tayo sa leeg hanggang sa kasalukuyan. Kaya sinuot ng mga tutang Pangulo ang tanikala ng Visiting Forces Agreement, Enhance Defense Agreement Cooperation, ang Mutual Defense Treaty, at pagpapahintulot ng pagbabalik ng mga base ng US sa Pilipinas. Malaking kahihyan ang pangangayupapa na ito sa alaala ni Bonifacio, sampu ng mga Katipunero na nag-alay ng kanilang mga buhay para sa ating kasarinlan. Ngayon higit kailan man ay dapat natin mabatid na ang desperasyon ng rehimeng Marcos-Duterte na igiit ang ating soberanya laban sa Tsina ay hindi magtatagumpay sa pagpapatirapa sa kapangyarihan ng

imperyalistang US at pagsampalataya sa mga huwad na pangako nito. Isasadlak lamang tayo nito sa panibagong Cold War laban sa Tsina at mga alyadong bansa nito.

Bilang mga rebolusyunaryong guro, ang Kaguma ay nananawagan sa kapwa naming mga guro na balikan ang kasaysayan ng 1896 rebolusyon at ituro sa ating mga mag-aaral ang kadakilaan ni Bonifacio. Ang edukasyon ay hindi dapat maging sagka upang pagdudahan ang kakayahan ng mga proletaryado na magkaisa at mag-aklas para pabagsakin ang isang estadong nakasandal sa mga imperyalista. Datapwa't ang edukasyon ay dapat magpaalab sa damdaming mapaghimagsik laban sa mga naghaharing uri.

Halina't gamitin ang kasayasayan at mga aral mula sa buhay ni Bonifacio, Jacinto at iba pang rebolusyunaryo, upang lumabas ng mga paaralan at makiisa sa mga manggagawa at magsasaka, upang pag-ibayuhin pa ang bagong tipong rebolusyong isinulong ni Bonifacio—ang Pambansa demokratikong rebolusyon. Imulat natin ang sambayanan laban sa mga buktot na anti-komunismong propaganda ng NTF-ELCAC at ang pagkakawing ng lahat ng paglaban sa pasistang estado bilang sa terorismo alinsunod sa Anti-Terror Law. Ilantad natin na ang rehimeng Marcos-Duterte na may basbas sa imperyalistang US ang tunay na terorista. Tulad ni Bonifacio, sumandal at manalig tayo sa masang anak-pawis, para sa katubusan ng ating bayan, at hindi sa mga imperyalistang mandarambong at mga kasabwat nilang lokal na mga burgesy.

Tulad ng mga Propagandista, hikayatin natin ang ating mga estudyante at kapwa guro na tumungo sa kanayunan upang maging mga edukador ng magsasaka at manggagawa. Hindi ang mga burgesya at peti-burgesya ang pangunahing magsusulong at magpapatuloy ng lumang rebolusyong sinimulan ni Andres Bonifacio. Ang mga makabayang guro ay magsisilbing tagapagmulat sa mga magiging lider ng armadong pakikibaka sa kanayunan mula sa hanay ng mga magsasaka, magtuturo sa mga organisador sa kalunsuran mula sa hanay ng mga proletaryado, at mga lider ng pangkulturang gawain.

Mga makabayang guro, ikinikintal sa atin ni Bonifacio na hindi terorismo ang maghimagtik. Hindi terorismo ang maghangad ng tunay na pagbabago. Hindi ang mga api ang nagpapasimuno ng karahasan. Ang bulok na sistemang mapagsamantala ang marahas at pumapatay. Kaya ngayong ika-30 ng Nobyembre, isulong natin ang kawastuhan ng armadong pakikibaka na pilit na hinihiwalay sa paggunita sa kadakilaan ni Bonifacio. Hindi magiging dakila si Bonifacio kung hindi siya gumamit ng dahas at sandata. Dakila si Bonifacio dahil niyakap nya ang karahasan bilang pinakamataas na pamamaraan sa pagkamit ng Kalayaan. Walang Andres Bonifacio kung walang tabak. Mga talipandas ang mga burukrata kapitalista at kanilang mga bayarang pantas na nagsasabing lipas na ang armadong pakikibaka! Dahil hindi maikakaila na ang rebolusyunaryong dahas ay ang pangunahing armas ng mga uring api upang ibagsak ang lipunang walang humpay sa pangdarahas sa mga

magsasaka, pang-aalipin sa mga manggagawa, pagsasamantala sa mga kababaihan at kabataan. At ang Bagong Hukbong Bayan na ginagabayan ng Partido Komunista ng Pilipinas ang mga makabagong Katipunero na nagpapatuloy sa sinimulang himagsikan ni Andres Bonifacio. Sila ang mga bagong bayani, mga mabalasik na anak ng bayan. KAYA MAGHIMAGSIK! MAKIBAKA! HUWAG MATAKOT!

Mabuhay ang rebolusyong 1896! Mabuhay si Bonifacio at uring proletaryo! Isulong ang bagong tipo ng rebolusyong 1896! Isulong ang Pambansa demokratikong rebolusyon!